

Patnubay sa Gumagamit para sa Nokia 8800d

PAHAYAG NG PAGSANG-AYON

Kami, ang NOKIA CORPORATION ay nagpapahayag na ang produktong RM-165 ay sumusunod sa mga mahahalagang kailangan at iba pang may-kaugnayang kondisyon ng Direktiba 1999/5/EC. Ang isang kopya ng Pahayag ng Pagsang-ayon ang matatagpuan sa http://www.nokia.com/phones/declaration_of_conformity/.

CE 0434

Karapatang-ari © 2006 Nokia. Nakalaan ang lahat ng mga karapatan.

Ang muling paglimbag, paglilipat, pamamahagi o pagtatabi ng bahagi o lahat ng nilalaman ng dokumentong ito sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot ng Nokia ay ipinagbabawal.

US Patent No 5818437 at iba pang mga nakabimbing patente. T9 text input software Copyright © 1997-2006. Tegic Communications, Inc. Nakareserba ang lahat ng karapatan.

Ang Nokia, Nokia Connecting People, Xpress-on, at Pop-Port ay mga tatak o rehistradong tatak ng Nokia Corporation. Ang iba pang pangalan ng produkto at kompanya na nabanggit dito ay maaaring mga tatak-pangalalakal o ngalang-pangalalakal ng mga nag-aari sa mga ito.

Ang Nokia tune ay isang tunog na tanda ng Nokia Corporation.



Kasama ang RSA BSAFE cryptographic o security protocol software mula sa RSA Security.



Ang Java ay isang trademark ng Sun Microsystems, Inc.

Ang produktong ito ay lisensiyado sa ilalim ng MPEG-4 Visual Patent Portfolio License (i) para sa personal at di-pangkomersiyong paggamit na may kaugnayan sa impormasyon na inilagay sa code na sumusunod sa MPEG-4 Visual Standard ng isang tagagamit na gumagawa ng isang personal at di-pangkomersiyong

aktibidad, at (ii) para sa paggamit na may kaugnayan sa MPEG-4 video na ipinagkaloob ng isang lisensiyadong video provider. Walang lisensiya na ipinagawad o dapat ipahiwatig para sa anumang ibang paggamit. Ang karagdagang impormasyon kabilang ang may kaugnayan sa pagpapalaganap, panloob at pangkomersiyal na paggamit ay maaaring makuha mula sa MPEG LA, LLC. Tingnan ang <http://www.mpegla.com>

Patakaran ng Nokia ang patuloy na pagpapaunlad. Nasa Nokia ang karapatang gumawa ng mga pagbabago at pagpapahusay sa alinmang produktong inilarawan sa dokumentong ito nang walang paunang paunawa.

Ang aparatong ito ay sumusunod sa Direktiba 2002/95/EC sa pagbabawal sa ilang delikadong bagay sa elektrikal at elektronikong kagamitan.

Hindi kailanman dapat managot ang Nokia sa anumang pagkawala ng data o kita o anumang espesyal, insidental, binunga o di-tuwirang mga pinsala ng anuman ang naging dahilan.

Ang mga nilalaman ng dokumentong ito ay ipinagkaloob "as is". Maliban kung iniaatas ng angkop na batas, walang anumang uri ng garantiya, ipinahayag man o ipinahiwatig, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, ipinahiwatig na garantiya ng kakayahang maibenta at kaangkupan sa isang partikular na layunin, ang ginawa na may kaugnayan sa katumpakan, pagiging maaasahan o mga nilalaman ng dokumentong ito. May karapatan ang Nokia na baguhin ang dokumentong ito o bawiin ito sa anumang oras nang walang paunang paunawa.

Kung makukuha ang mga partikular na produkto ay depende sa rehiyon. Mangyaring itanong sa Nokia dealer na pinakamalapit sa inyo.

Export Controls

Ang kagamitang ito ay maaaring magtaglay ng mga kalakal, teknolohiya o software na napapailalim sa mga batas sa pagluwas at mga regulasyon mula sa Estados Unidos at ibang mga bansa. Ang paglilihis na kontra sa batas ay ipinagbabawal.

Ang numero ng model: Nokia 8800d

Sa sumusunod na bahagi nito ay tinutukoy bilang Nokia 8800 Sirocco Edition

INTERACTIVE
DEMONSTRATIONS
(MGA MAPAG-
UGNAY NA
PAGPAPAHIWATIG)



MGA SOFTWARE



GABAY NG
GUMAGAMIT



MGA SETTING

Nokia Care Online

Ang pagsuporta ng Nokia Care sa web ay nagdudulot sa iyo ng karagdagang impormasyon ukol sa aming mga serbisyo online.

INTERACTIVE DEMONSTRATIONS (MGA MAPAG-UGNAY NA PAGPAPAHIWATIG)

Alamin kung paano itataguyod ang iyong telepono sa kauna-unahang pagkakataon, at kumuha ng dagdag-impormasyon ukol sa mga tampok nito. Ang Interactive Demonstrations ay nagbibigay sa iyo ng mga hakbang-hakbang na panuto ukol sa paggamit ng iyong telepono.

GABAY NG GUMAGAMIT

Ang online na Gabay ng Gumagamit ay naglalaman ng detalyadong impormasyon sa iyong telepono. Huwag kalimutang tiyakin ito nang regular para sa mga bago.

MGA SOFTWARE

Sulitin ang iyong telepono gamit ang software para sa iyong telepono at PC. Kinokonekta ng Nokia PC Suite ang iyong telepono at PC upang maaari mong mapamahalaan ang iyong kalendaryo, mga kontak, musika at larawan, habang nakakadagdag ang ibang mga application sa paggamit nito.

MGA SETTING

Ang ilang mga pag-andar ng telepono, tulad ng multimedia messaging, mobile browsing at email, ay maaaring mangailangan na maitakda mo muna ang mga setting bago mo magamit ang mga ito. Ipadala ang mga setting na ito papunta sa iyong telepono nang walang binabayaran.

*Hindi magagamit sa lahat ng mga telepono.

PAANO KO MAGAGAMIT ANG AKING TELEPONO?

Ang bahagi ng Set Up, sa www.nokia-asia.com/setup, ay tumutulong sa iyong maihanda ang iyong telepono upang ito ay magamit. Gamayin mo ang mga pag-andar at tampok ng telepono sa pamamagitan ng pagsangguni sa bahagi ng Guides and Demos sa www.nokia-asia.com/guides.

PAANO KO PAGSASABAYIN ANG AKING TELEPONO AT PC?

Sa pamamagitan ng pagkonekta ng iyong telepono sa isang katugmang PC gamit ang kinakailangang bersyon ng Nokia PC Suite mula sa www.nokia-asia.com/pcsuite ay nagbibigay-daan sa iyo upang maipagpasabay mo ang iyong kalendaryo at mga kontak.

SAAN AKO MAKAKAKUHA NG SOFTWARE PARA SA AKING TELEPONO?

Sulitin ang iyong telepono sa pamamagitan ng mga pag-download mula sa bahaging Software sa www.nokia-asia.com/software.

SAAN AKO MAKAKATAGPO NG MGA SAGOT SA MGA KARANIWANG KATANUNGAN?

Sumangguni sa bahaging FAQ sa www.nokia-asia.com/faq para sa mga kasagutan sa iyong mga katanungan sa iyong telepono at sa iba pang mga produkto at serbisyo ng Nokia.

PAANO KO MASUSUBAYBAYAN ANG MGA BALITANG NOKIA?

Kumuha ng online na suskrisyon sa Nokia Connections sa www.nokia-asia.com/signup, at maging isa sa mga unang makaka-alam ukol sa mga pinakabagong produkto, promo at mga darating na kaganapan.

Kung sakaling mangailangan ka pa din ng karagdagang tulong, mangyaring sumangguni sa www.nokia-asia.com/contactus.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga serbisyo sa pagkumpuni, pakibisita ang www.nokia-asia.com/repair.

Pakibisita ang www.nokia-asia.com/support para sa mga detalye.

NOKIA

Care

Mga nilalaman

Para sa iyong kaligtasan	10	3. Mga gagamitin sa pagtawag.....	28
Tungkol sa iyong aparato.....	11	Pagtawag	28
Mga serbisyo ng network	12	Mabilisang Pagdayal	28
Shared memory.....	13	Pinahusay na voice dialing	29
Mga Pagpapahusay	13	Pagsagot o di pagsagot ng isang tawag	29
Pangkalahatang impormasyon	14	Ang paghihintay ng tawag	30
Buod ng paglalarawan ng mga function	14	Mga Opsyon habang nasa isang tawag	30
Mga access code	14	4. Pagsulat ng teksto.....	32
Ang security code	14	Mga setting	32
Mga PIN code	14	Hinulaan na text input.....	32
Mga PUK code	15	Pagsusulat ng mga tambalang salita.....	33
Ang password ng paghadlang.....	15	Tradisyonal na input ng teksto	33
Configuration settings service	15	5. Pagpunta sa mga menu....	34
Pag-download ng nilalaman.....	16	Paggamit ng isang menu function	34
Nokia Care Premium Service	17	6. Pagmemensahe	35
Nokia Support at impormasyon ng pagkontak.....	17	Mga tekstong mensahe (SMS)	35
1. Pagsisimula	19	Paggawa at pagpapadala ng isang mensahe.....	36
I-install ang SIM card at baterya...	19	Pagbasa at pagsagot ng isang mensahe.....	37
Kargahan ang baterya	20	Mga mensaheng SIM	37
Ang Desk stand DT-16	20	Mga mensaheng multimedia.....	38
Buksan at isara ang telepono.....	21	Pagsulat at pagpapadala ng isang mensahe.....	38
Itakda ang oras, zone, at petsa...	22	Pagpapadala ng isang mensahe..	39
Buksan ang keypad.....	22	Pagkansela ng pagpapadala ng mensahe.....	40
Antenna	22	Pag-play at pagsagot ng isang mensahe.....	41
2. Ang Telepono mo	24	Mga mensaheng audio	41
Mga key at mga bahagi	24	Paggawa at pagpapadala ng isang mensahe.....	42
Standby mode	25		
Mga Shortcut	25		
Mga katangian ng pagtipid ng power	26		
Mga Indicator	26		
Ang flight mode	26		
Ang lock ng keypad (keyguard)	27		

Pakikinig at pagsagot sa isang mensahe.....	42	Tanggalin ang mga kontak o mga detalye.....	60
Ang punong memory.....	42	Mga Business Card	60
Mga folder	43	Mga Setting	60
Ang aplikasyon ng email	43	Mga Grupo	61
Ang Setting Wizard	44	Mabilisang pagdayal	61
Pagsulat at pagpapadala ng isang email.....	44	Info, serbisyo, at ang aking mga numero	61
Pagdownload ng email.....	45	8. Listahan ng tawag	63
Pagbasa at pagsagot sa email.....	46	Impormasyon sa pagpoposisyon	63
Mga email folder.....	46	9. Mga Setting	65
Ang Spam Filter.....	46	Mga profile.....	65
Ang Instant messaging (IM).....	47	Mga tema	65
Pagrehistro sa isang IM service ...	48	Mga Tono.....	65
Pag-access.....	48	Display.....	66
Pagkonekta	49	Mga Setting ng Standby Mode ...	66
Mga Session.....	49	Ang Screen saver	66
Pagdagdag ng mga kontak sa IM	51	Pagtipid ng charge ng baterya	67
Pagharang o pag-alis ng harang sa mga mensahe.....	51	Ang Sleep mode.....	67
Mga Grupo	52	Ang Laki ng Font	67
Mga voice message.....	52	Ang oras at petsa	67
Mga info na mensahe	53	Ang aking mga shortcut.....	67
Mga service command	53	Kaliwang selection key.....	68
Pag-alis ng mga mensahe.....	53	Ang kanang selection key.....	68
Mga setting ng mensahe.....	54	Ang navigation key	68
Pangkalahatan	54	Mga voice command	68
Ang tekstong mensahe at SMS email.....	54	Ang pagkokonekta.....	69
Mga mensaheng multimedia.....	55	Ang teknolohiya ng Bluetooth wireless	69
Email.....	56	Pagkabit ng isang Bluetooth	70
7. Mga Kontak	58	Ang koneksiyon ng Bluetooth wireless	70
Paghanap ng isang kontak.....	58	Mga setting ng Bluetooth	71
Pag-save ng mga pangalan at numero ng telepono	58	Ang packet data	71
Pag-save ng mga numero, aytem, o ng isang imahe	58	Paglipat ng data at pagpareho ...	72
Paglipat o pagkopya ng mga kontak	59	Paglipat ng mga data sa pamamagitan ng isang gamit	73
I-edit ang mga detalye ng kontak..	59	Pagpareho mula sa isang PC	73
Ang pagpapare-pareho ng lahat.....	60	Pagpareho mula sa isang server .	73
		Ang Pagtawag	74
		Ang Telepono	75

Ang Pagpapahusay	76	14. Mga aplikasyon	94
Ang Configuration	76	Mga laro	94
Ang Seguridad.....	78	Ang paglunsad ng isang laro.....	94
Ang pagbalik ng mga setting ng paktorya.....	79	Ang pag-download ng mga laro .	94
10. Ang Menu ng Operator .	80	Mga setting ng laro	94
11. Ang Gallery	81	Ang Koleksyon	94
12. Ang Media	82	Paglunsad ng isang aplikasyon....	94
Ang Kamera	82	Ibang mga opsyon sa aplikasyon	94
Pagkuha na imahe.....	82	Pag-download ng isang aplikasyon.....	95
Pagrekord ng isang video clip.....	83	15. Ang Web.....	97
Mga opsyong ng kamera	83	Pagkuha at paggamit ng mga serbisyo	97
Ang Media Player	83	Pag-set up para sa pagbrowse.....	97
Ang pagkabit para sa isang streaming service.....	83	Pagkonekta sa isang serbisyo.....	98
Ang tagapagtugtog ng musika	84	Magbasa ng mga pahina	98
Ang Pagpapatugtog ng mga music track.....	84	Magbasa gamit ang mga key ng telepono	99
Ang mga setting ng tagapagpatugtog ng musika	85	Mga opsyon habang nagbabasa..	99
Ang radyo	86	Ang diretsong pagtawag.....	100
Pagsave ng mga estasyon ng radyo	86	Mga bookmark.....	100
Ang pakikinig sa radyo.....	86	Pagtanggap ng tanda.....	100
Ang Taga-rekord	87	Ang settings ng anyo.....	100
Pag-record ng tunog	87	Ang setting ng seguridad	101
Listahan ng mga inirekord	88	Ang Cookies	101
Ang Equalizer	88	Mga script sa ligtas na koneksyon.....	101
13. Ang Organizer	89	Ang service inbox.....	102
Ang orasang may alarma.....	89	Mga setting ng serbisyong inbox	102
Pagpatay ng alarma.....	89	Ang cache memory.....	103
Ang Kalendaryo	90	Seguridad ng browser.....	103
Ang isang alarma sa note	90	Ang security module.....	103
Ang listahan ng gagawin.....	91	Mga sertipiko.....	104
Mga tala	91	Digital na pirma.....	105
Ang Calculator.....	92	16. Mga serbisyo ng SIM... 106	
Ang Countdown timer	92	17. Kakayahang ikonekta ang PC	107
Ang Stopwatch	93	Ang PC Suite	107

Ang packet data, HSCSD, at CSD .	107
Mga aplikasyon ng komunikasyon ng data	107

18. Impormasyon tungkol sa baterya 109

Pagkarga at pagdiskarga	109
Mga patnubay sa pagpapatunay ng baterya ng Nokia	110

19. Mga Tunay na Pagpapahusay 113

Power	113
Audio.....	114
Ang Nokia Wireless Stereo Headset HS-12W	114
Ang Nokia Headrest Handsfree BHF-3 (CR-39)	114

Pag-aalaga at pagpapanatili 115

Karagdagang impormasyong pangkaligtasan..... 117

Kapaligiran ng operasyon.....	117
Mga aparatong medikal	117
Mga Pacemaker.....	118
Mga Hearing aid.....	118
Mga sasakyan	118
Mga kapaligirang maaaring sumabog.....	119
Mga tawag na emergency	119
Upang gumawa ng tawag na emergency:.....	119
Impormasyon tungkol sa Sertipikasyon (SAR).....	121

Index 123

Para sa iyong kaligtasan

Basahin ang mga simpleng patnubay na ito. Ang paglabag sa mga ito ay maaaring mapanganib o labag sa batas. Basahin ang kumpletong gabay para sa gumagamit para sa karagdagang impormasyon.



BUKSAN NANG LIGTAS

Huwag bubuksan ang telepono kapag ang paggamit ng wireless na telepono ay ipinagbabawal o kapag maaaring maging sanhi ng interference o panganib.



KALIGTASAN SA DAAN ANG NAUUNA

Sundin ang lahat ng lokal na batas. Laging tiyakin na malayang mapapatakbo ng iyong mga kamay ang sasakyan habang nagmamaneho. Ang unang dapat mong isaalang-alang habang nagmamaneho ay ang kaligtasan sa daan.



INTERFERENCE

Lahat ng wireless na telepono ay maaaring magkaroon ng intereference, na makakaapekto sa paggana.



PATAYIN SA MGA OSPITAL

Sundin ang anumang pagbabawal. Patayin ang telepono kapag malapit sa medikal na kagamitan.



PATAYIN SA AIRCRAFT

Sundin ang anumang pagbabawal. Ang mga wireless na aparato ay maaaring maging sanhi ng interference sa aircraft.



PATAYIN KAPAG NAGPAPA-GASOLINA

Huwag gamitin ang telepono sa isang gasolinahan. Huwag gamitin kapag malapit sa gasolina o mga kemikal.



PATAYIN KUNG MALAPIT SA PAGPAPASABOG

Sundin ang anumang pagbabawal. Huwag gagamitin ang telepono sa lugar na may ginagawang pagpapasabog.



GAMITIN NANG MAAYOS

Gamitin lamang sa normal na posisyon na ipinaliwanag sa dokumentasyon ng produkto. Huwag gagalawin ang antenna kung hindi kinakailangan.



KUWALIPIKADONG SERBISYO

Mga kuwalipikadong tauhan lang ang maaaring magkabit o magkumpuni ng produktong ito.



MGA PAGPAPAHUSAY AT MGA BATERYA

Gamitin lamang ang mga inaprubahang pagpapahusay at baterya. Huwag ikonekta ang mga hindi katugmang produkto.



PANLABAN SA TUBIG

Ang iyong telepono ay walang panlaban sa tubig. Panatilihin tuyo ito.



MGA PAMALIT NA KOPYA

Tandaan na gumawa ng mga back-up na kopya o magtabi ng nakasulat na record ng lahat ng mahalagang impormasyon na nakatabi sa iyong telepono.



PAGKONEKTA SA IBA PANG MGA APARATO

Kapag kumokonekta sa ibang aparato, basahin ang gabay sa gumagamit nito para sa mga detalyadong tagubiling pangkaligtasan. Huwag ikonekta ang mga hindi katugmang produkto.



MGA TAWAG NA EMERGENCY

Tiyaking nakabukas ang telepono at nasa serbisyo. Pindutin ang end key kung ilang beses kailangan upang alisan ng laman ang display at bumalik sa screen ng pagsisimula. Ipasok ang emergency number, at saka pindutin ang call key. Ibigay ang iyong lokasyon. Huwag tatapusin ang tawag hanggang sabihan ka na gawin ito.

Tungkol sa iyong aparato

Ang wireless na aparato na inilalarawan sa gabay na ito ay inaprubahan upang gamitin sa mga EGSM 900, at GSM 1800 at 1900 na network. Kontakin ang iyong tagapaglaan ng serbisyo para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga network.

Ang iyong produkto ay nagpapakita ng napakahusay na disenyo at pagkakagawa, at may mga takip na stainless steel at isang salaming display na pinahusay upang magkaroon ng panlaban sa gasgas. Dahil dito, maingat na hawakan ang iyong telepono.

Kapag ginagamit ang mga katangian sa aparatong ito, sundin ang lahat ng batas at igtalang ang pagkapribado at mga lehitimong karapatan ng ibang

mga tao, kabilang na ang karapatang-ari.

Kapag ikaw ay kumukuha o gumagamit ng mga imahe o video clip, sundin lahat ng batas at igtalang ang mga lokal na kaugalian pati na rin ang pagkapribado at mga lehitimong karapatan ng iba.



Babala: Upang magamit ang mga katangian sa kagamitang ito, bukod sa alarmang orasan, ang kagamitan ay dapat buksan. Huwag bubuksan ang aparato kapag ang paggamit ng wireless na aparato ay maaaring maging sanhi ng interference o panganib.

■ Mga serbisyo ng network

Upang magamit ang telepono, dapat kang magkaroon ng serbisyo mula sa isang tagapaglaan ng wireless na serbisyo. Marami sa mga katangian sa aparatong ito ang nakadepende sa mga katangian sa wireless network upang gumana. Ang mga serbisyo ng network na ito ay maaaring hindi magamit sa lahat ng network o maaaring kailanganin mong gumawa ng ispesipikong pakikipag-ayos sa iyong tagapaglaan ng serbisyo bago mo magamit ang mga serbisyo sa network. Maaaring kailanganin ng iyong tagapaglaan ng serbisyo na bigyan ka ng mga karagdagang tagubilin para sa paggamit sa mga ito

at ipaliwanag kung ano ang mga angkop na singil. May mga network na maaaring may mga limitasyon na nakakaapekto kung paano mo magagamit ang mga serbisyo ng network. Halimbawa, may mga network na maaaring hindi sumusuporta sa lahat ng karakter at mga serbisyo na nakadepende sa wika. Maaaring hiniling ng iyong tagapaglaan ng serbisyo na huwag paganahin ang ilang katangian o hindi nakaaktibo sa iyong aparato. Kung magkaganun, ang mga ito ay hindi lilitaw sa menu ng iyong aparato. Ang iyong aparato ay maaaring natatanging na nai-configure. Ang configuration na ito ay maaaring kabilang ang mga pagbabago sa mga pangalan ng menu, kaayusan ng menu at mga icon. Kontakin ang iyong tagapaglaan ng serbisyo para sa karagdagang impormasyon.

Ang aparatong ito ay sumusuporta sa mga WAP 2.0 protocol (HTTP at SSL) na gumagana sa mga TCP/IP na protocol. May mga katangian ng aparatong ito, tulad ng mga tekstong mensahe, mensaheng multimedia, agad na mensahe, email, mobile Internet services, download ng nilalaman at aplikasyon, at pagpareho sa malayong Internet server, ay nangangailangan ng suporta ng network para sa mga teknolohiyang ito.

■ Shared memory

Ang mga sumusunod na katangian sa aparatong ito ay gumagamit ng pinaghahatiang memory: mga kontak, tekstong mensahe at instant na mensahe, email, voice tags, kalendaryo, notes ng dapat gawin, Java™ at mga laro at aplikasyong at note application. Ang paggamit ng isa o higit pa na mga katangiang ito ay maaaring makabawas sa magagamit na memory para sa mga natitirang katangian na nakikihati sa memory. Halimbawa, ang pag-save ng maraming aplikasyong Java ay maaaring gumamit ng lahat ng magagamit na memory. Ang iyong aparato ay maaaring magpakita ng mensahe na ang memory ay puno kapag tinangka mong gamitin ang katangian na nakikihati sa memory. Sa ganitong kaso, tanggalin ang ilang impormasyon o mga entry na nakatabi sa mga katangiang nakikihati sa memory bago magpatuloy. Ang ilan sa mga katangian, tulad ng mga aplikasyong Java, ay maaaring may partikular na dami ng memory na sadyang inilaan sa kanila bilang karagdagan sa memoryang ginagamit din ng ibang mga katangian.

Tandaan na ang mga file ng gallery ay nakikibahagi ng ibang memorya. Para sa ibang impormasyon, tingnan ang "[Ang Gallery](#)" p. 81.

■ Mga Pagpapahusay

Ilang praktikal na tuntunin tungkol sa mga accessory at mga pagpapahusay:

- Itago ang lahat ng accessory at pagpapahusay sa lugar na hindi maaabot ng maliliit na bata.
- Kapag dinidiskonekta mo ang kurdon ng power ng anumang accessory o pagpapahusay, mahigpit na hawakan at hilahin ang plug, hindi ang kurdon.
- Regular na tiyakin na ang mga pagpapahusay na nakakabit sa isang sasakyan ay maayos na nakakabit at gumagana.
- Ang pagkakabit ng anumang kumplikadong pagpapahusay sa sasakyan ay dapat lamang gawin ng kuwalipikadong tauhan.

Pangkalahatang impormasyon

Ang numero ng model: Nokia 8800 Sirocco Edition

■ Buod ng paglalarawan ng mga function

Ang iyong telepono ay nagkakaloob ng maraming function na magagamit sa araw-araw, tulad ng kalendaryo, orasan, orasang may alarma, radyo, tagapagpatugtog ng musika, at isang nakapaloob na kamera. Ang iyong telepono ay sumusuporta rin sa mga sumusunod na function:

- Pinahusay na data rates para sa GSM evolution (EDGE), tingnan ang "[Ang packet data](#)" p. 71.
- Extensible hypertext markup language (XHTML), tingnan ang "[Ang Web](#)" p. 97.
- Aplikasyon ng email application, tingnan ang "[Ang aplikasyon ng email](#)" p. 43.
- Java 2 Platform, Micro Edition (J2ME™), tingnan ang "[Mga aplikasyon](#)" p. 94.
- Bluetooth wireless technology, tingnan ang "[Ang teknolohiya ng Bluetooth wireless](#)" p. 69.
- Ang pagpareho ng data mula sa ibang telepono nang hindi

kailangang ipasok ang SIM card, tingnan ang "[Paglipat ng mga data sa pamamagitan ng isang gamit](#)" p. 73.

- Ang serbisyong plug and play online upang makuha ang mga configuration settings, "[Buksan at isara ang telepono](#)" p. 21, at "[Ang Configuration](#)" p. 76.

■ Mga access code

Ang security code

Ang code ng seguridad (5 hanggang 10 na numero) ay tumutulong na protektahan ang iyong telepono laban sa di-awtorisadong paggamit. Ang preset na code ay 12345. Upang baguhin ang code, at itakda ang telepono upang humiling ng code, tingnan ang "[Ang Seguridad](#)" p. 78.

Mga PIN code

Ang PIN (personal identification number) code at ang UPIN (universal personal identification number) code (4 hanggang 8 na numero) ay tumutulong na protektahan ang iyong SIM card laban sa di-awtorisadong

paggamit. Tingnan ang "[Ang Seguridad](#)" p. 78.

Ang PIN 2 code (4 hanggang 8 na numero) ay maaaring ibigay kasama ng SIM kard at kinakailangan para sa ilang function.

Ang module PIN ay kinakailangan upang ma-access ang impormasyon sa module ng seguridad. Tingnan ang "[Ang security module](#)" p. 103.

Ang pampirmang PIN ay kinakailangan para sa pirmang digital. Tingnan ang "[Digital na pirma](#)" p. 105.

Mga PUK code

Ang personal unblocking key (PUK) code at UPUK (universal personal unblocking key) code (8 numero) ay kailangan upang palitan ang isang naka-block na PIN code at UPIN code, ayon sa pagkasunod-sunod. Ang PUK2 code (8 numero)

ay kinakailangan upang baguhin ang naka-block na PIN2 code.

Ang password ng paghadlang

Ang password ng paghadlang (4 na numero) ay kinakailangan kapag gumagamit ng serbisyong call barring . Tingnan ang "[Ang Seguridad](#)" p. 78.

■ Configuration settings service

Upang magamit ang ilan sa serbisyo ng network, tulad ng mobile Internet services, MMS, o pagpareho sa pamamagitan ng malayong Internet server, kailangan ng iyong telepono ng tamang configuration settings. Maaari mong direktang matanggap ang mga setting bilang isang mensahe ng configuration. Matapos tanggapin ang mga setting kailangan mong i-save ang mga ito sa iyong telepono. Angtagapaglaan ng

serbisyo ay maaaring magbigay ng PIN na kailangan upang i-save ang mga setting. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng settings, kontakin ang iyong network operator, tagapaglaan ng serbisyo, pinakamalapit na awtorisadong tagabenta ng Nokia, o bumisita sa lugar ng suporta sa website ng Nokia, www.nokia-asia.com/support.

Kapag nakatanggap ka ng configuration message, ang **Sett. ng kumpig. natanggap** ay ipapakita.

Upang i-save ang mga setting, piliin ang **Ipakita > I-save**. Kung hiniling ng telepono ang **Ipasok setting ng PIN:**, ipasok ang PIN code para sa mga setting, at piliin ang **OK**. Upang matanggap ang PIN code, kontakin ang tagapaglaan ng serbisyo na nagbibigay ng mga setting. Kung wala pang mga setting na naka-save, ang mga setting na ito ay sini-save at itinatakda bilang mga default na setting ng

configuration. Kung hindi, hihingin ng telepono na **Isaaktibo ang mga nai-save na setting ng kumpigurasyon?**.

Upang burahin ang mga natanggap na setting, piliin ang **Labas o Ipakita > Alisin**.

Upang i-edit ang mga setting, tingnan ang **"Ang Configuration"** p. 76.

■ Pag-download ng nilalaman

Maaaring magawa mong i-download ang bagong nilalaman (halimbawa, mga tema, tono at video clips) sa telepono (serbisyo ng network). Piliin ang download function (halimbawa, sa **Gallery**). Upang i-access ang download function, tingnan ang mga kaukulang deskripsyon sa menu. Para sa pagkakaroon ng iba't-ibang serbisyo, mga presyo, at mga taripa, kontakin ang iyong tagapaglaan ng serbisyo.



Mahalaga: Gumamit lamang ng mga serbisyo na iyong pinagkakatiwalaan at nag-aalok ng sapat na seguridad at proteksiyon laban sa mapaminsalang software.

- Ang di mapantayang suporta mula sa Nokia Careline sa lokal na singil sa pagtawag. Para sa iyong lokal na numero ng telepono ng Nokia Careline at ang mga oras na ang mga ito'y bukas, mangyaring tingnan sa www.nokia-asia.com.

■ Nokia Care Premium Service

Bilang isang nagmamay-ari ng Nokia 8800 Sirocco Edition na telepono, ikaw ay nararapat para sa Nokia Care Premium Service para sa 24 na buwan mula sa petsa na iyong pagbili nito. Kabilang dito ang:

- 24-buwang warantiya para sa iyong aparatong Mobile.
- Binibigyang priyoridad na serbisyo sa mga piling lugar ng Nokia Center sa mga piling bansa.

Para sa mga detalye, mangyaring tignan ang www.nokia-asia.com.

■ Nokia Support at impormasyon ng pagkontak

Para sa pinakahuling version ng gabay na ito, mga download, mga serbisyo at karagdagang impormasyon na may kinalaman sa iyong produktong Nokia, puntahan ang www.nokia-asia.com/8800sirocco/support o ang iyong lokal na Nokia web site. Maaari ka ring mag-download ng mga libreng setting ng configuration gaya ng MMS, GPRS, email, at iba pang serbisyo para sa iyong modelo ng telepono sa www.nokia-asia.com/phonesettings.

Kung sakaling kailanganin mo pa rin ng tulong, sumangguni sa www.nokia-asia.com/contactus.

Para alamin ang pinakamalapit na lokasyon ng Nokia care center sa mga serbisyo ng pagpapanatili, maaari mong puntahan ang www.nokia-asia.com/repair.

1. Pagsisimula

■ I-install ang SIM card at baterya

Laging isara ang aparato at idiskunekta ang charger bago tanggalin ang baterya.


Itago ang lahat ng SIM kard sa lugar na hindi maaabot ng maliliit na bata. Para sa pagkakaroon at impormasyon sa paggamit sa mga serbisyo ng SIM kard, kontakin ang iyong tagapagbenta ng SIM kard. Ito ay maaaring ang tagapaglaan ng serbisyo, network operator, o ibang tagapagbenta.

Ang kagamitang ito ay para gamitin sa pamamagitan ng BP-6X na baterya.


Ang SIM card at mga contact nito ay madaling mapinsala ng mga gasgas o pagkakayupi, kaya mag-ingat kapag hinahawakan, ipinapasok, o inaalís ang card.

Upang tanggalin ang panlikod na takip ng telepono, diinan ang patagilid na release buttons (1), at padausdusin ang panlikod na takip


upang tanggalin ito mula sa telepono (2).



Tanggalin ang baterya gaya ng ipinapakita (3).




Ipasok ang SIM card (4). Tiyakin na ang SIM card ay wastong inilagay at na ang contact area sa kard ay nakaharap sa ibaba.




Ibalik ang baterya (5). Obserbahan ang mga kontak ng baterya. Laging gumamit ng mga orihinal na bateryang Nokia. Tingnan ang

"Mga patnubay sa pagpapatunay ng baterya ng Nokia" p. 110.



Padausdusin ang takip papasok sa lugar nito (6).



■ Kargahan ang baterya




Babala: Gumamit lamang ng mga baterya, charger, at pagpapahusay na inaprobahan ng Nokia upang magamit sa partikular na modelong ito. Ang paggamit ng mga anumang ibang klase ay maaaring magpawalang-bisa sa anumang pag-apruba o garantiya, at maaaring mapanganib.

Tiyakin ang numero ng modelo ng anumang charger bago gamitin sa aparatong ito. Ang aparatong ito ay sadyang ginawa upang gamitin

kung sinusuplayan ng power mula sa AC-3 charger.

Para sa pagkakaroon ng mga naaprubahang pagpapabuti, magtanong sa iyong dealer.

Ikunekta ang tingga na nasa charger sa saksakan sa ilalim ng iyong telepono.



Ikunekta ang charger sa saksakan sa dingding.

Kung ang baterya ay lubos na diskarga, maaaring tumagal ng ilang minuto bago lumitaw ang indicator ng pagkarga sa display o bago makatawag.

Ang tagal ng pagkarga ay depende sa charger at sa ginagamit na baterya. Halimbawa, ang pagkarga ng bateryang BP-6X sa pamamagitan ng AC-3 charger ay umaabot ng humigit-kumulang na 3 oras habang ang telepono ay nasa standby mode.

Ang Desk stand DT-16

Ang patungan sa mesa ay nagagamit upang i-charge ang baterya ng telepono at ang

reserbang baterya ng sabay. Ang patungan sa mesa ay maaaring masuplayan ng power mula sa AC-3 o AC-4. Ang antas ng pagkarga ng baterya ng telepono ay ipinapakita sa display ng telepono.

Ang puting hudyat na ilaw sa may ibabang bahagi ng patungang sa mesa ang nagpapakita ng kalagayan ng pag-charge ng naikabit na reserbang baterya:

- Ang ilaw ay dahan-dahang kikindap-kindap kapag ang patungang sa mesa ay walang-laman, o kapag ang telepono lamang ang ipinasok (ang baterya ng telepono ay lubos na nakargahan, o kinakargahan), o kapag pareho, ang telepono at ang reserbang baterya, ay ipinasok, at ang reserbang baterya ay lubos ng nakargahan.
- Ang ilaw ay patuloy na nakasindi habang ang reserbang baterya ay kasalukuyang kinakargahan. Kung ang reserbang baterya ay maitsa-charge kung ang telepono ay hindi ipinasok, o kung ang baterya ng telepono ay lubos na naicharge na.
- Upang buksan o patayin ang ilaw, ipindot at hawakan ang buton sa likod ng patungan sa mesa.
- Kung walang ilaw kahit na hindi mo ito pinatay sa pamamagitan ng pagpindot ng buton, maaaring hindi magkatugma ang charger sa patungan sa mesa o maaaring masyadong mainit ang reserbang baterya. Tiyakin ang pagkakatugma ng charger, at gamitin lamang ang mga katugmang charger ng Nokia. Kung ang temperatura ng reserbang baterya ay napaka-init, ito ay hindi tsina-charge. Kapag ang temperatura ng pamalit na baterya ay bumalik sa normal, ang pagkarga ay magsisimula at ang ilaw ay muling magsisindi.

■ Buksan at isara ang telepono



Babala: Huwag bubuksan ang telepono kapag ang paggamit ng wireless na telepono ay ipinagbabawal o kapag maaaring maging sanhi ng interference o panganib.

Pindutin at panatiliin nakapindot ang power key tulad ng ipinapakita.



Kung ang telepono ay humingi ng isang PIN o UPIN code, ipasok ang code (halimbawa, ipinapakita bilang ****), at piliin ang **OK**.


Kapag binuksan mo ang iyong telepono sa unang pagkakaton, at ang telepono ay nasa standby mode, p. 25, hihilingin sa iyo na kunin ang mga setting ng configuration mula sa iyong tagapaglaan ng serbisyo (service provider) (serbisyo ng network). Kumpirmahin o tanggihan ang hiling. Tingnan **Kumunekta sa taga-paglaan ng serbisyo**, p. 77, at "[Configuration settings service](#)" p. 15.

Itakda ang oras, zone, at petsa

Ipasok and lokal na oras, piliin ang time zone ng iyong lugar sa pamamagitan ng kaibahan ng oras alinsunod sa Greenwich Mean Time (GMT), at ipasok ang petsa. Tingnan ang "[Ang oras at petsa](#)" p. 67.

Buksan ang keypad

Upang buksan ang keypad, padausdusin ang telepono gaya ng ipinapakita.




Antenna

Ang iyong aparato ay may panloob na antenna.




Paalala: Katulad ng ibang radio transmitting na aparato, huwag hahawakan ang antenna nang hindi kailangan kapag ang aparato ay nakabukas. Ang pagsagi sa antenna ay nakakaapekto sa kalidad ng tawag at maaaring maging dahilan upang ang aparato ay gumana sa mas mataas na antas ng lakas kaysa sa kailangan. Ang pag-iwas na masagi sa bahaging antenna kapag ginagamit ang aparato ay nagpapataas

ng pagganap ng antenna
at sa buhay ng baterya.




2. Ang Telepono mo

■ Mga key at mga bahagi




- Power key (1)
- Mga lente ng kamera (2)
- Loudspeaker (3)
- Release buttons ng takip ng baterya (4)
- Earpiece (5)
- Kaliwang pamimilian ng key (6)
- Kanang pamimilian ng key (7)
- Key ng pagtawag (8)
- Key ng pagtatapos (9)
- Scroll key (10)
- Gitnang pamimilian na key (11)

- Keypad (12)




Paalala: Ang keymat ay maaaring na-iiba alinsunod sa magkakaibang pamilihan.

- Mikropono (13)
- Konektor ng charger (14)
- Konektor ng mga pagpapahusay (15)




- Headset HS-15, rotating clip



■ Standby mode

Kapag ang telepono ay handa nang gamitin, at wala ka pang ipinasok na karakter, ang telepono ay nasa standby mode.

- Pangalan ng network o ang logo ng operator (1)



- Lakas ng signal ng lokal na network ng cellphone (2)
- Lebel ng pagkarga ng baterya (3)
- Ang gamit ng kaliwang selection key ay **Punta** (4) o isang mading paraan para sa ibang gamit. Tingnan ang "**Kaliwang selection key**" p. 68.
- Ang gamit ng gitnang selection key (5) ay **Menu** (5)
- Ang gamit ng kanang selection key **Ngalan** (6) upang makita ang **Mga pangalan** menu o

ibang shortcut sa isang function na pinili mo. Tingnan ang "**Ang kanang selection key**" p. 68. Ang mga variant ng operator ay maaaring may pangalan na ispesipiko sa operator upang ma-access ang Web site na ispesipiko sa operator.

Mga Shortcut





- Para ma-access ang listahan ng mga idinayal na numero, pindutin ng isang beses ang call key. Mag-iskrol sa numero o pangalan na gusto mo at upang tawagan ang numero, pindutin ang call key.
- Upang buksan ang web browser, pindutin nang matagal ang 0.
- Upang tawagan ang iyong voice mailbox, pindutin ng matagal ang 1.
- Gamitin ang scroll key bilang isang shortcut. Tingnan ang "**Ang navigation key**" p. 68.
- Upang magpalit mula sa anumang profile para sa isang silent profile at pabalik sa isang pangkalahatan profile, ipindot ng matagal ang #.
- Upang palitan ang profile, buksan ang listahan ng mga

profile: saglit na pindutin ang power key, at piliin ang nais na profile mula sa listahan.






Mga katangian ng pagtipid ng power

Ang iyong telepono ay may mga katangian na nakakatipid ng lakas ng baterya sa standby mode kung hindi ginagamit ang telepono. Ang mga katangian ito ay maaaring aktibo o hindi. Tingnan ang "[Pagtipid ng charge ng baterya](#)" p. 67 at "[Ang Sleep mode](#)" p. 67.

Mga Indicator


-  Ikaw ay may mga hindi nasagot na mensahe.
-  Ang telepono ay nagtala ng isang di nasagot na tawag. Tingnan ang "[Listahan ng tawag](#)" p. 63.
-  Ang keypad ay naka-lock. Tingnan ang "[Ang lock ng keypad \(keyguard\)](#)" p. 27.
-  Ang telepono ay hindi tutunog para sa papasok na tawag o tekstong mensahe kung **Alerto ng papasok na tawag** naka-set sa **Sarado** at **Tono ng alerto ng mensahe** naka-

set sa **Sarado**. Tingnan ang "[Mga Tono](#)" p. 65.

-  Ang orasang may alarma ay naka-set sa **Bukas**. Tingnan ang "[Ang orasang may alarma](#)" p. 89.
-  Kapag ang packet data connection mode ay **Laging online** pinili at mayroong serbisyong packet data, ipapakita ang palataan. Sumangguni sa "[Ang packet data](#)" p. 71.
-  Ang koneksiyon na GPRS o EGPRS ay naikonekta.
-  Ang koneksiyon na GPRS o EGPRS ay ipinagpaliban (naghihintay).
-  Palatandaan ng koneksiyon sa Bluetooth. Tingnan ang "[Ang teknolohiya ng Bluetooth wireless](#)" p. 69.

Ang flight mode

Maari mong patayin ang lahat ng mga gamit sa radio frequency at mayroon pa rin magamit sa offline ang mga laro, kalendaryo at mga numero ng telepono. Gamitin ang flight mode sa mga kapaligirang sensitibo sa radyo—kung nakasakay sa isang eroplano o

nasa mga hospital. Kapag aktibo sa flight mode,  ito ay ipinapakita.

Piliin ang **Menu > Mga setting > Mga profile > Flight > Isaaktibo** o **I-personalise**.

Upang alisin sa flight mode, piliin sa anumang ibang profile.

Maaari kang mag-emergency call kung ikaw ay nasa flight mode. Ipindot ang emergency number, ipindot ang call key, at piliin ang **Oo** kung tinatanong **Dapat mong piliin ang ibang profile para makatawag. Lumabas sa flight profile?** Susubukan ng telepono ang magtatag ng isang emergency call.

■ Ang lock ng keypad (keyguard)

Puwede mong ilock ang keypad upang maiwasang aksidenteng mapindot ang mga key.

- Upang ilock ang keypad at ang power key, isara ang slide, at pindutin ang **I-lock**; o piliin ang **Menu** at ipindot ang * sa loob ng mga 3.5 na segundo.
- Upang buksan ang keypad, ibukas ang slide; o piliin ang **I-unlock > OK** sa loob ng 1.5 na segundo. Kung ang **Keyguard ng seguridad** ay

nakaset sa **Bukas**, ipasok ang security code kung hinihingi.

Upang sagutin ang isang tawag kapag ang keyguard ay nakabukas, pindutin ang call key. Kapag tinapos mo o tinanggihan ang tawag, ang keypad ay awtomatikong magla-lock.

Para sa **Awtomatik na keyguard at Keyguard ng seguridad**, tingnan ang "**Ang Telepono**" p. 75.

Kapag nakabukas ang keyguard, maaari pa rin ang mga tawag para sa opisyal na emergency na numero na nakaprograma sa iyong aparato.

3. Mga gagamitin sa pagtawag

■ Pagtawag

1. Ipindot ang numero ng telepono, kasama ang area code. Upang tanggalin ang maling karakter, piliin ang **I-clear**.

Para sa mga tawag sa ibayong bansa, ipindot ang * ng dalawang bese para sa prefix na pang-ibayong bansa (ang + karakter ay humahalili sa pang-ibayong bansa na access code). Pagkatapos, ipasok ang country code, ang area code na walang nauunang 0, kung kailangan, at ang numero ng telepono.

2. Upang tawagan ang numero, pindutin ang call key.
3. Upang tapusin ang tawag o kanselahin ang pagtatangkang tumawag, pindutin ang end key, o isara ang slide.

Pagtawag na gamit ang mga pangalan

Upang hanapin ang isang pangalan o numero ng telepono na nai-save mo sa **Mga contact**, tingnan ang "**Paghanap ng isang kontak**" p. 58. Pindutin ang call key upang tawagan ang numero.

Ang muling pagdayal ng huling numero

Upang magamit ang listahan ng hanggang 20 numero na huli mong tinawagan o sinubukang tawagan, pindutin ang call key nang isang beses sa standby mode. Upang tawagan ang numero, pumili ng numero o pangalan, at pindutin ang call key.

■ Mabilisang Pagdayal

Magtalaga ng numero ng telepono sa isa sa mga speed-dialing key, 2 hanggang 9. Tingnan ang "**Mabilisang pagdayal**" p. 61.

Tawagan ang numero sa alinman sa mga sumusunod na paraan:

- Pindutin ang speed-dialing key, pagkatapos ay ang call key.
- Kung ang **Bilis-dayal** ay naka-set sa **Bukas**, pindutin nang matagal ang isang speed-dialing key hanggang magsimula ang tawag. Tingnan ang **Bilis-dayal** sa "**Ang Pagtawag**" p. 74.

■ Pinahusay na voice dialing

Maaari kang tumawag sa telepono sa pamamagitan ng pagsabi ng pangalan na naka-save sa listahan ng kontak ng telepono. Ang isang voice command ang awtomatikong idinaragdag sa lahat ng nakatala sa listahan ng kontak ng telepono.

Ang mga voice command ay depende sa wika. Upang i-set ang wika, tingnan ang **Wika ng playback ng boses** sa "**Ang Telepono**" p. 75.

Kung ang isang aplikasyon ay pagpapadala o pagtanggap ng data gamit ang packet data na koneksyon sa GSM, tapusin ang aplikasyon bago mo gamitin ang voice dialing.

1. Sa standby mode, pindutin ng matagal ang kanang selection key. Isang maikling tono ang ang maririnig, at ang **Magsalita na ngayon** ay ipapakita.

Kung gumagamit ka ng isang naaakmang headset na may headset key, pindutin ng matagal ang headset key upang simulan ang voice dialing.

2. Sabihin nang malinaw ang voice command. Kung ang pagkilala sa boses ay matagumpay, isang listahan ng may katugma ang ipapakita. Ippaparinig ng telepono ang voice command ng katugma sa itaas ng listahan. Pagkatapos ng mga 1.5 na segundo, idadayal ng telepono ang numero. Kung ang resulta ay hindi tama, piliin ang ibang tala mula sa listahan.



Paalala: Ang paggamit ng voice tags ay maaaring mahirap sa isang maingay na kapaligiran o sa isang emergency, kaya hindi ka dapat umasa lamang sa voice dialing sa lahat ng pagkakataon.

Ang paggamit ng mga voice command upang isagawa ang isang function ng telepono ay katulad sa voice dialing. Tingnan ang "**Mga voice command**" p. 68.

■ Pagsagot o di pagsagot ng isang tawag

Upang sagutin ang papasok na tawag, pindutin ang call key, o buksan ang slide. Upang tapusin ang tawag, pindutin ang end key, at isara ang slide.

Upang tanggihan ang papasok na tawag kapag ang slide ay bukas, pindutin ang end key.

Para i-mute ang tono ng ring, piliin ang **Pthmik..** At saka sagutin o tanggihan ang tawag.



Tip: Kapag ang **Ilipat kung busy** na function ay isinaaktibo upang ilipat ang mga tawag (halimbawa, sa iyong bores mailbox) ang pagtanggihan sa papasok na tawag ay maglilipat din sa tawag. Tingnan ang "**Ang Pagtawag**" p. 74.

Kung may katugmang headset na may headset key ay konektado sa telepono, pindutin ang headset key upang sagutin at tapusin ang tawag.

Ang paghihintay ng tawag

Upang sagutin ang naghihintay na tawag habang may kasalukuyang tawag, pindutin ang call key. Ang unang tawag ay pinapaghintay. Upang tapusin ang kasalukuyang tawag, pindutin ang end key.

Upang isaaktibo ang **Hintay tawag** function, tingnan ang "**Ang Pagtawag**" p. 74.

Mga Opsyon habang nasa isang tawag

Marami sa mga opsyon na iyong magagamit mo habang may tawag ay mga serbisyo sa network.

Upang malaman kung ano ang mayroon nito, kontakin ang iyong operator sa network o tagapaglaan ng serbisyo.

Upang lakasan o pahinaan ang volume habang nasa isang tawag, pindutin ang scroll key ng pakanan o pakaliwa.

Piliin ang **Opsyon** at mula sa mga sumusunod:

I-mute o I-unmute, Mga contact, Menu, Rekord, I-lock keypad, Lawdspeaker o Handset, at ang mga serbisyo ng network **Paghintayin o Ituloy, Sagutin at Tanggihan, Bagong tawag, Ipadala DTMF** (upang magpadala ng mga tunog), **Pagpalitin** (upang i-switch sa pagitan ng kasalukuyang tawag at ng naghihintay na tawag), **Ilipat** (upang ikonekta ang isang naghihintay na tawag sa kasalukuyang tawag at alisin ang iyong sarili), **Kumperensya** (upang mag-umpisa ng usapan ng hanggang limang tao), **Idagdag sa kmpren., Pribadong tawag** (upang magkaroon ng pribadong



usapan), **Tapusin tawag, Tapusin lahat.**



Babala: Huwag hahawakan ang aparato na malapit sa iyong tainga kapag ginagamit ang loudspeaker, dahil ang volume ay maaaring sobra ang lakas.

4. Pagsulat ng teksto

Upang ipasok ang isang teksto (halimbawa, kapag nagsusulat ng mga mensahe) gamit ang tradisyonal na input o hinulaang teksto. Kapag gumagamit ng tradisyonal na input ng teksto, pindutin ang isang numero key, 1 hanggang 9, nang paulit-ulit hanggang lumitaw ang nais na karakter. Sa paggamit ng predictive na input ng teksto maaari kang magpasok ng letra sa isang pindot ng key.

Kapag gumawa ka ng teksto, ang  ay lilitaw sa itaas sa kaliwang bahagi ng display, ipinabatid na ang predictive text input, at ang  ay lilitaw, nagpapatid ng tradisyonal na text input. **Abc**, **abc**, o **ABC** ay lumilitaw katabi ng palatandaan ng input ng teksto, ipinapabatid ang case ng karakter. Upang palitan ang character case, pindutin ang #. **123** ipinapabatid ang number mode. Upang palitang ang mode ng letra sa mode ng numero, pindutin ng matagal ang #, at piliin ang **Mode ng numero**.

■ Mga setting

Upang i-set ang ang wikang panulat sa isang ibang wika maliban sa napili sa **Wikang panalita**, piliin ang **Opsyon > Panulat na wika**. Ang hinulaang text input ay magagawa lamang sa mga wikang nasa listahan.

Upang i-set ang opsyon ng hinulaang text input, piliin ang **Opsyon > Prediction ay bukas**, upang i-set ang opsyon ng tradisyonal na text input **Opsyon > Prediction sarado**.

■ Hinulaan na text input

Ang hinulaang text input ay nagpapabilis sa iyong paggawa ng teksto na ginagamit ang keypad ng telepono at isang nakapaloob na diksiyunaryo.

1. Umpisahan ang pagbaybay ng salita sa pamamagitan ng mga keys, 2 hanggang 9. Pindutin lang ng isang beses ang bawat key para sa isang letra. Nagbabago ang salita pagkatapos ng bawat pagpindot sa key.

2. Kapag natapos mong nabaybay ang tamang salita, magdagdag ng patlang upang kumpirmahin ito sa pamamagitan ng pagpindot ng **O**. karakter na magagamit sa ilalim ng numero key ay nakasaad sa key. Ang mga karakter na magagamit ay depende sa wikang panulat. Tingnan ang "**Mga setting**" p. 32.

Kung hindi tama ang salita, pindutin ang * ng paulit-ulit, o piliin ang **Opsyon > Mga katugma**. Kapag ang salitang gusto mo ay lumitaw na, piliin ang **Gamitin**.

Kung ang ? character ay ipinakita pagkatapos ng salita, ang salitang balak mong isulat ay wala sa diksyonaryo. Upang idagdag ang salita sa diksyonaryo, piliin ang **I-spell**. Ipasok ang salita (tradisyonal na input ng teksto ang ginamit), at piliin ang **I-save**.

Kung ang kasunod na letrang nais mo ay nasa kasalukuyang key, maghintay hanggang ang cursor ay lumitaw, o pindutin ang alinman sa mga scroll key, at ipasok ang letra.

Ang pinakakaraniwang panandang bantas at mga natatanging mga karakter ay nasa number key na 1.

Pagsusulat ng mga tambalang salita

Ipasok ang unang bahagi ng salita. Kumpirmahin sa pamamagitan ng kanang scroll key. Isulat ang huling bahagi ng salita at kumpirmahin ang salita.

■ Tradisyonal na input ng teksto

Pindutin ang isang key ng numero, 1 hanggang 9, ng paulit-ulit hanggang lumitaw ang nais na karakter. Hindi lahat ng mga

5. Pagpunta sa mga menu

Ang telepono ay naglalaan sa iyo ng maraming iba't ibang function, na pinagtipon sa mga menu.

■ Paggamit ng isang menu function

1. Upang magamit ang menu, piliin ang **Menu**.

Upang baguhin ang menu view, piliin ang **Opsyon > Unang menu view > Lista o Grid**.

Upang ayusin ang menu, mag-scroll sa menu na nais mong ilipat, at piliin ang **Opsyon > Isaayos > Ilipat**. I-scroll kung saan mo nais ilipat, at piliin ang **OK**. Upang i-save ang pagbabago, piliin ang **Tapos > Oo**.

2. Mag-scroll sa menu, at piliin, halimbawa ang **Mga setting**.
3. Kung ang menu ay naglalaman ng mga submenu, piliin ang nais mo, halimbawa **Tawag**.
4. Kung ang napiling menu ay nagtataglay ng iba pang submenu, piliin ang isang gusto mo halimbawa, **Anumang key sa pagsagot**.
5. Piliin ang setting na nais mo.

6. Upang bumalik sa nakaraang antas ng menu, piliin ang **Balik**. Upang lumabas sa menu, piliin ang **Labas**.

Ang mga menu, submenu, at mga setting option ay may numero.

Upang magamit ang mga ito, magagamit ang mga shortcut number.

Upang magamit ang menu, piliin ang **Menu**. Mabilis na ipasok, sa loob ng 2 segundo, ang shortcut number ng menu function na nais mong magamit. Upang magamit ang mga menu function sa menu level 1, ipasok ang 0 at ang 1.

6. Pagmemensahe



Ang mga serbisyo ng mensahe ay magagamit lamang kung ang mga ito ay suportado ng iyong network o ng iyong tagapaglaan ng serbisyo.



Paalala: Kapag nagpapadala ng mga mensahe, ang iyong aparato ay maaaring magpakita ng mga salitang **lpinapadala ang mensahe**. Ipinapabatid nito na ang mensahe ay naipadala na ng iyong aparato sa numero ng message center na naka-programa sa iyong aparato. Hindi ito nangangahulugan na ang mensahe ay natanggap na sa sadyang destinasyon. Para sa mga karagdagang detalye tungkol sa mga serbisyo ng pagmemensahe, makipag-ugnayan sa iyong tagapaglaan ng serbisyo.



Mahalaga: Mag-ingat sa pagbukas ng mga mensahe. Ang mga mensahe ay maaaring

magtaglay ng mga nakakasamang software o kaya nama'y makakapinsala sa iyong aparato o PC.

Tanging ang mga kagamitan na nagtataglay ng mga katugmang katangian ang maaaring makatanggap at magpakita ng mga mensahe. Ang anyo ng isang mensahe ay maaaring mag-iba depende sa tumatanggap na aparato.

■ Mga tekstong mensahe (SMS)

Gamit ang short message service (SMS) maaari kang magpadala at tumanggap ng mga multipart na mensahe (serbisyo ng network) na maaaring magtataglay ng mga larawan.

Bago ka makapagpadala ng anumang teksto, larawan, o mensaheng email, kailangan mong i-save ang iyong message center number. Tingnan ang "[Mga setting ng mensahe](#)" p. 54.

Upang ma-tsek ang pagkakaroon ng serbisyong SMS email at upang

magpalista sa serbisyo, kontakin ang iyong tagapaglaan ng serbisyo. Upang i-save ang email address sa **Mga contact**, tingnan ang "Pag-save ng mga numero, aytem, o ng isang imahe" p. 58.

Ang iyong aparato ay nagagamit sa pagpapadala ng mga text na mensahe na higit sa limitasyon ng karakter para sa isang mensahe. Ang mas mahahabang mensahe ay ipapadala bilang isang serye ng dalawa o higit pang mensahe. Ang iyong tagapaglaan ng serbisyo ay maaaring gumawa ng naaangkop na singil. Ang mga karakter na gumagamit ng mga diin (accent) at iba pang mga tuldik, at mga karakter mula sa ilang opsyon ng wika tulad ng Intsik, ay mangangailangan ng mas maraming espasyo na naglilimita sa bilang ng mga karakter na maipapadala sa isang mensahe.

Ang isang palatandaan sa itaas ng display ay nagpapakita ng kabuuang bilang ng mga karakter sa kaliwa at ang bilang ng mga mensaheng kailangan sa pagpapadala. Halimbawa, 673/2 ay nangangahulugan na may mga 673 na karakter ang naiwan at ang mensahe ay maipapadala sa bilang isang serye ng dalawang mensahe.


Paggawa at pagpapadala ng isang mensahe

1. Piliin ang **Menu** > **Pagmemensahe** > **Gumawa ng mensahe** > **Mensaheng teksto**.
2. Ipasok ang numero ng telepono ng tatanggap sa **Kay**: na lugar. Upang magamit ang isang numero ng telepono mula sa **Mga contact**, piliin ang **Idagdag** > **Contact**. Upang ipadala ang mensahe sa maraming tao, idagdag ng isa-isa ang mga nais na nga kontak Mag-scroll sa kanan upang idagdag ang mga bagong kontak sa **Kay**: na field. Upang magpadala ng mensahe sa mga tao sa isang grupo, piliin ang **Grupo ng contact** at ang nais na grupo. Upang muling magamit ang mga kontak na kapapadalan lang ng mga mensahe, piliin ang **Idagdag** > **Kailan lang ginamit**. Upang muling makuha ang mga kontak mula sa Call log, piliin ang **Idagdag** > **Buksan ang Log**.
Upang ipadala ang isang tekstong mensahe sa isang email na adress, ipasok ang email adres sa **Kay**: na field.

- Mag-scroll pababa at ilagay ang iyong mensahe sa **Mensahe**: na field. Tingnan ang **"Pagsulat ng teksto"** p. 32. Upang magpasok ng isang template sa mensahe, piliin ang **Opsyon > Gamitin template**.
- Upang ipadala ang mensahe, piliin ang **Ipadala**; o pindutin ang call key. Tingnan ang **"Pagpapadala ng isang mensahe"** p. 39.

Pagbasa at pagsagot ng isang mensahe

1 mensahe ang natanggap, o ng bilang ng mga bagong mensahe na may **__ mensahe ang natanggap** ay ipinapakita kapag nakatanggap ka ng isang mensahe.

- Upang mabasa ang bagong mensahe, piliin ang **Ipakita**. Para makita ito sa susunod, piliin ang **Labas**.
 ay ipinapakita kung mayroon kang hindi pa nabubuksang mga mensahe sa **Inbox**. Upang mabasa ang isang hindi pa nabubuksang mensahe sa inbox, piliin ang **Menu > Pagmemensahe > Inbox**. Kung higit sa isang mensahe ang natanggap, piliin

ang mensaheng nais mong basahin.

- Upang makita ang listahan ng mapagpipiliang opsyon habang nagbabasa ng isang mensahe, piliin **Opsyon**.
- Upang sagutin ang isang mensahe, piliin ang **Sagutin > Mensaheng teks., Multimedia, o Mensaheng audio**.

Mag-scroll pababa at ilagay ang iyong mensahe sa

Mensahe: na field. Tingnan ang **"Pagsulat ng teksto"** p. 32.

Kung nais mong palitan ang uri ng mensahe para sa iyong sagot na mensahe, piliin ang **Opsyon > Baguhin uri ng msg.**

- Upang ipadala ang mensahe, piliin ang **Ipadala**; o pindutin ang call key.

■ Mga mensaheng SIM

Ang mga mensaheng SIM ay mga text message na nai-save sa iyong SIM kard. Maaari mong kopyahin o ilipat ang mga mensaheng sa memory ng iyong telepono ngunit hindi ang kabaligtaran nito.

Upang basahin ang mga SIM message, piliin ang **Menu >**

Pagmemensahe > Opsyon > Mensahe sa SIM.

■ Mga mensaheng multimedia



Paalala: Tanging ang mga kagamitan na nagtataglay ng mga katugmang katangian ang puwedeng tumanggap at magpakita ng mga mensaheng multimedia. Ang anyo ng isang mensahe ay maaaring mag-iba depende sa tumatanggap na aparato.

Upang malaman ang pagkakaroon at upang makagamit ng mga serbisyo ng multimedia messaging ng network, kontakin ang iyong tagapaglaan ng serbisyo. Tingnan ang "[Mga mensaheng multimedia](#)" p. 55.

Ang mensaheng multimedia ay maaaring magtaglay ng teksto, tunog, mga larawan, mga video clip, isang business card, at tala sa kalendaryo. Kung ang mensahe ay napakalaki, maaaring hindi ito matanggap ng telepono. May mga network na nagpapahintulot ng mga tekstong mensahe na may kasamang Internet address kung

saan maaari mong makita ang mensaheng multimedia.

Hindi ka puwedeng tumanggap ng mga mensaheng multimedia habang nasa isang tawag, o sa isang aktibong pagbabasa sa GSM data. Dahil ang paghahatid ng mga mensaheng multimedia ay maaaring hindi magawa dahil sa iba't-ibang dahilan, huwag lamang umasa sa mga ito para sa mahahalagang komunikasyon.

Pagsulat at pagpapadala ng isang mensahe

Maaaring limitahan ng wireless network ang laki ng mga mensaheng MMS. Kung ang isiningit na larawan ay lumampas sa limitasyong ito, maaaring gawin itong mas maliit ng aparato upang maipadala sa MMS.

1. Piliin ang **Menu > Pagmemensahe > Gumawa ng mensahe > Multimedia**.
2. Ipasok ang iyong mensahe.

Ang iyong telepono ay magagamit sa mga mensaheng multimedia na naglalaman ng maraming pahina (mga slide). Ang isang mensahe ay maaaring magtaglay ng ilang mga slide. Ang bawat slide ay maaaring magtaglay ng teksto, isang imahe, isang sound clip,

isang tala sa kalendaryo, isang business card at isang video clip. Ang isang mensahe ay maaaring magtaglay lamang ng isang tala sa kalendaryo at isang business card. Upang isingit ang isang slide sa mensahe, piliin ang **Ipasok > Slide**; o piliin ang **Opsyon > Ipasok > Slide**.

Upang piliin ang isang file sa mensahe piliin ang **Ipasok o Opsyon > Ipasok**.

Maaari kang kumuha ng mga imahe at mga video clip mula sa **Gallery**, o direktang kunin sila mula sa viewfinder, piliin ang **Opsyon > Ipasok > Imahe > Bagong imahe** o **Opsyon > Ipasok > Video clip > Bagong vid. clip**.

3. Upang basahin ang mensahe bago ito ipadala, piliin ang **Opsyon > Tingnan muna**.
4. Upang ipadala ang mensahe, piliin ang **Opsyon > Ipadala**; o pindutin ang call key. Tingnan ang "**Pagpapadala ng isang mensahe**" p. 39.
5. Ipasok ang numero ng telepono ng tatanggap sa **Kay**: na lugar. Upang magamit ang isang numero ng telepono mula sa

Mga contact, piliin ang **Idagdag > Contact**. Upang ipadala ang mensahe sa maraming tao, idagdag ng isa-isa ang mga nais na mga kontak. Upang magpadala ng mensahe sa mga tao sa isang grupo, piliin ang **Grupo ng contact** at ang nais na grupo. Upang muling magamit ang mga kontak na kapapadalan lang ng mga mensahe, piliin ang **Idagdag > Kailan lang ginamit**. Upang muling makuha ang mga kontak mula sa call log. Piliin ang **Idagdag > Buksan ang Log**.


Upang ipadala ang isang multimedia na mensahe sa isang email na adress, ipasok ang email adress sa **Kay**: na field.

Pagpapadala ng isang mensahe

Ang mga proteksyon sa karapatang-ari ay maaaring pumigil sa mga ilang imahe, musika (kasama ang mga tono ng ring), at iba pang nilalaman na makopya, mabago, mailipat o maipasa.

Upang ipadala ang mensahe kapag natapos ka ng sumulat ng iyong mensahe, piliin ang **Ipadala**, o ipindot ang call key. Tinitipon ng telepono ang mensahe sa **Outbox** folder, at ang pagpapadala ay mag-uumpisa. Kung iyong pipiliin ang **I-save ang mga nai-padalang mensahe > Oo**, ang ipinadalang mensahe ay nai-save sa **Napadalang bagay** na folder. Tingnan ang "**Pangkalahatan**" p. 54.



Paalala: Kapag ang telepono ay nagpapadala ng mensahe, ang gumagalaw na  ay ipapakita. Ipinapatid nito na ang mensahe ay naipadala na ng iyong aparato sa numero ng message center na naka-programa sa iyong aparato. Hindi ito nangangahulugan na ang mensahe ay natanggap na sa sadyang destinasyon. Para sa mga karagdagang detalye tungkol sa mga serbisyo ng pagmemensahe, makipag-ugnayan sa iyong tagapaglaan ng serbisyo.

Ang pagpapadala ng mensaheng multimedia ay gumugugol ng mas maraming oras kaysa pagpapadala

ng isang tekstong mensahe. Habang ipinadadala ang mensaheng, maaari mong gamitin ang ibang mga function sa telepono. Kung mayroong paggambala habang ang mensahe ay ipinadadala, ang telepono ay ilang beses na magtatangkang muling ipadala ang mensahe. Kung nabigo ang mga pagtatangkang ito, ang mensahe ay mananatili sa **Outbox** na folder. Maaari mong tangkaing muli itong ipadala mamaya.

Pagkansela ng pagpapadala ng mensahe

Kapag isa-save ng telepono ang isang mensahe sa **Outbox** na folder, **Ipinapadala ang mensahe** o **Ipinapadala ang mga msg.** ay ipapakita. Upang kanselahin ang pagpapadala ng tekstong mensahe, piliin ang **Ikansela**.

Upang kanselahin ang pagpapadala ng mga multimedia na mensahe sa **Outbox** na folder, mag-scroll sa nais na mensahe, at piliin ang **Opsyon > Kansela. pagpadala.**

Pag-play at pagsagot ng isang mensahe



Mahalaga: Mag-ingat sa pagbukas ng mga mensahe. Ang mga bagay sa mensaheng multimedia ay maaaring magtaglay ng mga delikadong software o makakapinsala sa iyong aparato o PC.

Mensaheng multimedia natanggap o ang bilang ng mga bagong mensahe na may **— mensahe ang natanggap** ay ipapakita kung tumanggap ka ng isang bagong multimedia na mensahe.

1. Upang basahin ang mensahe, piliin ang **Ipakita**. Upang makita ito sa susunod, piliin ang **Labas**.



ay ipinapakita kung mayroon kang hindi pa nabubuksang mga mensahe sa **Inbox**. Upang mabasa ang hindi pa nabubuksang mensahe sa inbox, piliin ang **Menu** > **Pagmemensahe** > **Inbox**. Mag-scroll sa mensaheng nais mong makita, at piliin ito.

2. Upang makita ang buong mensahe kung ang natanggap na mensahe ay naglalaman ng presentasyon, piliin ang **I-play**.

Upang makita ang mga file sa presentasyon o mga nakalakip, piliin ang **Opsyon** > **Mga bagay** o **Mga attachment**.

3. Upang sumagot sa mensahe, piliin ang **Opsyon** > **Sagutin** > **Mensaheng teks.**, **Multimedia**, o **Mensaheng audio**. Isulat ang sagot sa mensahe.

Kung nais mong palitan ang uri ng mensahe para sa iyong sagot na mensahe, piliin ang **Opsyon** > **Baguhin uri ng msg.** Ang bagong uri ng mensahe ay maaaring hindi magamit sa lahat ng nilalaman na iyong idinagdag.

4. Upang ipadala ang mensahe, piliin ang **Ipadala**; o pindutin ang call key. Tingnan ang **"Pagpapadala ng isang mensahe"** p. 39.

Mga mensaheng audio

Sa menu na ito, gamitin ang serbisyo ng mensaheng multimedia para gumawa at magpadala ng voice message sa madaling paraan. Dapat na isaaktibo ang serbisyong multimedia messaging bago mo magamit ang mga mensaheng audio.

Paggawa at pagpapadala ng isang mensahe


1. Piliin ang **Menu** > **Pagmemensahe** > **Mensahe gumawa** > **Mensaheng audio**. Ang recorder ay bubukas. Upang gamitin ang recorder, tingnan ang "**Ang Taga-rekord**" p. 87.
2. Upang tingnan ang mga mapagpipiliang opsyon, piliin ang **Opsyon**.
3. Ipasok ang numero ng telepono ng tatanggap sa **Kay**: na lugar. Upang magamit ang isang numero ng telepono mula sa **Mga contact**, piliin ang **Idagdag** > **Contact**. Upang ipadala ang mensahe sa maraming tao, idagdag ng isa-isa ang mga nais na mga kontak. Upang magpadala ng mensahe sa mga tao sa isang grupo, piliin ang **Grupo ng contact** at ang nais na grupo. Upang muling makuha ang mga kontak na kapapadalan lang ng mga mensahe, piliin ang **Idagdag** > **Kailan lang ginamit**. Upang muling makuha ang mga kontak mula sa call log, piliin ang **Idagdag** > **Buksan ang Log**. Upang magpadala ng isang mensaheng multimedia sa

isang email address, ipasok ang email address sa **Kay**: na field.

4. Upang ipadala ang mensahe, ipadala ang **Ipadala**.

Pakikingig at pagsagot sa isang mensahe

Kapag ang iyong telepono ay tumanggap ng mensaheng audio, ang **1 mensa-heng audio natanggap** ay ipapakita. Upang buksan ang mensahe, piliin ang **I-play**; o kung higit sa isang mensahe ang natanggap, piliin ang **Ipakita** > **I-play**. Upang saka na pakinggan ang mensahe, piliin ang **Labas**.

 ay ipinapakita kung mayroon kang hindi pa nabubuksang mga mensaheng audio sa **Inbox**. Upang mabasa ang hindi pa nabubuksang mensahe sa inbox, piliin ang **Menu** > **Pagmemensahe** > **Inbox**.

■ Ang punong memory

Kapag ikaw ay nakakatanggap ng isang mensahe, at ang memory para sa mga mensahe ay puno, ang **Memorya puno. Di makatanggap ng mensahe**. ay lilitaw. Upang burahin muna ang mga lumang mensahe, piliin ang **OK** > **Oo** at ang folder. I-scroll sa nais na mensahe, at piliin ang **Tanggal**.

Kung ang isa o higit pang mensahe ay namarkahan, piliin ang **Mrkhan**. Markahan ang lahat ng mga mensaheng nais mong burahin, at piliin ang **Opsyon > Tanggalin, markado**.

Upang linisan ang memory ng telepono, burahin ang mga litrato, ringing tone, o ibang data sa memory ng telepono.

■ Mga folder

Tinitipon ng telepono ang mga natanggap na mensahe sa **Inbox** na folder.

Ang mga mensahe na hindi pa naipadadala ay maisi-save sa **Outbox** na folder.

Upang i-set ang telepono na mag-save ng mga mensahe sa **Mga napada-lang bagay** na folder, tingnan ang **I-save ang mga nai-padalang mensahe** sa "**Pangkalahatan**" p. 54.

Upang mag-edit at magpadala ng mga mensaheng naisulat at nai-save mo sa **Mga draft** na folder, piliin ang **Menu > Pagmemensahe > Mga draft**.

Maaari mong ilipat ang iyong mga mensahe sa **Mga nai-save na bagay** na folder. Upang ayusin ang iyong mga **Mga nai-save na bagay** na subfolders, piliin ang

Menu > Pagmemensahe > Mga nai-save na bagay > Mga nai-save na mensahe o ang isang folder na iyong idinagdag. Upang magdagdag ng isang bagong folder para sa iyong mga mensahe, piliin ang **Opsyon > Folder idagdag**. Upang tanggalin o baguhin ang pangalan ng folder, mag-scroll sa nais na folder, at piliin ang **Opsyon > Folder tanggalin** o **I-rename folder**.

Ang iyong telepono ay may mga template. Upang lumikha ng isang bagong template, i-save o kopyahin ang isang mensahe bilang isang template. Upang makita ang listahan ng template, piliin ang **Menu > Pagmemensahe > Mga nai-save na bagay > Mga template**.

■ Ang aplikasyon ng email

Ang aplikasyon ng email ay gumagamit ng koneksiyon na packet data (serbisyo ng network) upang ikaw ay makagamit ng email account. Ang aplikasyon ng email ay iba sa SMS email function. Upang gamitin ang email function ng iyong telepono, kailangan ng isang katugmang sistema ng email.

Maaari kang magsulat, magpadala, at magbasa ng email sa pamamagitan ng iyong telepono. Maaari ka ring mag-save at magtanggag ng mga email sa isang katugmang PC. Ang iyong telepono ay gumagamit ng POP3 at IMAP4 na email servers.

Bago ka makapagpadala at makakuha ng anumang mga mensaheng email, dapat mong gawin ang mga sumusunod:

- Kumuha ng isang bagong email account o gamitin ang iyong kasalukuyang account. Upang malaman kung magagamit ang iyong email account, kontakin ang iyong email service provider.
- Tiyakin ang iyong mga email settings sa operator ng iyong network o email service provider. Maaari mong matanggap ang mga email configuration settings bilang isang configuration message. Tingnan ang "[Configuration settings service](#)" p. 15. Maaari mo ring ipasok ang mga settings. Tingnan ang "[Ang Configuration](#)" p. 76.

Upang isaaktibo ang mga email setting, piliin ang **Menu** > **Pagmemensahe** > **Mga setting ng mensahe** >

Mensaheng e-mail. Tingnan ang "[Email](#)" p. 56.

Ang aplikasyong ito ay hindi gumagamit ng mga tono ng keypad.

Ang Setting Wizard

Awtomatikong mag-uumpisa ang setting wizard kung walang email setting na naitakda sa telepono, Upang ipasok mismo ang mga setting, piliin ang **Menu** > **Pagmemensahe** > **E-mail** > **Opsyon** > **I-manage mga acct.** > **Opsyon** > **Bago**.

Sa pamamagitan ng **I-manage mga acct.** na opsyon, ikaw ay maaaring magdagdag, magbura, at magpalit ng mga email na settings. Siguraduhin na naisaad mo ang tamang preferred access point para sa iyong operator. Tingnan ang "[Ang Configuration](#)" p. 76. Nangangailangan ang email na aplikasyon ng isang internet na access point na walang proxy. Ang mga WAP access point ay karaniwang may kasamang isang proxy at hindi gumagana sa aplikasyon na email.

Pagsulat at pagpapadala ng isang email

Puwede kang magsulat ng iyong email message bago kumunekta sa

email service; o kumunekta muna sa serbisyo, pagkatapos ay isulat at ipadala ang iyong email.

1. Piliin ang **Menu** > **Pagmemensahe** > **E-mail** > **Sulat bago e-mail**.
2. Kapag ang higit sa isang email account ang naitakda, piliin ang account na kung saan mo gustong magpadala ng email.
3. Ipasok ang email address ng tatanggap.
4. Isulat ang paksa ng email.
5. Isulat ang mensaheng email. Tingnan ang "**Pagsulat ng teksto**" p. 32.
Upang ilakip ang isang file sa email, piliin ang **Opsyon** > **Ilakip ang file** at ang isang file mula sa **Gallery**.
6. Upang agarang ipadala ang mensaheng email, piliin ang **Ipadala** > **Ipadala na ngayon**.
Upang i-save ang email sa **Outbox** na folder na saka na ipapadala, piliin ang **Ipadala** > **Ipadala mamaya**.
Upang saka na i-edit o ipagpatuloy ang pagsusulat ng iyong email, piliin ang **Opsyon** > **I-save bilang draft**.
Nai-save ang email sa **Mga outbox** > **Mga draft**.

Upang saka na ipadala ang email, piliin ang **Menu** > **Pagmemensahe** > **E-mail** > **Opsyon** > **Ipadala na ngayon** o **Padala/tingin email**.

Pagdownload ng email

1. Upang i-download ang mga mensaheng email na naipadala sa iyong email account, piliin ang **Menu** > **Pagmemensahe** > **E-mail** > **Tingin bago e-mail**.

Kapag ang higit sa isang email account ang naitakda, piliin ang account na kung saan mo gustong i-download ng email.

Ang email na aplikasyon ay nagda-download lamang ng email headers sa umpisa.

2. Piliin ang **Balik**.
3. Piliin ang **Mga inbox**, ang pangalan ng account, at ang bagong mensahe, at piliin ang **Kunin** upang i-download ang kompletong mensaheng email.

Upang i-download ang mga bagong mensaheng email at upang ipadala ang email na nai-save sa **Outbox** na folder, piliin ang **Opsyon** > **Padala/tingin email**.

Pagbasa at pagsagot sa email



Mahalaga: Mag-ingat sa pagbukas ng mga mensahe. Ang mga email na mensahe ay maaaring magtaglay ng mga delikadong software o makakapinsala sa iyong aparato o PC.

1. Piliin ang **Menu** > **Pagmemensahe** > **E-mail** > **Mga inbox**, ang pangalan ng account, at ang nais na mensahe.
2. Habang binabasa ang mensahe, piliin ang **Opsyon** para makita ang mga magagamit na opsyon.
3. Upang sagutin ang isang email, piliin ang **Sagutin** > **Orihinal na text** o **Bakanteng mensahe**. Upang sumagot sa marami, piliin ang **Opsyon** > **Sagutin lahat**. Kumpirmahin o i-edit ang email address at paksa, at saka isulat ang iyong sagot.
4. Upang ipadala ang mensahe, piliin ang **Ipadala** > **Ipadala na ngayon**.

Mga email folder

Isini-save ng iyong telepono ang email na iyong nadowload mula sa iyong email account sa **Mga inbox** na folder. Ang **Mga inbox** na folder at naglalaman ng mga sumusunod na folder: "Pangalan ng account" para sa mga matatanggap email **Archive** para sa sinupan ng email, **Pasadya 1—Pasadya 3** para sa pag-ayos ng email, **Junk** kung saan ang lahat ng mga spam na email ay inilalagay, **Mga draft** para sa pag-save ng mga hindi pa tapos na email, **Outbox** para sa pag-save ng mga email na hindi pa naipapadala, at **Naipadalang bagay** para sa pag-save ng email na naipadala.

Upang pamahalaan ang mga folders at ang mga nilalaman nilang mga email, piliin ang **Opsyon** upang makita ang mga narorooning mga opsyon ng bawat folder.

Ang Spam Filter

Sa pamamagitan ng aplikasyon ng email, maaari mong isaaktibo ang nakapaloob na spam filter. Upang isaaktibo at linawin ang filter na ito, piliin ang **Opsyon** > **Filter ng spam** > **Mga setting** sa pangunahing hindi aktibong

screen ng email. Sa pamamagitan ng spam filter, ang gumagamit ay nakakalagay ng mga partikular na mga nagpapadala sa isang listahang black and white. Ang nagpapadala na nasa listahang black list ay sinasala sa **Junk** na folder. Ang nagpapadala ng mensahe na mga di kilala at mga nasa white list ay nada-download sa account inbox. Upang itala ang isang nagpapadala sa balcklist, mamili ng mensaheng email sa **Mga inbox** na folder at **Opsyon > I-blacklist nagpdala**.

■ Ang Instant messaging (IM)

Maaari mong gawing mas mahusay ang text messaging sa mas mabuting antas sa pamamagitan ng paggamit ng instant messaging (serbisyo ng network) sa isang wireless na pamamaraan. Maaari kang makipag-ugnayan sa mga kaibang at pamilya sa pamamagitan ng IM, anuman ang sistema ng mobile o platform (katulad ng Internet) ang kanilang gamit, basta't gumagamit kayong lahat ng parehong serbisyo ng IM. Bago ka makapag-umpisang gumamit ng IM, dapat ka munang magparehistro sa serbisyo ng text

messaging ng iyong tagapaglaan ng wireless na serbisyo at magrehistro sa nais mong gamiting IM service. Dapat ka ring kumuha ng isang user name at password bago ka makagamit ng IM. Tingnan ang "[Pagrehistro sa isang IM service](#)" p. 48 para sa ibang impormasyon.

Depende sa iyong tagapaglaan ng IM service at ng iyong tagapaglaan ng wireless service, maaaring hindi mo magamit ang lahat ng mga features na nakalarawan sa aklat-pamatnubay na ito.

Maaari mong matanggap ang configuration settings para sa IM service bilang isang configuration message. Tingnan ang "[Configuration settings service](#)" p. 15. Maaari mo ring ipasok ang mga settings. Tingnan ang "[Ang Configuration](#)" p. 76. Ang mga icon at teksto sa display ay maaaring magbago, depende sa IM service.

Habang nakakonekta ka sa IM service, maaari mong gamitin ang ibang mga function ng telepono, at ang IM conversation ay mananatiling aktibo sa background. Depende sa network, ang aktibong usapang IM ay maaaring mas madaling umubos

ng baterya at kailangan mong ikonekta ang telepono sa isang charger.

Pagrehistro sa isang IM service

Maaari kang magrehistro sa isang IM service sa Internet. Sa panahon ng pagrerehistro, magkakaroon ka ng pagkakataong gumawa ng user name at ang nais mong password. Para sa karagdagang impormasyon at para sa pagrehistro sa mga IM service, kontakin iyong service provider.

Pag-access

Upang magamit ang **Mga instant na mensahe** na menu habang naka-offline, piliin ang **Menu > Pagmemensahe > Mga instant na mensahe (Mga instant na mensahe)** ay maaaring mapalitan ng ibang salita depende sa service provider). Kung may higit sa isang set ng connection setting para sa IM service, piliin ang isang gusto mo. Kung isa lang ang naitakdang set, ito ay awtomatikong pipiliin.

Ang mga sumusunod na opsyon ay magagamit:

Login — upang kumunekta sa IM service. Upang agarang ikonekta ang telepono sa IM service kung iyong binuksan ang telepono, sa

login session, mag-scroll sa **Awtomatik. login:** at piliin ang **Palitan > Bukas**, o piliin ang **Menu > Pagmemensahe > Mga instant na mensahe**, ikonekta sa IM service, at piliin ang **Opsyon > Mga setting > Awtomatikong login > Sa pagbukas ng tel..**

Nai-save na kumb. — upang makita, burahin, o baguhin ang pangalan ng mga pag-uusap na nai-save sa isang IM session

Setting kuneksyon — ang mga configuration lamang na sumusuporta sa IM service ang ipapakita. Pumili ng service provider, Default, o Personal config.

Upang isaaktibo ang mga setting para sa IM service, mamili mula sa mga sumusunod na opsyon:

Kumpigurasyon — piliin ang set na gusto mong isaaktibo.

Account — pumili ng isang account na ibinigay ng service provider.

ID ng gumagamit — ipasok ang password na gusto mong gamitin upang maikonekta sa IM service.

Password — ipasok ang password na gusto mong gamitin upang maikonekta sa IM service.

Pagkonekta

Upang maikonekta sa IM service, gamitin ang **Mga instant na mensahe** na menu, piliin ang IM service, kung kinakailangan, at piliin ang **Login**. Kapag ang telepono ay matagumpay na nakakonekta, ang **Nakalog in** ay lilitaw.

Upang dumiskonekta mula sa IM service, tingnan ang **Opsyon > Logout**.

Mga Session

Kapag ikaw ay nakakonekta sa IM service, ang iyong status ay makikita ng iba sa status line: **Status ko: Online, Status ko: Abala** o **Stat.: Lmbas offl.** — upang palitan ang iyong sariling status, piliin ang **Palitan**.


Sa ibaba ng status line, may tatlong folder na naglalaman ng iyong mga kontak at ipinapakita ang kanilang mga status:


Kumbers., Online at **Offline**.


Upang palakihin ang folder, i-highlight ito at piliin ang **I-xpand** (o ipindot ang scroll right, upang paliitin ang folder, piliin ang **I-claps**. (o ipindut ang scroll left).


Kumbersasyon — ang nagpapakita ng listahan ng mga bago at nabasang mga instant


messages o mga imbitasyon sa IM habang aktibo ang IM session.

 nagpapakita ng isang bagong mensahe para sa grupo.

 nagpapakita ng isang nabasang mensahe para sa grupo.

 nagpapakita ng isang bagong instant message.

 nagpapakita ng isang nabasang instant message.

 nagpapakita ng isang imbitasyon.

Ang mga icon at teksto sa display ay maaaring magbago, depende sa IM service na napili mo.

Online — ang nagpapakita ng bilang ng mga kontak na nasa online.

Offline — ang nagpapakita ng bilang ng mga kontak na naka-offline.

Upang mag-umpisa ng isang usapan, palakihin ang **Online** o ang **Offline** na folder at mag-scroll sa kontak na nais mong maka-chat at piliin ang **Chat**.

Upang sagutin ang isang imbitasyon o upang sumagot ng isang mensahe, palakihin ang **Kumbersasyon** na folder, at mag-scroll kung kanino mo gustong makipag-chat, at piliin ang **Buksan**. Upang magdagdag ng mga kontak, tingnan ang

"Pagdagdag ng mga kontak sa IM"
p. 51.

Mga grupo > Publikong grupo
(hindi nakikita kung ang mga grupo ay hindi nakakagamit ng network) – lilitaw ang listahan ng mga bookmark sa mga pampublikong grupo na ipinagkaloob ng service provider. Upang magsimula ng isang IM session sa isang grupo, mag-iskrol sa isang grupo at pindutin ang **Sumali**. Ipasok ang screen name na gusto mong gamitin bilang palayaw sa usapan. Kapag matagumpay kang nakasali sa isang grupong usapan, maaari kang magsimula ng isang grupong usapan. Maaari ka lumikha ng isang pribadong grupo. Tingnan ang "**Mga Grupo**" p. 52.

Hanapin > Mga gumagamit o Mga grupo – upang hanapin ang ibang gumagamit ng IM o mga pampublikong grupo sa network sa pamamagitan ng numero ng telepono, screen name, email address, o pangalan. Kung pinili mo ang **Mga grupo**, maaari kang maghanap ng grupo sa pamamagitan ng isang miyembro ng grupo, o sa pamamagitan ng pangalan ng grupo, paksa, o ID.

Opsyon > Chat o Sumali sa grupo – upang umpisahan ang

usapan kapag nahanap mo ang gumagamit o ang grupong nais mo.

Pagtanggap o di pagtanggap sa isang imbitasyon

Sa standby mode, kapag nakakonekta ka sa IM service at nakatanggap ka ng bagong imbitasyon, ang **Bagong imbitasyon natanggap** ay lilitaw. Upang basahin ito, piliin ang **Basahin**. Kung higit sa isang imbitasyon ang natanggap, mag-scroll sa imbitasyong gusto mo, at piliin ang **Buksan**. Upang sumali sa isang pribadong usapan, piliin ang **Tanggn.**, at ipasok ang screen name na nais mong gamitin bilang nickname. Upang tanggihan o tanggalin ang imbitasyon, piliin ang **Opsyon > Tanggihan o Tanggalin**.

Pagbasa ng isang instant message

Sa standby mode, kapag nakakonekta ka sa IM service, at nakatanggap ka ng bagong mensahe na hindi isang mensaheng kaugnay ng isang aktibong usapan, ang **Bagong instant na mensahe** ay lilitaw. Upang basahin ito, piliin ang **Basahin**.


Kung makatanggap ka ng higit sa isang mensahe, ang bilang ng

mga mensahe kasunod ng ___ **bagong instant na mensahe** ay lilitaw. Piliin ang **Basahin**, i-scroll sa isang mensahe at piliin ang **Buksan**.

Ang mga bagong mensaheng natanggap sa oras ng aktibong pakikipag-usap ay inilalagay sa **Mga instant na mensahe > Kumbersasyon**. Kung makatanggap ka ng isang mensahe mula sa isang taong wala sa **Mga IM contact**, ang ID ng nagpadala ay ipapakita. Upang i-save ang isang bagong contact na wala sa memorya ng telepono, piliin ang **Opsyon > I-save contact**.

Pagsali sa isang usapan

Upang sumali o mag-umpisa ng isang IM session, isulat ang iyong mensahe, at piliin ang **Ipadala**, o pindutin ang call key. Piliin ang **Opsyon** upang makita ang mga magagamit na opsyon.

Kung nakatanggap ka ng isang bagong mensahe habang nasa isang usapan mula sa isang taong hindi kasali sa kasalukuyang usapan, ang  ay lilitaw, at ang telepono ay magpaparinig ng tono ng alerto.

Isulat ang iyong mensahe, at piliin ang **Ipadala**, o pindutin ang call key. Ipapakita ang iyong mensahe,

at ang reply message ay lilitaw sa ibaba ng iyong mensahe.

Pagdagdag ng mga kontak sa IM

Kapag nakakonek sa IM service sa IM main menu piliin ang **Opsyon > Idagdag contact**.

Piliin ang **Sa no. ng mobile, Ipasok ID manwal, Hanapin sa server**, o **Kopyahin sa server** (depende sa tagapaglaan ng serbisyo). Kapag ang isang kontak ay matagumpay na naidagdag, kukumpirmahin ito ng telepono.

Mag-scroll sa isang contact. Upang mag-umpisa ng isang usapan, piliin ang **Chat**.

Pagharang o pag-alis ng harang sa mga mensahe

Kapag ikaw ay nasa isang usapan at nais iharang ang mga mensahe, piliin ang **Opsyon > I-block contact**. Ang isang tanong ng pagkumpirma ang ipapakita, piliin ang **OK** upang maharang ang mga mensahe mula sa kontak na ito.

Upang harangin ang mga mensaheng mula sa isang partikular na kontak sa iyong listahan ng mga kontak, mag-scroll sa mga kontak sa **Kumbersasyon, Online** o **Offline**

at piliin ang **Opsyon > I-block contact > OK**.

Upang alisin ang harang sa isang kontak, sa IM main menu piliin ang **Opsyon > Lista ng naharang**.

Mag-scroll sa kontak na nais mong alisan ng harang, at piliin ang **I-unblk. > OK**.

Mga Grupo

Maaari kang gumawa ng sarili mong mga pribadong grupo para sa IM conversation, o gamitin ang mga pampublikong grupo na ibinigay ng service provider. Ang pribadong grupo ay mananatili lamang habang nasa usapan na IM, at ang mga grupo ay nai-save sa server ng tagapaglaan ng serbisyo. Kung ang server na kung saan ka naka-log on ay hindi sumusuporta sa mga serbisyong grupo, ang lahat ng mga menung nauugnay sa grupo ay pinapalabo.

Publiko

Maaari mong lagyan ng tanda ang mga pampublikong grupo na maaaring panatilihin ng iyong tagapaglaan ng serbisyo.

Kumunekta sa IM service, at piliin ang **Mga grupo > Publikong grupo**. Mag-scroll sa isang grupong nais mong maka-chat, at piliin ang **Sumali**. Kung ikaw ay wala sa grupo, ipasok ang iyong

screen name bilang iyong nickname para sa grupo. Upang tanggalin ang isang grupo mula sa iyong listahan ng grupo, piliin ang **Opsyon > Tanggalin grupo**.

Upang humahanap ng grupo, piliin ang **Mga grupo > Publikong grupo > Hanapin grupo**. Maaari kang maghanap ng isang grupo sa pamamagitan ng isang miyembro ng grupo, sa pamamagitan ng pangalan ng grupo, paksa, o ID.

Pribado

Kapag nakakonek sa IM service, at piliin mula sa IM main menu ang **Opsyon > Gumawa ng grupo**. Ipasok ang pangalan para sa grupo at ang screen name na gusto mong gamitin bilang nickname mo. Markahan ang mga miyembro ng pribadong grupo sa listahan ng mga contact, at isulat ang isang imbitasyon.

Mga voice message

Ang voice mailbox ay isang serbisyo ng network at maaaring kailangan mong mag-subscribe rito. Para sa mga detalye, kontakin ang iyong tagapaglaan ng serbisyo.

Upang tawagan ang iyong voice mailbox, piliin ang **Menu > Pagmemensahe > Mga boses na mensahe > Makinig sa mga**

bores na mensahe. Upang ipasok, hanapin, o i-edit ang numero ng iyong voice mailbox, piliin ang **Numero ng bores mailbox.**

Kung sinusuportahan ng network, ang **OO** ang magpapakita ng mga bagong voice message. Piliin ang **Makinig** upang tawagan ang numero ng voice mailbox mo.

■ Mga info na mensahe

Sa **Mga mensa-heng impo** na serbisyo ng network, maaari kang tumanggap ng mga mensahe may iba't-ibang paksa mula sa iyong tagapaglaan ng serbisyo. Para alamin ang pagkakaroon ng mga paksa, at ang mga kaugnay na numero ng paksa, kontakin ang iyong tagapaglaan ng serbisyo.

■ Mga service command

Piliin ang **Menu** > **Pagmemensahe** > **Mga service command.** Isulat at ipadala ang mga hinihiling na serbisyo (kilala rin bilang mga USSD command) sa iyong tagapaglaan ng serbisyo, tulad ng mga command sa pag-aktibo para sa mga serbisyo ng network.

■ Pag-alis ng mga mensahe

Upang tanggalin ang isa o higit pang mga mensahe mula sa iyong folder, piliin ang **Menu** > **Pagmemensahe** > **Tanggalin ang mga mensahe** > **Ayon sa mensahe** at i-scroll sa folder kung saan manggagaling ang gusto mong alisin na mensahe. I-scroll sa mensaheng nais mong alisin, at piliin ang **Tanggal.** Kung nais mong alisin ang higit sa isang mensahe, piliin ang **Opsyon** > **Mrkhan**, at pagkatapos ay mag-scroll sa susunod na mensahe, at piliin ang Markahan ulit. Markahan ang lahat ng mga mensaheng nais mong alisin, at piliin ang **Opsyon** > **Tanggalin, markado.**

Upang tanggalin lahat ng mensahe mula sa isang folder, piliin ang **Menu** > **Pagmemensahe** > **Tanggalin ang mga mensahe** > **Ayon sa folder** at ang folder kung saan magmumula ang nais mong alisin na mga mensahe. Piliin ang **Oo**, at kung ang folder ay naglalaman ng mga hindi pa nababasang mensahe, ang telepono ay magtatanong kung nais mo ring tanggalin ang mga ito. Piliin muli ang **Oo.**

Upang tanggalin lahat ng mensahe mula sa isang folder, piliin ang **Menu** > **Pagmemensahe** > **Tanggalin ang mga mensahe** > **Lahat ng msg**, tatanungin ng telepono kung nais mong tanggalin ang lahat ng mga mensahe mula sa lahat ng mga folder. Piliin ang **Oo**.

■ Mga setting ng mensahe

Pangkalahatan

Ang mga pangkalahatang setting ay karaniwan para sa mga mensaheng teksto at multimedia.

Piliin ang **Menu** > **Pagmemensahe** > **Mga setting ng mensahe** > **Pangkalahatng sett.** at mula sa mga sumusunod na mga opsyon:

I-save ang mga nai-padalang mensahe > **Oo** — upang i-set ang telepono upang i-save ang mga mensaheng ipinadala sa **Napadalang bagay** na folder

Pinapatungan sa Napadalang bagay — upang piliin kung pinapahintulatang patungan kung ang mga mensahe ay naipadala at puno na ang memory

Laki ng font — upang piliin ang laki ng font na ginagamit sa mga mensahe

Graphical smileys > **Oo** — upang i-set ang telepono upang palitan ang batay-sa-karakter na mga smiley ng mga gumagalaw

Ang tekstong mensahe at SMS email

Ang mga setting ng mensaheng text ay nakakaapekto sa pagpapadala, pagtanggap, at pagbasa sa mga mensahe.

Piliin ang **Menu** > **Pagmemensahe** > **Mga setting ng mensahe** > **Tekstong msg** at mula sa sumusunod na mga opsyon:

Mga ulat ng pag-deliver > **Oo** — upang hilingin sa network na magpadala ng mga ulat ng paghahatid tungkol sa iyong mga mensahe (serbisyo ng network)

Mga message center > **Idagdag ang center** — upang i-set ang numero ng telepono at pangalan ng message center na kinakailangan para sa pagpapadala ng mga tekstong mensahe. Matatanggap mo ang numerong ito mula sa iyong tagapaglaan ng serbisyo. Kung ikaw ay pipili ng isang message center na ilalagay sa SIM card,

maaari mong makita sa impormasyon ng message center.

Gamit na message center — upang pumili ng gagamiting message center

Mga message center ng e-mail > Idagdag ang center — upang i-set ang mga numero ng telepono at pangalan ng email center para sa pagpapadala ng SMS email. Kung ikaw ay pipili ng isang email center na ilalagay sa SIM card, maaari mong makita ang impormasyon ng SIM email center.

Gamit na center ng e-mail — upang pumili ng gagamiting SMS email message center

Bisa ng mensahe — upang piliin ang haba ng oras na magtatangka ang network na maghatid ng iyong mensahe

Mga mensahe ay ipinadala sa — upang piliin ang format ng mga mensaheng ipapadala: **Teksto**, **Paging**, o **Fax** (serbisyo ng network)

Gamitin ang packet data > Oo — upang i-set ang packet data bilang mas nanaising SMS bearer

Suporta sa karakter > Buo — para piliin lahat ng karakter sa mensaheng ipapadala bilang nakita

Sagutin sa parehong sentro > Oo — upang makapagpadala sa iyo ng sagot ang tatanggap ng iyong mensahe sa pamamagitan ng iyong message center (serbisyo ng network)

Mga mensaheng multimedia

Ang mga setting ng mensahe ay nakakaapekto sa pagpapadala, pagtanggap, at panonood sa mga mensaheng multimedia.

Maaaring tatanggapin mo ang configuration settings para sa pagmemensaheng multimedia bilang isang configuration message. Tingnan ang "[Configuration settings service](#)" p. 15. Maaari mo ring ipasok ang mga settings. Tingnan ang "[Ang Configuration](#)" p. 76.

Piliin ang **Menu > Pagmemensahe > Mga setting ng mensahe > Mga MMS** at mula sa mga sumusunod na opsyon:

Mga ulat ng pag-deliver > Oo — upang hilingin sa network na magpadala ng mga ulat ng paghahatid tungkol sa iyong mga mensahe (serbisyo ng network)

Laki ng imahe (multimedia) — upang linawin ang laki ng default

image na ginamit sa mga mensaheng multimedia

Default timing ng slide — upang linawin ang default na oras sa pagitan ng mga slide sa mga mensaheng multimedia

Payagan pagtang-gap ng multimedia — upang tanggapin o harangin ang mensaheng multimedia, piliin ang **Oo** o **Hindi**. Kung pinili mo ang **Sa home network**, hindi ka makakatanggap ng mga mensaheng multimedia kapag nasa labas ka ng iyong home network. Ang default setting upang tumanggap ng serbisyong mensaheng multimedia ay pangkaraniwang **Sa home network**.

Papasok na MMS — upang makita ang pagkatanggap ng mga mensaheng multimedia ay agaran, manwal matapos tanungin, o para tanggihan ang pagtanggap. Ang setting na ito ay hindi ipinapakita kung ang **Payagan pagtang-gap ng multimedia** ay naka-set sa **Hindi**.

Payagan adverts — upang tanggapin o di tanggapin ang mga patalastas. Ang setting na ito ay hindi ipinapakita kung ang **Payagan pagtang-gap ng multimedia** ay naka-set sa **Hindi**,

o **Papasok na MMS** ay nakaset sa **Tanggihan**.

Mga setting ng kumpigurasyon > Kumpigurasyon — ang mga configuration lamang na sumusuporta sa pagmemensaheng multimedia ay ipapakita. Pumili ng isang tagapaglaan ng serbisyo, **Default**, o **Personal kumpig**, para sa pagmemensaheng multimedia. Piliin ang **Account** at isang account ng serbisyo ng pagmemensaheng multimedia na nasa mga aktibong setting ng configuration.

Email

Ang mga setting ay nakakaapekto sa pagpapadala, pagtanggap at pagbasa ng email.

Maaari kang tumanggap ng configuration settings para sa email application bilang isang configuration message. Tingnan ang "**Configuration settings service**" p. 15. Maaari mo ring ipasok ang mga settings. Tingnan ang "**Ang Configuration**" p. 76.

Upang isaaktibo ang mga setting para sa aplikasyon ng email, piliin ang **Menu > Pagmemensaheng > Mga setting ng mensaheng > Mensaheng e-mail** at mula sa mga sumusunod na opsyon:

Kumpigurasyon — upang pumili ng set na gusto mong isaaktibo

Account — upang pumili ng isang account na ibinigay ng service provider

Pangalan ko — upang ipasok ang iyong pangalan o nickname

E-mail address — upang ipasok ang iyong email address

Isama ang lagda — upang linawin ang pirma na awtomatikong idaragdag sa dulo ng iyong email, kapag nagsusulat ka ng mensahe

Sagot-sa address — upang ipasok ang email address kung saan gusto mong ipadala ang mga sagot

SMTP pangalan ng gumagamit — upang ipasok ang pangalan na gusto mong gamitin para sa mga palabas na mail

SMTP password — upang ipasok ang password na gusto mong gamitin para sa mga palabas na mail

Ipakita ang ter-minal na window > Oo — para isagawa ang manwal na pagpapatibay ng gumagamit para sa mga intranet na koneksiyon

Papasok uri ng server — upang piliin ang alin man sa **POP3** o **IMAP4** depende sa uri ng sistema ng email ang ginagamit mo. Kung

ang parehong uri ay maaring magamit, piliin ang **IMAP4**.


Mga setting ng papasok na mail — upang pumili sa mga maaaring magamit na mga opsyon para sa **POP3** o **IMAP4**

7. Mga Kontak



Maaari kang mag-save ng mga pangalan at numero ng telepono (mga kontak) sa memorya ng telepono at sa memorya ng SIM card.

Ang memorya ng telepono ay maaaring mag-save ng mga kontak na may mga numero at mga tekstong item. Maaari ka ring mag-save ng isang imahe para sa isang partikular na bilang ng mga pangalan.

Ang mga pangalan at numerong naka-save sa memorya ng SIM card ay ipinipakita ng .

■ Paghanap ng isang kontak

Piliin ang **Menu > Mga contact > Mga pangalan**. Mag-iskrol sa listahan ng mga kontak o ipasok ang unang letra ng pangalang hinahanap mo.


■ Pag-save ng mga pangalan at numero ng telepono

Ang mga pangalan at numero ay ii-save sa ginagamit na memorya.

Piliin ang **Menu > Mga contact > Mga pangalan > Opsyon > Idagdag bago cont.** Ipasok ang apelyido, pangalan at numero ng telepono, at piliin ang **I-save**.

■ Pag-save ng mga numero, aytem, o ng isang imahe

Sa memorya ng telepono para sa mga kontak, maaari kang mag-save ng iba't-ibang uri ng numero ng telepono, at maiikling tekstong aytem sa bawat pangalan.

Ang unang numerong nai-save mo ay agarang inilalagay na default number, at ito ay ilalagay na may isang kuwadro sa palibot ng indicator ng number type, (halimbawa, ). Kapag pumili ka ng isang pangalan (halimbawa, upang tawagan) ang default number ay ginagamit maliban kung pumili ka ng ibang numero.

1. Siguraduhin na ang memoryang ginagamit ay **Telepono** o **Telepono at SIM**.
2. Mag-scroll sa pangalan na gusto mong dagdagan ng bagong numero o tekstong

item, at piliin ang **Detalye > Opsyon > Idagdag detalye**.

3. Upang magdagdag ng numero, piliin ang **Numero** at ang isa sa mga uri ng mga numero.

Upang magdagdag ng ibang detalye, pumili ng isang opsyon na nandoon.

Upang baguhin ang uri ng numero, mag-scroll sa gustong numero, at piliin ang **Opsyon > Palitan uri**. Upang i-set ang piniling numero bilang default na numero, piliin ang **Itakda na default**.

4. Ipasok ang numero o aytem na teksto; upang i-save ito, piliin ang **I-save**.
5. Upang bumalik sa standby mode, piliin ang **Balik > Labas**.

■ Paglipat o pagkopya ng mga kontak

Maaari mong ilipat o kopyahin ang mga kontak mula sa memorya ng kontak ng telepono patungo sa memorya ng SIM card, o kabaliktaran nito. Ang memorya ng SIM card ay maaaring mag-save ng mga pangalan na may isang numero ng telepono na kakabit sa mga ito.

Upang ilipat o kopyahin ang mga kontak ng isa-isa, piliin ang

Menu > Mga contact > Mga pangalan. Mag-scroll sa kontak, at piliin ang **Opsyon > Ilipat ang contact** o **Kopyahin contact**.

Upang ilipat o kopyahin ang mga namarkahang kontak, piliin ang **Menu > Mga contact > Mga pangalan**. Mag-scroll sa isang contact at piliin ang **Opsyon > Mrkhan**. Markahan ang lahat ng mga ibang kontak at piliin ang **Opsyon > Ilipat ang markado** o **Kopyahin markado**.

Upang ilipat o kopyahin ang lahat ng mga kontak, piliin ang **Menu > Mga contact > Ilipat ang mga contact** o **Kopyahin ang mga contact**.

■ I-edit ang mga detalye ng kontak

Hanapin ang kontak na nais mong kopyahin, at piliin ang **Detalye**. Upang i-edit ang isang pangalan, numero, o tekstong item, o upang baguhin ang imahe, piliin ang **Opsyon > I-edit**. Hindi mo mae-edit ang isang ID kapag ito ay nasa **Mga IM contact** o **Nai-subscribe na pangalan** na listahan.

■ Ang pagpaparepareho ng lahat

Pagpareparehuhin ang iyong kalendaryo, mga contact data, at notes sa pamamagitan ng isang malayong Internet server (serbisyo ng network). Para sa mga detalye tingnan ang "Pagparepareho mula sa isang server" p. 73.

■ Tanggalin ang mga kontak o mga detalye

Upang tanggalin ang lahat ng mga kontak at ang mga detalye na nakalakip sa mga ito mula sa telepono o memory ng SIM card, piliin ang **Menu > Mga contact > Tanggal lahat cont. > Sa memorya ng tel. o Mula sa SIM card**. Kumpirmahin sa pamamagitan ng code ng seguridad.

Upang tanggalin ang isang kontak, hanapin ang nais na kontak, at piliin ang **Opsyon > Tanggalin contact**.

Upang tanggalin ang isang numero, tekstong item, o imahe na nakalakip sa kontak, hanapin ang kontak, at piliin ang **Detalye**. I-scroll sa nais na detalye, at piliin ang **Opsyon > Tanggalin** mula sa mga nandoong opsyon. Ang pagtanggap ng imahe mula sa mga

kontak ay hindi nagtatanggal nito mula sa **Gallery**.

■ Mga Business Card

Maaari kang magpadala at tumanggap ng impormasyon ng pagkontak ng isang tao mula sa isang katugmang aparato na gumagamit ng vCard standard bilang isang business card.

Upang magpadala ng isang business card, hanapin ang impormasyon ng contact na nais mong ipadala, at piliin ang **Detalye > Opsyon > Ipadala bus. card > Sa multimedia, Sa msg. teksto, o Sa Bluetooth**.

Kapag nakatanggap ka ng isang business card, piliin ang **Ipakita > I-save** upang i-save ang business card sa memory ng telepono. Upang alisin ang business card, piliin ang **Labas > Oo**.

■ Mga Setting

Piliin ang **Menu > Mga contact > Mga setting** at mula sa mga sumusunod na opsyon:

Memorya na ginagamit – upang piliin ang SIM card o memory ng telepono para sa iyong mga kontak. Piliin ang **Telepono at SIM** upang makuha ang mga pangalan at mga numero mula sa

dalawang memory. Kung ganun, kapag nag-save ka ng mga pangalan at numero, ang mga ito ay titipunin sa memory ng telepono.

View ng Mga contact — upang piliin kung paano ang mga pangalan at mga numero sa **Mga contact** ay ipapakita

Display ng pangalan — upang piliin kung alin sa mga pangalan o apelyido ng kontak ang ipapakita muna

Laki ng font — upang i-set ang laki ng font para sa listahan ng mga kontak

Status ng memorya — upang makita ang laki ng memory na walang laman at nagamit

■ Mga Grupo

Piliin ang **Menu > Mga contact > Mga grupo** upang ayusin ang mga pangalan at numero ng telepono na nai-save sa memory sa mga grupo ng tumatawag na may iba't-ibang ringing tones at isang imahen ng grupo.

■ Mabilisang pagdayal

Para magtalaga ng numero para sa isang mabilisang pagdayal na key, piliin ang **Menu > Mga contact > Mga speed dial**, at i-scroll sa

isang mabilisang pagdayal na nais mo.

Piliin ang **Italaga**, o kung may isang numero na naitinalaga na sa key, piliin ang **Opsyon > Palitan**. Piliin ang **Hanapin**, ang pangalan, at saka ang numero na nais mong italaga. Kung ang **Bilis-dayal** na function ay nakasara, itatanong ng telepono kung nais mong gawing aktibo ito. Tingnan din ang **Bilis-dayal** sa "**Ang Pagtawag**" p. 74.

Upang tumawag na gamit ang mga mabilisang pagdayal key, tingnan ang "**Mabilisang Pagdayal**" p. 28.

■ Info, serbisyo, at ang aking mga numero

Piliin ang **Menu > Mga contact**, at ang mga sumusunod na opsyon ay maaaring magamit:

Mga info ng numero — upang tawagan ang mga numero ng impormasyon ng iyong tagapaglaan ng serbisyo kung ang mga numero ay nasa iyong SIM card (serbisyo ng network)

Mga numero ng serbisyo — upang tawagan ang mga numero ng serbisyo ng iyong tagapaglaan ng serbisyo kung ang mga numero ay nasa iyong SIM card (serbisyo ng network)

Mga numero ko – upang tingnan ang mga numero ng teleponong nakatalaga sa iyong SIM card, kung ang mga numero ay nasa iyong SIM card

8. Listahan ng tawag



Upang makita ang impormasyon ng iyong mga tawag, piliin ang **Menu > Log > Di-nasagot na tawag, Natanggap na tawag, o Mga idinayal na numero**. Upang makita ang kamakailan lang na di nasagot at mga natanggap na tawag at ang mga magkakasunod na naidayal na numero, piliin ang **Log ng tawag**. Upang makita ang mga kontak na kapapadalan lang ng mga mensahe, piliin ang **Mga tatang-gap ng msg..**

Upang makita ang humigit-kumulang na impormasyon ng iyong mga tawag kamakailan , piliin ang **Menu > Log > Durasyon ng tawag, Counter ng packet data, o Kunek. packet data timer**.

Upang makita kung ilang mga mensaheng teksto o multimedia ang iyong naipadala at natanggap, piliin ang **Menu > Log > Log ng mensahe**.



Paalala: Ang aktuwal na singil para sa mga tawag at serbisyo mula sa iyong tagapaglaan ng serbisyo ay maaaring mag-iba, depende sa mga katangian

ng network, rounding off para sa pagsingil, mga buwis, at iba pa.



Paalala: Ang ilang timer, kasama ang life timer, ay maaaring i-reset sa oras ng serbisyo o mga pag-upgrade ng software.

■ Impormasyon sa pagpoposisyon

Ang network ay maaaring magpadala sa iyo ng isang paghiling ng lokasyon. Maaari mong siguraduhin na ang network ay maghahatid lamang ng impormasyon tungkol sa lokasyon ng iyong telepono kung inaprobahan mo ito (serbisyo ng network). Kontakin ang iyong operator sa network o tagapaglaan ng serbisyo upang mag-subscribe at magkasundo sa pagkahatid ng impormasyon ng lokasyon.

Upang tanggapin o tanggihan ang paghiling ng lokasyon, piliin ang **Tanggn.** o **Tanggi**. Kung hindi mo nakuha ang kahilingan, awtomatikong tatanggapin o tatanggihan ng telepono

alinsunod sa pinagkasunduan ninyo ng iyong operator ng network o tagapaglaan ng serbisyo. Ipapakita ng telepono ang **1 di-nasagot na hiling ng pwesto**. Upang tingnan ang hindi natanggap na paghiling ng lokasyon, piliin ang **Ipakita**.

Upang tingnan ang impormasyon sa 10 pinakahuling abiso ng privacy at mga hiling o upang tanggalin ang mga ito, piliin ang **Menu > Log > Hanap pwesto > Log ng puwesto > Folder buksan o Tanggalin lahat**.

9. Mga Setting



■ Mga profile

Ang iyong telepono ay may iba't-ibang grupo ng setting, mga profile ng tinawagan, na maaari mong iangkop ang mga tono ng telepono para sa magkakaibang panahon at kapaligiran.

Piliin ang **Menu > Mga setting > Mga profile**. Mag-scroll sa isang profile, at piliin ito.

- Upang gawing aktibo ang piniling profile, piliin ang **Isaaktibo**.
- Upang i-set ang profile na maging aktibo hanggang sa isang partikular na oras na hanggang 24 na oras, piliin ang **Inorasan** at i-set ang oras na ang setting ng profile ay matapos. Kapag ang oras ay nai-set ang profile ay nawalan ng bisa, ang dating profile na hindi inorasan ay magiging aktibo.
- Upang iangkop ang profile, piliin ang **I-personalise**. Piliin ang setting na nais mong baguhin at gawin ang mga pagbabago.

■ Mga tema

Ang tema ay nagtataglay ng maraming elemento para sa pag-angkop ng iyong telepono, tulad ng wallpaper, screen saver, at tono ng ring.

Piliin ang **Menu > Mga setting > Mga tema** at mula sa mga sumusunod na opsyon:

Piliin tema — upang itakda ang tema sa iyong telepono. Isang listahan ng mga folder sa **Gallery** ang magbubukas. Buksan ang **Mga tema** na folder, at pumili ng tema.

Download na tema — upang buksan ang isang listahan ng mga link para mag-download pa ng maraming tema.

■ Mga Tono

Maaari mong baguhin ang mga setting ng piniling aktibong profile.

Piliin ang **Menu > Mga setting > Mga tono**. Piliin at baguhin ang mga magagamit na setting. Maaari kang makahanap ng mga parehong setting kapag nag-

aangkop ng mga profile sa **Mga profile** menu, tingnan ang "**Mga profile**" p. 65.

Upang i-set ang telepono upang tumunog lamang kapag may mga tawag mula sa mga numero ng telepono na kasama sa piniling grupo ng tumatawag, piliin ang **Menu > Mga setting > Mga tono > Alerto para sa:** Mag-scroll sa grupo ng tumatawag na nais mo o **Lahat ng tawag**, at piliin ang **Mrkhan**.

■ Display

Sa pamamagitan ng mga setting ng display, maaari mong iangkop sa nais mo ang display ng iyong telepono.

Mga Setting ng Standby Mode

Piliin ang **Menu > Mga setting > Display > Mga setting ng standby mode** at mula sa mga sumusunod na opsyon:

Wallpaper — upang i-set ang iyong telepono upang magpakita ng isang imahen o isang slide bilang wallpaper kapag ang telepono ay nasa standby mode. Piliin ang **Mga wallpaper > Imahen** o **Slide set**, mag-scroll sa folder kung saan mo nais mamili

ng imahen o slide set, at piliin ang imahen o slide set na nais mo.

Kulay ng font sa standby mode

— upang piliin ang kulay para sa mga teksto sa display sa standby mode

Logo ng operator — upang i-set ang iyong telepono upang ipakita o itago ang logo ng operator

Display ng cell info > Bukas — upang tumanggap ng impormasyon mula sa operator ng network depende sa network cell na ginagamit (serbisyo ng network).

Upang mag-download ng mas marami pang graphic, piliin ang **Menu > Mga setting > Display > Mga setting ng standby mode > Wallpaper > Graphic download**.

Ang Screen saver

Upang piliin ang isang screen saver mula sa **Gallery**, piliin ang **Menu > Mga setting > Display > Screen saver > Mga screen saver** at mula sa mga magagamit na mga opsyon. Upang mag-download ng mga karagdagang screen saver, piliin ang **Graphic download**. Upang piliin ang oras na mag-uumpisang magiging aktibo ang screen saver, piliin ang **Timeout**. Upang maging aktibo ang screen saver, piliin ang **Bukas**.

Pagtipid ng charge ng baterya

Upang makapagtipid ng charge ng baterya, piliin ang **Menu > Mga setting > Display > Power saver > Bukas**. Ang isang orasang digital ay ipapakita kapag walang function ng telepono ang ginagamit para sa isang partikular na oras.

Ang Sleep mode

Upang mas makapagtipid ng charge ng baterya, piliin ang **Menu > Mga setting > Display > Sleep mode > Bukas**. Ang display ay magiging itim kapag walang function ng telepono ang ginagamit para sa isang partikular na oras.

Ang Laki ng Font

Para baguhin ang laki ng font para sa pagbabasa at pagsusulat ng mga mensahe, at pagbasa ng mga kontak at mga Web page piliin ang **Menu > Mga setting > Display > Laki ng font**.

■ Ang oras at petsa

Upang palitan ang oras, time zone, at mga setting ng petsa, piliin ang **Menu > Mga setting > Oras at petsa > Orasan, Petsa**, o **Awto-**

update ng petsa at oras (serbisyo ng network).

Kapag nagbibiyaha sa isang ibang time zone, piliin ang **Menu > Mga setting > Oras at petsa > Orasan > Sona ng oras** at ang time zone ng iyong lugar sa tungkol sa kaibahan ng oras alinsunod sa Greenwich Mean Time (GMT) o Universal Time Coordinated (UTC). Ang oras at petsa ay nai-set alinsunod sa time zone at binibigyan ang iyong telepono upang ipakita ang tamang oras ng pagpapadala ng mga natanggap na mensaheng teksto o multimedia. Halimbawa, GMT -5 ang nagsasaad na ang time zone para sa New York (USA), 5 oras na kanluran ng Greenwich/London (UK).

Gamitin para sa India (New Delhi) GMT +5.5, para sa Thailand/Indonesia/Vietnam GMT +7, para sa Singapore/Malaysia/Pilipinas GMT +8, para sa Australia (Sydney) GMT +10, at para sa New Zealand GMT +12.

■ Ang aking mga shortcut

Sa pamamagitan ng mga personal shortcut maaari mong magamit ng mabilis ang mga function ng teleponong madalas magamit.

Kaliwang selection key

Upang piliin ang isang function mula sa listahan para sa kaliwang selection key, piliin ang **Menu > Mga setting > Mga shortcut ko > Kaliwang selek. key.**

Kapag ang kaliwang selection key ay **Punta** upang gawing aktibo ang isang function, sa standby mode piliin ang **Punta** at ang nais mong function sa iyong listahan ng personal na shortcut. Upang baguhin ang ayos ng mga function sa iyong listahan ng personal shortcut, piliin ang **Opsyon** at mula sa mga sumusunod na mga opsyon:

Piliin opsyon — upang idagdag ang isang function sa listahan ng shortcut, o upang alisin ang isa. Mag-scroll sa function, at pillin ang **Mrkhan** o **I-unmrk.**

I-organise — upang ayusin ang mga function sa iyong listahan ng personal na shortcut. I-scroll sa function na nais mong ilipat, at piliin ang **Lipat**. I-scroll kung saan mo nais ilipat ang function, at piliin ang **OK**.

Ang kanang selection key

Upang i-set ang isang function mula sa isang naitakdang listahan sa kanang selection key, piliin ang **Menu > Mga setting > Mga**


shortcut ko > Kanan selection key. Ang menu na ito ay maaaring di ipakita, depende sa iyong tagapaglaan ng serbisyo.

Ang navigation key

Upang itakda ang ibang mga function ng telepono mula sa isang naitakdang listahan sa navigation key (scroll key), piliin ang **Menu > Mga setting > Mga shortcut ko > Nabigasyon key.**

Mga voice command

Maaari kang tumawag sa mga contact at gumawa ng mga function ng telepono sa pamamagitan ng pagsabi ng mga voice command. Ang mga voice command ay depende sa wika. Upang i-set ang wika, tingnan ang **Wika ng playback ng boses** sa **"Ang Telepono"** p. 75.

The phone voice commands are active by default. Piliin ang **Menu > Mga setting > Mga shortcut ko > Mga boses na command** at ang isang function ng telepono. Mag-scroll sa isang function.  ipinapakitang ang voice tag ay aktibo. Upang ipaparinig ang aktibong voice command, piliin ang **Playback..** Upang gamitin ang mga voice

command, piliin ang "Pinahusay na voice dialing" p. 29.

Upang ayusin ang mga voice command, mag-iskrol sa isang function ng telepono, at pumili mula sa mga sumusunod na opsyon:

I-edit o Alisin — ay upang baguhin o patayin ang voice command ng napiling function. Kapag nag-e-edit ka ng teksto ng voice tag, inuugnay ng telepono ito sa isang bagong virtual voice tag.

Idagdag lahat o Alisin lahat — upang gawing aktibo o patayin ang mga voice command sa lahat ng mga function sa listahan ng mga voice command. Ang **Idagdag lahat o Alisin lahat** ay hindi ipinapakita kung ang lahat ng mga voice command ay aktibo o mga patay.

■ Ang pagkokonekta

Maaari mong ikonekta ang iyong telepono sa isang katugmang gamit na ginagamit ang Bluetooth wireless na teknolohiya, halimbawa, ikabit ng sabay ang Bluetooth stereo headset at isang PC. Maaari mong itakda ang mga setting para sa mga packet data na mga dial-up na koneksyon.

Ang teknolohiya ng Bluetooth wireless

Ang gamit na ito ay alinsunod sa Bluetooth Specification 2.0 na may Enhance Data Rate (EDR) ginagamit ng mga sumusunod na mga profile: dial-up networking, hands-free, headset, ang pangkalahatang pagpapalitan, object push, paglipat ng file, pagpapadala ng audio at video distribution paglipat protocol, pangkalahatang pagpapadala ng audio at video, pinabuting pagpapadala ng audio, kontrol ng protokol ng paglipat ng audio at video, malayuang pagkontrol ng audio at video, paggamit ng SIM. Upang matiyak na magagamit sa isa't-isa ang mga gamit na sumusuporta sa Bluetooth technology, gamitin ang mga pagpapabuti na inaprubahan ng Nokia para sa modelong ito. Magtanong sa mga tagagawa ng ibang mga aparato upang malaman ang kanilang pagkakatumag sa aparatong ito.

Maaaring may mga paghihigpit sa paggamit ng Bluetooth technology sa ilang lugar. Magtanong sa iyong mga lokal na awtoridad o tagapaglaan ng serbisyo.

Ang mga katangiang gumagamit ng Bluetooth technology, o

nagpapahintulot sa mga nasabing katangian na gagana sa background habang ginagamit ang ibang mga katangian, ay nagtataas ng pangangailangan sa power ng baterya at pinapahina ng buhay ng baterya.


Naikokonekta mo ang telepono sa isang katugmang gamit na Bluetooth hanggang 10 metro sa pamamagitan ng Bluetooth wireless technology. Dahil ang mga gamit na gumagamit ng Bluetooth wireless technology ay nakikipagtalastasan na ginagamit ang radio waves, ang iyong telepono at ang ibang mga kagamitan ay hindi kailangang nasa tuwirang linya na nakikita, bagama't ang koneksyon ay maaaring magkaroon ng sagabal mula sa mga harang tulad ng mga dingding o mula sa ibang mga kagamitang elektronikong.

Pagkabit ng isang Bluetooth

Piliin ang **Menu > Mga setting > Pagkakakunek > Bluetooth**.

Pumili mula sa mga sumusunod na opsyon:

Bluetooth > Bukas o **Sarado** — upang gawing aktibo o patayin ang function na Bluetooth. Ang

 ang nagpapakita ng isang aktibong koneksiyon ng Bluetooth.

Enhancement audio hanapin — upang humanap ng mga katugmang gamit ng audio na Bluetooth. Piliin ang gamit na nais mong ikonekta sa telepono.

Magkapares na mga aparato — upang humanap ng anumang gamit na Bluetooth na maaabot. Piliin ang **Bago** upang ilita ang anumang mga gamit na Bluetooth na naaabot. Mag-iskrol sa isang kagamitan, at piliin ang **Pares**. Ipasok ang Bluetooth passcode ng gamit upang ipares ang (iugnay) ang gamit sa iyong telepono. Dapat mo lang ibigay ang passcode na ito kapag kumukonekta ka sa gamit sa unang pagkakataon. Ang iyong telepono ay kumukonekta sa gamit, at iyong masisimulan ang paglipat ng data.

Ang koneksiyon ng Bluetooth wireless

Piliin ang **Menu > Mga setting > Pagkakakunek > Bluetooth**.

Upang malaman kung aling koneksiyon ng Bluetooth ang kasalukuyang aktibo, piliin ang **Aktibong aparato**. Upang tingnan ang listahan ng mga gamit na Bluetooth na

kasalukuyang itinutugma, piliin ang **Magkapares na mga aparato**.

Piliin ang **Opsyon** upang magamit ang ilan sa mga sumusunod na function depende sa katayuan ng gamit at ang koneksiyong Bluetooth. Piliin ang **Italaga ang maikling ngalan**, o **Awtokoneksyon di ikumpirma** > **Oo** upang i-set ang telepono upang awtomatikong magkonekta sa isang katugmang Bluetooth na gamit.

Mga setting ng Bluetooth

Upang itakda kung paano ipinapakita ang iyong telepono sa ibang Bluetooth na aparato, piliin ang **Menu > Mga setting > Pagkakakunek > Bluetooth > Bisibilidad ng aking telepono o Pangalan ng telepono ko**.

Inirerekomenda naming gamitin ang setting na **Nakatago sa Bisibilidad ng aking telepono**.

Tanggapin lamang palagi ang komunikasyong Bluetooth mula sa iba na sumasang-ayon sa iyo.

Ang packet data

Ang pinahusay na general packet radio service (EGPRS), packet data, ay isang serbisyo ng network na nagbibigay-kakayahan sa mga



teleponong mobile upang magpadala at tumanggap ng data sa network na nakabase sa Internet Protocol (IP). Binibigyang kakayahan nito na magagamit ang mga data network tulad ng Internet.

Ang mga aplikasyon na maaaring gumamit ng packet data ay MMS, video streaming, mga sesyon sa pagbabasa, email, remote SyncML, pag-download ng aplikasyong Java, at ang PC dial-up.

Upang itakda kung paano gagamitin ang serbisyo, piliin ang **Menu > Mga setting > Pagkakakunek > Packet data > Kuneksyon ng packet data** at mula sa mga sumusunod na opsyon:

Kapag kailangan — upang i-set ang packet data na komunekta kapag kailangan ng isang aplikasyon. Ang koneksyon ay isasara kapag tinapos ang aplikasyon.

Laging online — upang i-set ang teleponong awtomatikong kumonekta sa isang packet data network kapag iyong binuksan ang telepono **G** o **E** ang nagpapakitang ang serbisyong GPRS o EGPRS ay magagamit. Kapag makakatanggap ka ng isang tawag o ng isang tekstong

mensahe o tumawag habang nasa isang packet data na koneksiyon, ang  o  ang nagpapakita na ang koneksiyon na GPRS o EGPRS ay ipinagliliban (on hold).

Ang mga setting ng modem

Maaari mong ikonekta ang telepono sa pamamagitan ng Bluetooth wireless technology sa isang katugmang PC at gamitin ang telepono bilang isang modem upang maikonekta ang EGPRS mula sa PC.

Upang itakda ang mga setting para sa mga koneksiyon mula sa PC, piliin ang **Menu > Mga setting > Pagkakakunek > Packet data > Mga setting ng packet data > Aktibong access point**, upang magamit ang access point na nais mong gamitin at piliin ang **I-edit ang aktibong access point**. Piliin ang **Alias para sa access point**, at ipasok ang nickname para sa kasalukuyang napiling access point. Piliin ang **Packet data access point**, at ipasok ang access point name (APN) upang kumonekta sa isang packet data na network.

Maaari mo ring itakda ang mga setting ng dial-up na serbisyo (pangalan ng access point) sa iyong PC gamit ang Nokia Modem Options na software. Tingnan ang

"**Ang PC Suite**" p. 107. Kung pareho mong inilagay ang mga setting sa PC at sa iyong telepono, ang mga setting ng PC ang gagamitin.

Paglipat ng data at pagpareho

Ipareho ang iyong data mula sa kalendaryo, notes, at mga kontak sa ibang katugmang gamit (halimbawa, isang mobile phone), isang katugmang PC, o isang malayong Internet server (serbisyo ng network).

Listahan ng kasapi

Upang kumopya o magparepareho ng mga data mula sa iyong telepono, ang pangalan ng gamit at ang mga setting ay dapat na nasa listahan ng mga kasapi sa paglipat ng mga contact. Kapag tumanggap ka ng data mula sa ibang aparato, halimbawa, katugmang teleponong mobile, ang kasapi ay awtomatikong idadagdag sa listahan, gamit ang contact data mula sa kabilang aparato. **Sync ng server at Sync sa PC** ang mga orihinal na mga bagay sa listahan.

Upang magdagdag ng bagong kasapi sa listahan, halimbawa isang bagong aparato, piliin ang **Menu > Mga setting >**

Pagkakakunek > Paglipat ng data > Opsyon > Dgdag transfer cont. > Sync ng telepono o Kopya telepono, at ipasok ang mga setting alinsunod sa uri ng paglipat.

Upang i-edit ang kopya at ipareho ang mga setting, pumili ng contact mula sa listahan ng kasapi, at piliin ang **Opsyon > I-edit**.

Upang alisin ang isang napiling kasapi, piliin ang **Opsyon > Tanggalin**.

Paglipat ng mga data sa pamamagitan ng isang gamit

Para sa pagpapareho ang Bluetooth wireless technology ang ginagamit. Ang ibang aparato ay nasa standby mode.

Upang simulan ang isang paglipat ng data, piliin ang **Menu > Mga setting > Pagkakakunek > Paglipat ng data** at ang paglipat ng kasapi mula sa listahan, maliban sa **Sync ng server** at **Sync sa PC**. Alinsunod sa mga setting, ang piniling data ay kokopyahin o ipareho.

Pagpareho mula sa isang PC

Upang ipareho ang data mula sa kalendaryo, notes, at mga kontak mula sa isang katugmang PC, gamitin ang Bluetooth wireless technology. Kailangan mo rin ilagay sa PC ang Nokia PC Suite software ng iyong telepono.

Ipareho ang data sa mga kontak sa iyong telepono, kalendaryo, at notes upang tumugma sa data ng iyong katugmang PC sa pamamagitan ng pagsisimula ng pagpareho mula sa PC.

Pagpareho mula sa isang server

Upang gumamit ng isang malayong Internet server, kailangang mong mag-subscribe ka sa isang serbisyong pagpareho. Para sa karagdagang impormasyon at mga setting na kailangan sa serbisyong ito, kontakin ang iyong tagapaglaan ng serbisyo. Maaari mong matanggap ang settings bilang isang configuration message. Tingnan ang **"Configuration settings service"** p. 15 at **"Ang Configuration"** p. 76.

Kung mayroon kang naka-save na data sa remote Internet server, upang ipareho ang iyong telepono,

simulan ang pagpapareho mula sa iyong telepono.

Piliin ang **Menu > Mga setting > Pagkakakunek > Paglipat ng data > Sync ng server**. Depende sa mga setting, piliin ang **Sinisimulan sync**. o **Sinisimulan ang pag-kopya**.

Ang pagpapareho sa unang pagkakataon o pagkatapos ng naudlot na pagpareho ay maaaring umabot ng 30 minuto para makumpleto, kung ang mga contact o kalendaryo ay puno na.

■ Ang Pagtawag

Piliin ang **Menu > Mga setting > Tawag** at mula sa mga sumusunod na opsyon:

Ilipat ang tawag (serbisyo ng network) — upang ilihis ang iyong mga papasok na tawag. Maaaring hindi mo mailihis ang iyong mga tawag kung may mga aktibong function ng paghadlang ng tawag. Tingnan ang **Paghahadlang ng tawag na serbisyo** sa "**Ang Seguridad**" p. 78.

Anunang key sa pagsagot > Bukas — upang sagutin ang papasok na tawag sa pamamagitan ng saglit na pagpindot sa alinmang key, maliban sa power, sa mga kaliwa

at kanang selection key, o sa end key.

Awto-redayal > Bukas — upang itakda ang iyong telepono na gumawa ng hanggang 10 pagtatangka upang ikonekta ang tawag matapos ang isang di matagumpay na pagtatangkang tumawag.

Bilis-dayal > Bukas — Piliin ang pangalan at numero ng telepono na naitakda sa mga key ng mabilisang pagdayal, ang 2 hanggang 9. Upang idayal, pindutin ng matagalan ang nauuukol na numero.

Hintay tawag > Isaaktibo — upang itakda ang network upang abisuhan ka ng papasok na tawag habang ikaw ay may kasalukuyang tawag (serbisyo ng network). Tingnan ang "**Ang paghihintay ng tawag**" p. 30.

Buod pagkatapos ng tawag > Bukas — upang saglit na ipakita ang humigit-kumulang na tagal at halaga (serbisyo ng network) ng tawag matapos ang bawat tawag

Ipada ang caller ID ko (serbisyo ng network) > **Oo**, o **Itakda sa network**

Linya sa papalabas na tawag (serbisyo ng network) — upang piliin ang linya ng telepono na 1 o

2 upang tumawag, kung suportado ng iyong SIM card

Pag-handle ng slide call — upang i-set ang telepono na sumagot sa mga tawag kapag binuksan mo ang slide o tapusin ang tawag kapag iyong isinara ito

■ Ang Telepono

Piliin ang **Menu > Mga setting > Telepono** at mula sa mga sumusunod na opsyon:

Mga setting ng wika > Wikang panalita — upang i-set ang wika sa display ng iyong telepono. Kung pinili mo ang **Awtomatiko**, ang telepono ang pipili ng wika alinsunod sa impormasyon sa SIM card.

Mga setting ng wika > Wika ng SIM, upang pumili ng wika sa USIM card.

Mga setting ng wika > Wika ng playback ng boses — upang pumili ng isang wika na magagamit sa boses ng playback. Tingnan ang "**Pinahusay na voice dialing**" p. 29 at "**Mga voice command**" p. 68.

Status ng memorya — upang tingnan ang libreng memory at may lamang memory para sa bawat function sa listahan.

Awtomatik na keyguard — upang iayos ang keypad ng iyong telepono upang awtomatikong magkandado pagkaraan ng nakatakandang oras ng pag-antala kapag ang telepono ay nasa standby mode at walang function ng telepono na ginagamit. Piliin ang **Bukas**, at maaari mong itakda ang oras mula 5 segundo hanggang 60 minuto.

Keyguard ng seguridad — upang itakda ang telepono upang humingi ng code ng seguridad kapag bubuksan mo ang keyguard. Ipasok ang code ng seguridad, at piliin ang **Bukas**.

Kapag nakabukas ang keyguard, maaari pa rin ang mga tawag para sa opisyal na emergency na numero na nakaprograma sa iyong aparato.

Paunang pagbati — upang ipasok ang note na nais ninyong saglit na ipakita kapag ang telepono ay binuksan.

Operator seleksyon > Awtomatiko — upang itakda ang telepono para awtomatikong pumili ng isa sa mga cellular network na magagamit sa iyong lugar. Sa pamamagitan ng **Manwal**, maaari kang pumili ng network na may kasunduan sa

roaming sa iyong operator ng network sa iyong bansa.

Pagkumpirma ng SIM service — Tingnan ang "[Mga serbisyo ng SIM](#)" p. 106.

Pagsaaktibo ng tulong na teksto — upang piliin kung ipapakita ng telepono ang mga help texts.

Panimulang tono — upang piliin kung ipaparinig ng telepono ang tono sa pagsisimula kapag binuksan ang telepono.

Flight query — upang piliin kung ang **Flight profile i-aktibo?** ay lilitaw sa bawat minuto kung ang telepono ay nakabukas. Tingnan ang "[Ang flight mode](#)" p. 26.

■ Ang Pagpapahusay

Ang menu na ito ay ipinapakita lamang kung ang telepono ay naikonekta sa isang katugmang pagpapahusay ng mobile.

Piliin ang **Menu > Mga setting > Mga enhancement**. Maaari mong piliin ang menu ng pagpapahusay kung ang kaukulang pagpapahusay ay nakakonekta o naikonekta na sa telepono. Depende sa pagpapahusay, pumili mula sa mga sumusunod na opsyon:

Default na profile — upang piliin ang profile na nais mong awtomatikong magiging aktibo kapag kumunekta ka sa piniling pagpapahusay

Awtomatikong sasagutin — upang awtomatikong sumagot ang telepono sa papasok na tawag pagkaraan ng 5 segundo. Kung ang **Alerto ng papasok na tawag** ay nakatakda na **Beep 1 beses lang** o **Sarado**, ang awtomatikong pagsagot ay patay

Text telepono > Gamitin ang text telepono > Oo — upang gamitin ang mga setting ng telepono imbes na sa mga setting ng headset o loopset

■ Ang Configuration

Maaari mong i-configure ang iyong telepono sa mga setting na kailangan upang gumana ng mabuti ang ilang serbisyo. Ang mga serbisyo ay browser, pagmemensaheng multimedia, pagpareho sa pamamagitan ng malayong Internet server, aplikasyon ng email, at streaming. Kunin ang mga setting mula sa iyong SIM card, mula sa isang tagapaglaan ng serbisyo bilang isang mensahe ng configuration, o manwal na ipasok ang iyong mga personal setting. Ang mga setting

ng configuration mula 10 magkakaibang tagapaglaan ng serbisyo ay maaaring i-store sa telepono at maaaring pamahalaan sa menung ito.

Upang i-save ang configuration settings na natanggap sa pamamagitan ng configuration message na ipinadala ng isang tagapaglaan ng serbisyo, tingnan ang "[Configuration settings service](#)" p. 15.

Piliin ang **Menu > Mga setting > Kumpigu-rasyon** at mula sa mga sumusunod na opsyon:

Mga default na setting ng kumpig. — upang tingnan ang mga tagapaglaan ng serbisyo na naka-save sa telepono. Mag-scroll sa isang tagapaglaan ng serbisyo, at piliin ang **Detalye** upang makita ang mga aplikasyon na sinusupportahan ng mga setting ng configuration ng tagapaglaan ng serbisyo ng ito. Upang itakda ang mga setting ng configuration ng tagapaglaan ng serbisyo bilang mga default setting, piliin ang **Opsyon > Itakda na default**; upang tanggalin ang mga configuration setting, piliin ang **Tanggalin**.

Iaktibo default sa lahat aplikasyon — upang gawing aktibo ang mga default

configuration setting para sa mga suportadong aplikasyon.

Piniling access point — upang makita ang mga nai-save na access point. Mag-scroll sa isang access point, at piliin ang **Opsyon > Mga detalye** upang makita ang pangalan ng tagapaglaan ng serbisyo, data bearer, at packet data access point o numero ng GSM dial-up.

Kumunekta sa taga-paglaan ng serbisyo — upang i-download ang mga configuration setting mula sa iyong tagapaglaan ng serbisyo.

Mga setting ng manager ng aparato — upang hayaan o pigilan ang pagtanggap ng telepono ng mga update ng software ng telepono. Ang opsyon na ito ay maaaring di gamit depende sa iyong tagapaglaan ng serbisyo.

Setting ng personal na kumpigurasyon — upang manwal na magdagdag ng mga bagong personal na account para sa iba't-ibang serbisyo, at upang gawing aktibo o tanggalin ang mga ito. Upang magdagdag ng bagong personal na account kung wala kang anumang idinagdag, piliin ang **Idagdag**; kung hindi, piliin ang **Opsyon > Idagdag bago**. Piliin ang uri ng serbisyo, at piliin at ipasok ang bawat isa sa mga

kinakailangang parameter. Ang mga parameter ay nag-iiba alinsunod sa piniling uri ng serbisyo. Upang tanggalin o gawing aktibo ang isang personal account, mag-iskrol tungo dito at piliin ang **Opsyon > Tanggalin o Isaaktibo**.

■ Ang Seguridad

Kapag ang mga katangian ng seguridad na pumipigil sa mga tawag ay ginagamit (tulad ng paghadlang ng tawag, nakasarang grupo ng tumatawag at nakapirming pagdayal) ang mga tawag ay maaari pa rin sa opisyal na emergency number na nakaprograma sa iyong kagamitan.

Piliin ang **Menu > Mga setting > Seguridad** at mula sa mga sumusunod na opsyon:

Hinhiling ang PIN code — upang i-set ang telepono upang hingin ang iyong PIN code tuwing bubuksan ang telepono. May ilang SIM card na hindi nagpapahintulot na isara ang paghiling sa code.

Hinhinging PIN2 code — upang piliin kung ang PIN2 code ay kailangan kapag gumagamit ng partikular na katangian ng telepono na pinoprotektahan ng PIN2 code. May ilang SIM card na

hindi nagpapahintulot na isara ang paghiling sa code.

Paghahadlang ng tawag na serbisyo — upang hadlangan ang mga papasok na tawag at palabas na tawag mula sa inyong telepono (serbisyo ng network). Ang password ng paghadlang ay kinakailangan.

Fixed na pagdayal — upang pigilin ang iyong mga papalabas na tawag sa mga piniling numero ng telepono kung ang function na ito ay sinusuportahan ng iyong SIM card.

Saradong grupo ng gumagamit — upang tukuyin ang isang grupo ng mga tao na matatawagan mo at makakatawag sa iyo (serbisyo ng network).

Lebel ng seguridad > Telepono — upang i-set ang telepono na humingi ng code ng seguridad tuwing may bagong SIM card na ipinasok sa telepono. Kapag iyong pinili ang **Lebel ng seguridad > Memorya**, ang telepono ay hihingi ng code ng seguridad kapag ang memory ng SIM card ay pinili, at gusto mong palitan ang ginagamit na memory.

Mga access code — upang baguhin ang security code, PIN code, PIN2 code, o password ng paghadlang.

Gamit na code — upang piliin kung ang PIN code o UPIN code ay dapat na gawing aktibo.

Awtoridad ng sertipiko o Sertipiko ng gumagamit — upang tingnan ang listahan ng mga awtoridad o sertipiko ng gumagamit na na-download sa iyong telepono. Tingnan ang "[Mga sertipiko](#)" p. 104.

Mga setting ng mo-dule ng seguridad — upang makita ang **Mga detalye ng module ng seg.**, gawing aktibo ang **Hiling ng PIN module**, o palitan ang module PIN at signing PIN. Tingnan din ang "[Mga access code](#)" p. 14.

■ Ang pagbalik ng mga setting ng paktorya

Upang muling i-set ang ilan sa setting ng menu sa kanilang mga orihinal na value, piliin ang **Menu > Mga setting > Ibalik sa factory setting**. Ipasok ang code ng seguridad. Tandaan na ang data na ipinasok mo o nagawang i-download ay hindi tinatanggal, halimbawa, ang mga pangalan at numero ng telepono na na-save sa mga kontak.

10. Ang Menu ng Operator

Hahayaan ng menung ito na mapuntahan mo ang isang portal ng mga serbisyong ipinagkakaloob ng iyong network operator. Ang pangalan at icon ay depende sa operator. Para sa karagdagang impormasyon kontakín ang iyong network operator.

Maaaring i-update ng operator ang menu na ito sa pamamagitan ng mensahe ng serbisyo. Para karagdagang impormasyon, sumangguni sa "[Ang service inbox](#)" p. 102.

11. Ang Gallery



Sa menu na ito maaari mong pamahalaan ang graphics, mga imahen, inirekord, at tones. Ang mga function na ito ay nakaayos sa mga folder.

Ang iyong telepono ay sumusuporta sa activation key system upang protektahan ang nakuhang nilalaman. Laging tiyakin ang mga takda ng paghahatid ng anumang nilalaman at activation key bago kumuha ng mga ito, dahil maaaring may bayad ang mga ito.

Ang mga proteksyon sa karapatang-ari ay maaaring pumigil sa ilang imahe, musika (kasama ang mga tono ng ring), at iba pang nilalaman na makopya, mabago, mailipat o maipasa.

Upang makita ang listahan ng mga folder, piliin ang **Menu > Gallery**.

Upang makita kung ano nag opsyon nasa isang folder, piliin ang isang folder at mga **Opsyon**.

Upang makita ang listahan ng mga files na nasa isang folder, piliin ang isang folder at **Buksan**.

Upang makita ang nanditong mga opsyon sa isang file, piliin ang isang file at **Opsyon**.

12. Ang Media



Ang mga proteksyon sa karapatang-ari ay maaaring pumigil sa ilang imahe, musika (kasama ang mga tono ng ring), at iba pang nilalaman na makopya, mabago, mailipat o maipasa.

■ Ang Kamera

Maaari kang kumuha ng mga litrato o magrekord ng mga video clip sa pamamagitan ng nakapaloob na 2 megapixel na kamera. Ang kamera ay lumilikha ng mga larawan sa .jpg na format at mga video clip sa .3gp na format. Maaari mong palakihin sa hanggang walong na bese.

Kapag kumukuha o gumagamit ng mga imahe o video clip, sundin lahat ng batas at igalang ang mga lokal na kaugalian pati na rin ang pagkapribado at mga lehitimong karapatan ng iba.

Pagkuha na imahe

Upang bumalik sa viewfinder, piliin ang **Menu > Media > Kamera**. Kapag ang **Video** ay piniling maging default mode, mag-scroll pakaliwa or pakanan.

Para mag-zoom in o out, mag-scroll pataas o pababa.

Upang kumuha ng isang imahe, piliin ang **Kunan**.

Piliin ang **Opsyon** upang i-set ang **Night mode bukas** kung malabo ang ilaw, **Self-timer ay bukas** upang gawing aktibo ang self-timer **Seq. ng img. bukas** upang magkakaroon ng hanggang 8 imahe sa isang mabilisan na pagkasunod-sunod. Kung mas mataas ang resolution, mas kaunti ang mga imahe na makukunan mo ng magkasunod-sunod.

Piliin ang **Opsyon > Mga setting > Oras ng preview sa imahe** at upang mapanood sa display ang mga imahe na nakunan. Sa panonood, piliin ang **Balik** upang kumuhang muli ng isang litrato o ang **Ipadala** upang ipadala ang imahe bilang isang mensaheng multimedia.

Ise-save ng telepono ang imahe sa **Gallery > Mga retrato**.

Upang kumuhang muli ng ibang litrato, piliin ang **Balik**. Upang ipadala ang imahe bilang isang

mensaheng multimedia, piliin ang **Opsyon > Ipadala**.

Ang iyong aparato ay gumagamit ng resolusyon ng image capture na 1600 x 1200 pixels. Ang resolusyon ng imahe sa mga materyal na ito ay maaaring lumitaw na iba.

Pagrekord ng isang video clip

Piliin ang **Menu > Media > Kamera**. Upang piliin ang video mode, mag-scroll pakaliwa or pakanan. Upang panandaliang ihinto ang pagrekord, piliin ang **Ihinto**; upang ipagpatuloy ang pagrekord, piliin ang **Ituloy**. Upang ihinto ang pagrekord, piliin ang **Itigil**. Sine-save ng telepono ang nai-rekord sa **Gallery > Video clips**.

Mga opsyong ng kamera

Upang gumamit ng isang filter, piliin ang **Opsyon > Mga effect** at mula sa mga nanditong mga opsyon.

Upang palitan ang liwanag ng puti, piliin ang **Opsyon > White balance** at mula sa magagamit na mga opsyon.

Upang palitan ang mga setting ng kamera at video, piliin ang **Opsyon > Mga setting**.

■ Ang Media Player

Sa pamamagitan ng media player, maari kang manood, maglaro at mag-download ng mga file, tulad ng mga imahe, audio, video at mga gumagalaw na imahe. Maaari mo ring tingnan ang katugmang streaming videos mula sa isang tagapaglaan ng serbisyo (serbisyo ng network).

Piliin ang **Menu > Media > Media player > Buksan ang Gallery, Mga tanda, Punta sa address**, o **Media i-download**.

Ang pagkabit para sa isang streaming service

Maaari mong tanggapin ang configuration settings na kinakailangan para sa streaming bilang isang configuration message mula sa network operator o tagapaglaan ng serbisyo. Tingnan ang "[Configuration settings service](#)" p. 15. Upang manwal na ipasok ang mga setting, tingnan ang "[Ang Configuration](#)" p. 76.

Tingnan ang **Menu > Media > Media player > Sett. ng**

streaming at mula sa mga sumusunod na mga opsyon:

Kumpigurasyon – Ang mga configuration lamang na sumusuporta sa streaming ang ipapakita. Pumili ng isang tagapaglaan ng serbisyo, **Default**, o **Personal kumpig**.

Account – Ang isang account sa streaming service ang nilalaman sa aktibong mga configuration setting.





Maaari mong ayusin ang mabilisang pag-forward o pag-rewind na oras ng pagitan kung ginagamit ang streaming. Piliin ang **Menu > Media > Media player > Pagitan, FF/Rew** at ang pagitan na naisin mo.


■ Ang tagapagtugtog ng musika



Kasama sa iyong telepono ang isang tagapatugtog ng musika para sa pakikinig ng mga music tracks, mga inirekord, o ibang MP3, AAC o WMA na sound files na inilipat mo sa telepono sa pamamagitan ng Nokia Audio Manager application. Ang mga file ng musika ay awtomatikong dinedetekta at idinaragdag sa default na listahan ng track.



Ang Pagpapatugtog ng mga music track


1. Piliin ang **Menu > Media > Music player**. Ang mga detalye ng unang track sa default track list ay ipinapakita.

Upang gamitin ang graphical keys, , , , o , sa display, mag-scroll sa kaliwa o kanan patungo sa nais na key, at piliin ito.

2. Upang patugtugin ang isang track, mag-scroll sa track na nais mo, at piliin ang  .

Upang lumaktaw sa simula ng susunod na track, piliin ang  . Upang lumaktaw sa simula ng nakaraang track, piliin ang  nang dalawang beses.

Upang iurong ang kasalukuyang track, pindutin ng matagal ang  . Upang mabilis na isulong ang kasalukuyang track, pindutin ng matagal ang  . Bitiwan ang key sa posisyon na nais mo.

3. Upang ihinto ang pagpapatugtog, piliin ang  .



Babala: Makinig ng musika sa kainamang lakas. Ang patuloy na pakikinig ng malakas ay maaaring makapinsala sa iyong pandinig. Huwag masyadong ilapit ang iyong aparato sa iyong tainga kapag ginagamit ang loudspeaker, dahil ang volume ay maaaring sobrang lakas.

Ang mga setting ng tagapagpatugtog ng musika

Sa **Music player** menu, ang mga sumusunod na opsyon ay maaaring magamit:

Volume — Upang baguhin ang lakas ng volume, mag-scroll pakaliwa or pakanan.

I-play sa Bluetooth — Kumunekta sa isang pagpapahusay ng audio na gamit ang isang Bluetooth connection.

Lista ng track — Tingnan ang lahat ng mga track na nasa listahan ng track. Upang patugtugin ang isang track, mag-scroll sa nais na track, at piliin ang

I-play. Piliin ang **Opsyon > I-refresh track or Palitan lista track** — Gawing bago ang listahan ng track (halimbawa ay

pagkatapos magdagdag ng mga bagong track sa listahan) o palitan ang listahan ng track na ipapakita kapag binuksan mo ang **Music player** menu, kung maraming listahan ng track ang makukuha sa telepono.

Opsyon pag-play > Random > Bukas — Patugtugin ang mga track sa listahan ng track sa iba't ibang pagkakasunod-sunod. Piliin ang **Ulitin > Kasalukuyang track o Lahat mga track** upang patugtugin ang kasalukuyang track o ang buong listahan ng track nang paulit-ulit.

Media equaliser — Buksan ang listahan ng media equalizer sets. Tingnan ang "**Ang Equalizer**" p. 88.

Ipadala — Ipadala ang napiling file gamit ang MMS o Bluetooth na koneksyon.

Web pahina — Kumunekta sa isang browser service na may kaugnayan sa kasalukuyang track. Ang function na ito ay magagamit lamang kapag ang address ng serbisyo ay kasama sa track.

Downld. ng musika — Pag-download ng musika sa iyong telepono.

Status ng memorya — Tingnan ang walang laman at puno na memory.

■ Ang radyo

Ang FM na radyo ay nakadepende sa antenna maliban sa antenna ng wireless ng aparato. Ang isang katugmang headset o pagpapahusay ay kailangang ikabit sa aparato para gumana nang wasto ang FM na radyo.



Babala: Makinig ng musika sa kainamang lakas. Ang patuloy na pakikinig ng malakas ay maaaring makapinsala sa iyong pandinig. Huwag masyadong ilapit ang iyong aparato sa iyong tainga kapag ginagamit ang loudspeaker, dahil ang volume ay maaaring sobrang lakas.

Piliin ang **Menu > Media >**

Radyo. Upang gamitin ang mga graphical key ▲, ▼, ◀, o ▶ sa display, mag-scroll sa kaliwa o kanan patungo sa gustong key, at piliin ito.

Pagsave ng mga estasyon ng radyo

1. Upang simulan ang paghanap ng estasyon ng radyo, piliin at huwag iangat ang ◀ o ▶. Upang baguhin ang frequency ng radyo sa 0.05-MHz steps,

saglit na pindutin ang ◀ o ▶.

2. Upang i-save ang estasyon ng radyo sa isang lokasyon sa memory, 1 hanggang 9, pindutin ng matagal ang kaukulang numero key. Upang i-save ang estasyon sa lokasyon ng memory mula 10 hanggang 20, saglit na pindutin ang 1 o 2, at pindutin ng matagal ang nais na numero key, 0 hanggang 9.
3. Ipasok ang pangalan ng istasyon, at piliin ang **OK**.

Ang pakikinig sa radyo

Piliin ang **Menu > Media > Radyo.** Upang mag-iskrol sa nais na estasyon, piliin ang ▲ o ▼, o pindutin ang headset key, o upang piliin ang isang lokasyon ng estasyon ng radyo, saglit na pindutin ang mga kaukulang number key.

Piliin ang **Opsyon** at mula sa sumusunod na mga opsyon:

Isarado — upang patayin ang radyo

Volume — upang baguhin ang lakas ng volume, mag-scroll pakaliwa or pakanan.

I-save ang istasyon — upang i-save ang isang bagong istasyon ng radyo

Mga istasyon — Piliin ang mga nai-save na mga estasyon ng radyo. Upang tanggalin o baguhin ang pangalan ng isang estasyon ng radyo, mag-scroll sa nais na folder, at piliin ang **Opsyon > Tanggalin istasyon** o **Ngalan baguhin**.

Lawdspeaker o **Headset** — Makinig sa radyo gamit ang loudspeaker o headset. Panatilihin nakakonekta ang headset sa telepono. Ang lead ng headset ay nagsisilbing antenna ng radyo.

Frequency itakda — Ipasok ang frequency ng gustong estasyon ng radyo.

Karaniwang makakatawag ka o makakasagot ng tawag habang nakikinig sa radyo. Habang may tawag, ang volume ng radyo ay patatahimikin.

Kapag ang isang aplikasyon na gumagamit ng packet data o HSCSD na koneksyon ay nagpapadala o tumatanggap ng data, ito ay maaaring makagambala sa radyo.




■ Ang Taga-rekord


Puwede kang magrekord ng pananalita, tunog o isang aktibong tawag. Ito ay kapaki-pakinabang kapag nagrerekord ng isang pangalan at numero ng telepono upang maisulat sa ibang pagkakataon.


Ang rekorder ay hindi magagamit kapag ang data call o GPRS na koneksyon ay aktibo.

Pag-record ng tunog

1. Piliin ang **Menu > Media > Recorder**.

Para magamit ang mga graphical na key, ( ,  , o ), sa display, mag-scroll sa kaliwa o kanan ng nais na key, at piliin ito.

2. Upang simulan ang pag-record, piliin ang  . Upang simulan ang pag-record habang nasa isang tawag, piliin ang **Opsyon > Rekord**. Habang nagrerekord ng isang tawag, lahat ng partido sa tawag ay makakarinig ng mahinang beep humigit-kumulang sa tuwing 5 segundo. Kapag nagre-record ng tawag, hawakan ang telepono sa normal na posisyon na malapit sa iyong tainga.

3. Upang tapusin ang pag-record, piliin ang . Ang recording ay sine-save sa **Gallery > Mga recording**.
 4. Upang pakinggan ang pinakahuling nirekord, piliin ang **Opsyon > I-play ang huli**.
 5. Upang ipadala ang huling recording gamit ang Bluetooth wireless na teknolohiya o isang mensaheng multimedia, piliin ang **Opsyon > Ipadala ang huli**.
- Upang gawing aktibo ang isang set, mag-scroll sa isa sa mga set ng equalizer, at piliin ang **I-aktibo**.
- Upang tingnan, i-edit o ibahin ang pangalan ng isang piniling set, piliin ang **Opsyon > Tingnan, I-edit**, o **I-rename muli**. Hindi lahat ng set ay mae-edit o mapapalitan ng pangalan.

Listahan ng mga inirekord

Listahan ng mga inirekord
Menu > Media > Recorder > Opsyon > Rekordings lista. Ang listahan ng mga folder sa **Gallery** ay ipapakita. Buksan **Mga recording** upang makita ang listahan ng mga inirekord. Piliin **Opsyon** upang makita ang mga opsyon sa **Gallery**. Tingnan ang "Ang Gallery" p. 81.

■ Ang Equalizer

Makontrol mo ang kalidad ng tunog kapag gumagamit ng tagapagpatugtog ng musika sa pamamagitan ng pagpapalakas o pagpapahina ng frequency bands.

Piliin ang **Menu > Media > Equaliser**.

13. Ang Organizer



■ Ang orasang may alarma

Maaari mong ilagay ang nais na oras upang mag-alarma ang telepono. Piliin ang **Menu** > **Organiser** > **Alarm clock**.

Upang i-set ang alarma, piliin ang **Oras ng alarma**, at ipasok ang oras ng pag-alarma. Upang baguhin ang oras ng alarma kung naitakda na ang oras ng alarma, piliin ang **Bukas**. Upang itakda ang telepono upang alertuhin ka sa mga piniling araw ng linggo, piliin ang **Alarma ulitin**.

Upang piliin ang tono ng alarma o itakda ang estasyon ng radyo bilang tono ng alarma, piliin ang **Tono ng alarma**. Kung pinili mo ang radyo bilang tono ng alarma, ikonekta ang headset sa telepono. Ginagamit ng telepono ang huling estasyon na iyong pinakinggan bilang alarma, at ang alarma ay tutunog sa loudspeaker. Kung tinanggal mo ang headset o isinara ang telepono, ang default na tono ng alarma ay papalit sa radyo.

Upang i-set ang snooze time-out, piliin ang **Mamaya time-out**.

Pagpatay ng alarma

Ang telepono ay magpaparinig ng tono ng alerto, at ipa-flash ang **Alarma!** at ang kasalukuyang oras sa display, kahit na isinara ang telepono. Upang patayin ang alarma, piliin ang **Itigil**. Kung hahayaan mo ang telepono na patuloy na magparinig ng alarma hanggang isang minuto o pinili ang **I-snoz.**, ang alarma ay hihinto sa napiling snooze time-out at saka magpapatuloy.

Kung ang oras ng alarma ay naabot habang nakasara ang aparato, kusang bubukas ang aparato at magsisimulang patunugin ang tono ng alarma. Kung pinili mo ang **Itigil**, itatanong ng aparato kung nais mong gawing aktibo ang telepono para sa mga tawag. Piliin ang **Hindi** upang patayin ang aparato o **Oo** upang tumawag at tumanggap ng mga tawag. Huwag piliin ang **Oo** kapag ang wireless phone ay maaaring maging sanhi ng panggagambala o panganib.

■ Ang Kalendaryo

Piliin ang **Menu > Organiser > Kalendaryo**.

Ang kasalukuyang araw ay nakasaad sa isang kuwadro. Piliin ang **Opsyon** at mula sa mga sumusunod na opsyon:

View ng linggo — upang makita ang kabuuan ng isang linggo sa kalendaryo

Gumawa ng tala — upang gumawa ng isang note. Pumili ng isa sa mga sumusunod ng uri ng mga note:

 **Pulong**,  **Tawag**, 

Kaarawan,  **Memo** o 

Paalala, at pagkatapos ay sagutan ang mga patlang para sa uri ng note na napili.

Punta sa petsa — upang pumunta sa isang naturang araw sa kalendaryo

Punta sa ngayon — upang pumunta sa mga lakad sa araw na ito sa kalendaryo

Mga setting — upang i-set ang petsa, oras at ibang mga settings para sa kalendaryo

Punta sa gawain — upang pumunta sa listahan ng mga gagawin


Kung may anumang mga tala na nakatakda para sa isang araw, kapag binuksan ang kalendaryo

ang araw ay ginawang bold.

Upang tingnan ang notes sa araw, piliin ang **Tingnan**. Upang tanggalin lahat ng mga tala sa kalendaryo, piliin ang view ng buwan o linggo, at piliin ang **Opsyon > Tanggalin lahat tala**.

Ang ibang opsyon sa calendar day view ay magbura, mage-edit, maglipat o mag-ulit ng isang note; mangopya ng isang note sa ibang araw; magpadala ng isang note sa pamamagitan ng Bluetooth wireless na teknolohiya, o magpadala ng isang note sa kalendaryo in isang katugmang telepono bilang isang mensaheng teksto o multimedia. Sa **Opsyon > Mga setting**, maliban sa pag-set ng araw at oras, maaari mo ring i-set ang time zone, ang ayos ng petsa at oras, isang tono ng kalendaryo, default view at kung anong araw ito mag-uumpisa. Sa **Awto-tanggal ng mga tala** na option, maaari mong i-set ang telepono upang awtomatikong tanggalin ang lumang notes pagkaraan ng isang tinukoy na oras.

Ang isang alarma sa note

Ang telepono ay magbi-beep at ipapakita ang note. Habang may call note  sa display, maaari mong tawagan ang ipinapakitang

numero, pindutin ang call key. Upang patigilin ang alarma at upang tingnan ang tala, piliin ang **Tingnan**. Upang patigilin ang alarma ng 10 minuto, piliin ang **I-snoz**. Upang patigilin ang alarma nang hindi binabasa ang tala, piliin ang **Labas**.

■ Ang listahan ng gagawin

Upang i-save ang mga tala para sa kailangan mong gawin, piliin ang **Menu > Organisiser > Lista ng gawain**.

Upang gumawa ng tala kung walang talang naidagdag, piliin ang **Idagdag**; kung hindi naman ay piliin ang **Opsyon > Idagdag**. Isulat ang note, at piliin ang prioridad, at i-set ang deadline at alarma para sa note, at **I-save**.

Upang tingnan ang isang tala, mag-scroll dito, at piliin ang **Tingnan**.

Maaari mo ring piliin ang isang opsyon upang tanggalin ang piniling tala at tanggalin ang lahat ng tala na iyong minarkahang natapos na. Maaari mong ayusin ang notes ayun sa prioridad o deadline, magpadala ng isang note sa ibang telepono bilang tekstong mensahe o mensaheng multimedia, i-save ito bilang

calendar note, o gamitin ang kalendaryo.

Habang tinitingnan ang isang note, maaari ka ring pumili ng isang opsyon upang i-edit ang itinakdang araw o prioridad para sa note, o markahan ang note bilang natapos na.

■ Mga tala

Upang gamitin ang aplikasyon na ito sa pagsulat at pagpapadala ng mga tala, piliin ang **Menu > Organisiser > Mga tala**. Upang gumawa ng tala kung walang talang naidagdag, piliin ang **Idagdag**; o di kaya'y piliin ang **Opsyon > Gumawa ng tala**. Sumulat ng tala, at piliin ang **I-save**.

Kabilang sa iba pang opsyon para sa mga note ay ang pagtanggal, at pag-edit ng isang tala. Habang nag-eedit ng isang tala, maaari mong pumunta sa editor ng tekstong hindi sine-save ang mga pagbabago. Maaari mong ipadala ang note sa isang katugmang kagamitan na gamit ang tekstong mensahe, isang mensaheng multimedia, o Bluetooth wireless na teknolohiya.

■ Ang Calculator

Ang calculator sa iyong telepono ay nagdaragdag, nagbabawas, nagmumultiplika, naghahati, kumakalkula ng square at ng square root at kumukuha ng katumbas ng pera sa palitan.



Paalala: Ang calculator na ito ay may limitadong kawastuhan at idinisenyo para sa mga simpleng kalkulasyon.

Piliin ang **Menu > Organiser > Calculator**. Kapag ang 0 ay ipinakita sa screen, ipasok ang unang numero sa kalkulasyon, pindutin ang # para sa isang decimal point. Piliin ang **Opsyon > Idagdag, Ibawas, I-multiply, Hatiin, I-square, Square root, o Sign palitan**. Ipasok ang ikalawang numero. Para sa kabuuan, piliin ang **Resulta**. Kung ilang beses kailangan, piliin ang **Opsyon** at ang opsyon muli. Upang simulan ang isang bagong kalkulasyon, pindutin ng matagal ang **I-clear**.

Pagkuha ng katumbas ng pera sa palitan

Piliin ang **Menu > Organiser > Calculator**. Upang i-save ang halaga ng palitan, piliin ang **Opsyon > Halaga ng palitan**. Piliin ang alinman sa mga

ipinapakitang opsyon. Ipasok ang halaga ng palitan, pindutin ang # key para sa isang decimal point, at piliin ang **OK**. Ang halaga sa palitan ay mananatili sa memory hanggang sa palitan mo ito ng iba. Upang gawin ang pagkuha ng katumbas na halaga ng pera, ipasok ang halagang kukunin ang katumbas sa palitan, piliin ang **Opsyon > Sa lokal, o Sa banyaga**.

■ Ang Countdown timer

Piliin ang **Menu > Organiser > Countd. timer**. Ipasok ang oras ng alarma sa mga oras, minuto, at segundo, at piliin ang **OK**. Kung nais mo, isulat ang iyong sariling note na ipapakita kapag natapos na ang oras. Upang simulan ang countdown timer, piliin ang **Simulan**. Upang baguhin ang oras ng countdown, piliin ang **Palitan oras**. Upang ihinto ang timer, piliin ang **Timer itigil**.

Kapag ang oras ng alarma ay naabot habang ang telepono ay nasa standby mode, ang telepono ay magpaparinig ng tono at ipa-flash ang teksto ng tala kung ito ay nakatakda o **Countdown tapos na**. Upang patayin ang alarma, pindutin ang alinmang key. Kung walang pinindot na key,

ang alarma ay awtomatikong titigil pagkaraan ng 30 segundo. Upang patayin ang alarma at upang tanggalin ang tekstong tala, piliin ang **Labas**. Upang simulan uli ang countdown timer, piliin ang **Simula**.

■ Ang Stopwatch

Upang sukatin ang oras, kunin ang intermediate time, o kunin ang lap time, gamit ang stopwatch. Sa panahon ng pag-ooras, ang ibang function ng telepono ay magagamit. Upang itakda ang pag-ooras ng stopwatch sa background, pindutin ang end key.

Ang paggamit ng stopwatch o hayaang umandar ito sa background habang ginagamit ang ibang mga katangian ay nagtataas ng pangangailangan ng power ng baterya at nagbabawas sa buhay ng baterya.

Piliin ang **Menu > Organizer > Stopwatch** at mula sa mga sumusunod na opsyon:

Split na timing — upang kumuha ng mga intermediate time. Upang simulan ang pag-observerba ng oras, piliin ang **Simulan**. Piliin ang **Split** kung gusto mong kumuha ng intermediate time. Upang ihinto ang pag-observerba ng oras, piliin ang **Itigil**. Upang i-save ang

nakuhang oras, piliin ang **I-save**. Upang simulan uli ang pag-observerba ng oras, piliin ang **Opsyon > Simulan**. Ang bagong oras ay idinaragdag sa naunang oras. Upang i-reset ang oras nang walang pag-save nito, piliin ang **Opsyon > I-reset**. Upang itakda ang pag-ooras ng stopwatch sa background, pindutin ang end key

Timing ng lap — upang kumuha ng mga lap time. Upang itakda ang pag-ooras ng stopwatch sa background, pindutin ang end key

Ituloy — upang makita ang pag-ooras na inilagay mo sa background

Ipakita ang huli — upang tingnan ang pinakahuling nakuhang oras kung ang stopwatch ay hindi na-reset

I-view times o Tanggalin oras — upang makita o tanggalin ang mga nai-save na oras

14. Mga aplikasyon



■ Mga laro

Ang software ng iyong telepono ay may mga kasamang laro.

Ang paglunsad ng isang laro

Piliin ang **Menu > Mga aplikasyon > Mga laro**. Mag-scroll sa nais na laro, at piliin ang **Buksan**.

Para sa mga opsyon na may kinalaman sa isang laro, tingnan ang "[Ibang mga opsyon sa aplikasyon](#)" p. 94.

Ang pag-download ng mga laro

Piliin ang **Menu > Mga aplikasyon > Opsyon > Mga download > Download ng laro**.

Ang listahan ng mga naroon bookmark ay ipapakita.

Mag-install lamang at gumamit ng mga aplikasyon at iba pang software mula sa mga pinagkukunan na nagbibigay ng sapat na seguridad at proteksiyon laban sa mapaminsalang software.

Mga setting ng laro

Upang i-set ang mga tunog, ilaw, at pagyanig para sa laro, piliin ang **Menu > Mga aplikasyon > Opsyon > Setting ng aplikas..**

■ Ang Koleksyon

Kabilang sa software ng iyong telepono ang mga ilang aplikasyong Java na sadyang idinisenyo para sa teleponong Nokia na ito.

Paglunsad ng isang aplikasyon

Piliin ang **Menu > Mga aplikasyon > Koleksyon**. Mag-scroll sa isang aplikasyon, at piliin ang **Buksan**.

Ibang mga opsyon sa aplikasyon

Tanggalin — upang tanggalin ang aplikasyon o set ng aplikasyon mula sa telepono

Mga detalye — upang mabigyan ng karagdagang impormasyon tungkol sa aplikasyon

I-update bersiyon — upang makita kung ang isang bagong bersiyon ng aplikasyon ay makukuha upang i-download mula sa **Web** (serbisyo ng network)

Web pahina — upang magkaloob ng iba pang impormasyon o karagdagang data para sa aplikasyon mula sa Internet page. Ang katangiang ito ay dapat na sinusupportahan ng network. Ito ay ipapakita lamang kung ang Internet address ay ibinigay kasama ng aplikasyon.

Access aplikasyon — upang limitahan ang aplikasyon sa paggamit ng network. Ang iba't-ibang kategorya ay ipapakita. Pumili sa bawat kategorya, kung mayroon, ang isa sa mga sumusunod na pagpapahintulot: **Itanong lagi** at ang telepono ay laging magtatanong ng paggamit sa net, **Itanong lang sa una** at ang telepono ay hihingi ng pagpapahintulot gumamit sa net sa unang pagsubok, **Laging pinayagan** upang pahintulutan ang paggamit sa net o **Di pinapayagan** upang huwag pahintulutan paggamit sa net.

Pag-download ng isang aplikasyon

Ang iyong telepono ay may mga J2ME Java applications. Tiyakin na ang aplikasyon ay katugma ng iyong telepono bago ito i-download.

Mag-install lamang at gumamit ng mga aplikasyon at iba pang software mula sa mga pinagkukunan na nagbibigay ng sapat na seguridad at proteksiyon laban sa mapaminsalang software.

Maaari kang mag-download ng mga bagong aplikasyong Java sa iba't-ibang paraan:

Piliin ang **Menu > Mga aplikasyon > Opsyon > Mga download > Apli. download**, at ang listahan ng mga naruong bookmark ay ipapakita. Piliin ang naaangkop na bookmark upang kumunekta sa nais na pahina. Para sa pagkakaroon ng iba't-ibang serbisyo, mga presyo, at mga taripa, kontakin ang iyong tagapaglaan ng serbisyo.

Gamitin ang function ng pag-download ng laro. Tingnan ang "**Ang pag-download ng mga laro**" pahina 94.

Gamitin ang Nokia Application Installer mula sa PC Suite upang

i-download ang mga aplikasyon sa iyong telepono.

Ang iyong aparato ay maaaring may mga tanda na inilagay para sa mga site na hindi kasapi sa Nokia. Hindi ginagarantiyahan o inirekomenda ng Nokia ang sites na ito. Kung pinili mong gamitin ang mga ito, dapat mong gawin ang mga parehong pag-iingat, para sa seguridad o nilalaman, na tulad sa anumang ibang Internet site.

Kapag nag-download ng isang aplikasyon, ito ay maaaring i-save sa **Mga laro** menu sa halip na sa **Mga aplikasyon** menu.

15. Ang Web



Maaari mong ma-access ang iba't-ibang serbisyong internet para sa mobile sa pamamagitan ng browser ng iyong telepono.



Mahalaga: Gumamit lamang ng mga serbisyo na iyong pinagkakatiwalaan at nag-aalok ng sapat na seguridad at proteksiyon laban sa mapaminsalang software.

Alamin ang pagkakaroon ng mga serbisyong ito, mga presyo, buwis, mga tagubilin mula sa iyong tagapaglaan ng serbisyo.

Sa pamamagitan ng browser ng iyong telepono maaari mong makikita ang mga serbisyong gumagamit ng wireless markup language (WML) o extensible hypertext markup language (XHTML) sa kanilang mga pahina. Ang anyo ay maaaring mag-iba dahil sa sukat ng screen. Maaaring hindi mo makita ang lahat ng detalye ng pahina ng Internet.

■ Pagkuha at paggamit ng mga serbisyo

1. I-save ang settings ng serbisyo na kinakailangan upang magamit ang serbisyong nais mong gamitin. Tingnan ang "[Pag-set up para sa pagbrowse](#)" p. 97.
2. Kumunekta sa serbisyo. Tingnan ang "[Pagkonekta sa isang serbisyo](#)" p. 98.
3. Simulan magbasa ng mga pahina ng serbisyo. Tingnan ang "[Magbasa ng mga pahina](#)" p. 98.
4. Pagkatapos mong magbasa, alisin ang koneksyon sa serbisyo. Upang alisin ang pagkakangonekta, tingnan ang "[Mga opsyon habang nagbabasa](#)" p. 99.

■ Pag-set up para sa pagbrowse

Maaari mong tanggapin ang mga configuration setting na kinakailangan para sa browsing bilang configuration message mula sa network operator o tagapaglaan ng serbisyo na

nagbibigay ng serbisyo na nais mong gamitin. Tingnan ang "Configuration settings service" p. 15. Maaari mo ring manwal na ipasok ang mga settings. Tingnan ang "Ang Configuration" p. 76.

■ Pagkonekta sa isang serbisyo

Siguraduhin na ang tamang settings ng configuration ng serbisyo na nais mong gamitin ay naging aktibo.

1. Upang piliin ang mga setting sa pagkonekta sa serbisyo, piliin ang **Menu > Web > Mga setting > Mga setting ng kumpigurasyon**.
2. Piliin ang **Kumpigurasyon**. Ang mga configuration lamang na sumusuporta sa browsing service ang ipapakita. Piliin ang tagapaglaan ng serbisyo, **Default**, o **Personal kumpig**, para sa browsing. Tingnan ang "Pag-set up para sa pagbrowse" p. 97.
3. Piliin ang **Account** at ang isang account ng browsing service na nasa aktibong settings ng configuration.
4. Piliin ang **Ipakita ang ter-minal na window > Oo** para gawin ang manwal na pagpapatibay ng gumagamit


para sa mga intranet na koneksyon.


Kumunekta sa serbisyo sa isa sa mga sumusunod na paraan:

- Piliin ang **Menu > Web > Home**; o sa standby mode, pindutin ng matagal ang 0.
- Upang pumili ng tanda ng serbisyo, piliin ang **Menu > Web > Mga tanda**.
- Upang piliin ang huling URL, piliin ang **Menu > Web > Huling address ng web**.
- Upang ipasok ang address ng serbisyo, at piliin ang **Menu > Web > Pumunta sa address**. Ipasok ang adres ng serbisyo, at piliin ang **OK**

■ Magbasa ng mga pahina

Pagkakonekta mo sa serbisyo, maaari ka nang magsimulang magbasa ng mga pahina nito. Ang function ng phone keys ay maaaring iba-iba sa magkakaibang serbisyo. Sundin ang mga tekstong patnubay sa display ng telepono. Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang iyong tagapaglaan ng serbisyo.

Kung ang packet data ang pinili bilang tagadala ng data, ang  ay

ipapakita sa bandang itaas sa kaliwa ng display kapag ginagawa ang pagbabasa. Kung tumanggap ka ng tawag o tekstong mensahe, o tumawag habang nasa isang packet data connection, ang  ay nagpapakita na ang packet data connection ay ipinagliban (pinagpahintay). Pagkatapos ng tawag, ang telepono ay magtatangkang muling kumunekta sa packet data connection.

Magbasa gamit ang mga key ng telepono

Mag-scroll sa anumang direksyon upang basahin ang pahina.

Upang pumili ng isang na-highlight na item, pindutin ang call key, o piliin ang **Piliin**.

Upang ipasok ang mga letra at numero, pindutin ang mga key na 0 hanggang 9. Upang magpasok ng mga espesyal na karakter, pindutin ang *.

Mga opsyon habang nagbabasa

Pumili mula sa mga sumusunod na opsyon:

Mga shortcut — upang buksan ang isang bagong listahan ng mga opsyon napartikular sa pahina.

Magkakaroon lamang ng opsyon na ito kung ang pahina ay naglalaman ng mga shortcut.

Home — upang bumalik sa iyong pahinang pinagsimulan

Tanda idagdag — upang i-save ang pahina bilang isang bookmark

Mga tanda — upang makita ang listahan ng bookmarks. Tingnan ang "**Mga bookmark**" p. 100.

Punta sa address — upang ipasok ang address ng bagong serbisyo

Opsyon ng pahina — upang ipakita ang listahan ng mga opsyon para sa aktibong pahina

History — upang makakuha ng isang listahan na nagpapakita ng mga URL na pinakahuling binisita

Mga download — upang makita ang listahan ng mga mai-dodownload na mga serbisyo

Ibang mga opsyon — upang ipakita ang isang listahan ng ibang mga opsyon

I-reload — upang muling ilagay at isapanahon ang kasalukuyang pahina

Umalis — upang dumiskunekta sa serbisyo

Ang tagapaglaan ng serbisyo ay maaari ring mag-alok ng ibang mga opsyon.

Ang diretsong pagtawag

Ang browser ay sumusuporta sa mga function na maaari mong ma-access habang nagbabasa. Maaari kang tumawag sa telepono, magpadala ng DTMF tones habang nasa isang tumatawag, at i-save ang isang pangalan at numero ng telepono mula sa isang pahina.

■ Mga bookmark

Puwede mong i-save ang mga address bilang mga bookmark sa memory ng telepono.

1. Habang nagbabasa, piliin ang **Opsyon > Mga tanda**; o sa standby mode, piliin ang **Menu > Web > Mga tanda**.
2. Mag-scroll sa isang bookmark, at piliin ito, o pindutin ang call key upang kumunekta sa pahinang kaugnay ng bookmark.
3. Piliin ang **Opsyon** upang tingnan, i-edit, tanggalin, o ipadala ang bookmark; upang lumikha ng bagong bookmark; o upang i-save ang bookmark sa isang folder.

Ang iyong aparato ay maaaring may mga tanda na inilagay para sa mga site na hindi kasapi sa Nokia. Hindi ginagarantiyahan o

inirekomenda ng Nokia ang sites na ito. Kung pinili mong gamitin ang mga ito, dapat mong gawin ang mga parehong pag-iingat, para sa seguridad o nilalaman, na tulad sa anumang ibang Internet site.

Pagtanggap ng tanda

Kapag tumanggap ka ng bookmark na ipinadala bilang bookmark, ang **1 tanda natanggap** ay ipapakita. Upang makita ang bookmark, piliin ang **Ipakita**.

■ Ang settings ng anyo

Habang nagbabasa, piliin ang **Opsyon > Ibang mga opsyon > Setting ng anyo**; o sa standby mode, piliin ang **Menu > Web > Mga setting > Mga setting ng anyo** at mula sa mga sumusunod na opsyon:

Pag-wrap ng teksto > Bukas — upang i-set ang teksto na magpatuloy sa kasunod na linya sa display. Kung pinili mo ang **Sarado**, ang teksto ay paiikliin.

Laki ng font — upang i-set ang laki ng font

Mga imahen ipakita > Hindi — upang itago ang mga larawan sa pahina. Ito ay makakapagpabilis sa

pagbabasa ng mga pahinang naglalaman ng maraming larawan.

Mga alerto > Alerto sa di-ligtas na kuneksyon > Oo — upang i-set ang telepono upang mag-alerto kapag ang isang ligtas na koneksyon ay naging di ligtas habang nagbabasa.

Mga alerto > Alerto para sa mga di-ligtas na bagay > Oo — upang i-set ang telepono upang mag-alerto kapag ang encrypted page ay naglalaman ng di ligtas na aytem. Ang mga alertong ito ay hindi gumagarantiya ng isang ligtas na koneksyon. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang "[Seguridad ng browser](#)" p. 103.

Pag-eencode ng karakter > Pag-eencode ng laman — upang piliin ang encoding para sa nilalaman ng pahina ng browser

Pag-eencode ng karakter > Unicode (UTF-8) mga web address > Bukas — upang itakda ang telepono na magpadala ang URL bilang UTF-8 encoding. Maaaring kailanganin mo ang setting na ito kapag nagpumunta ka sa isang Web page na nilikha sa banyagang wika.

JavaScript > Paganahin — upang paandarin ang mga Java script

■ Ang setting ng seguridad

Ang Cookies

Ang cookie ay isang data na tinitipon ng site sa cache memory ng iyong telepono. Ang cookies ay tinitipon hanggang alisan mo ng laman ang cache memory. Tingnan ang "[Ang cache memory](#)" p. 103.

Habang nagbabasa, piliin ang **Opsyon > Ibang mga opsyon > Seguridad > Setting ng cookie**; kung nasa standby mode, piliin ang **Menu > Web > Mga setting > Mga setting ng seguridad > Mga cookie**. Upang pahintulutan o pigilan ang teleponong tumanggap ng mga cookies, piliin ang **Payagan o Tanggihan**.

Mga script sa ligtas na koneksyon

Maaari mong piliin kung nais mong ipahintulot ang paggamit ng mga script mula isang ligtas na pahina. Ang telepono ay sumusuporta sa WML scripts.

Habang nagbabasa, upang pahintulutan ang mga script, piliin ang **Opsyon > Ibang mga opsyon > Seguridad > Sett. ng WMLScript**; o sa standby mode, piliin ang **Menu > Web > Mga**

setting > **Mga setting ng seguridad** > **WMLScript sa secure na kuneksyon** > **Payagan**.

■ Ang service inbox

Ang telepono ay makakatanggap ng mga serbisyong mensahe (mga itinulak na mensahe) na ipinadala ng iyong tagapaglaan ng serbisyo serbisyo ng network). Ang mga mensaheng serbisyo ay mga pagbabalita (halimbawa, mga ulong balita), at maaaring naglaman ang mga ito ng tekstong mensahe o address ng isang serbisyo.

Upang magamit ang **Serbisyong inbox** sa standby mode, kung nakatanggap ka ng isang mensaheng serbisyo, piliin ang **Ipakita**. Kung pinili mo ang **Labas**, ang mensahe ay lililapat sa **Serbisyong inbox**. Upang magamit ang **Serbisyong inbox** sa hinaharap, piliin ang **Menu** > **Web** > **Serbisyong inbox**.

Upang magamit ang **Serbisyong inbox** habang nagbabasa, piliin ang **Opsyon** > **Ibang mga opsyon** > **Serbisyo inbox**. Mag-scroll sa mensaheng nais mo, at upang gawing aktibo ang browser at i-download ang minarkahang nilalaman, piliin ang **Kunin**. Upang ipakita ang detalyadong

impormasyon tungkol sa paunawa ng serbisyo o upang tanggalin ang mensahe, piliin ang **Opsyon** > **Mga detalye** o **Tanggalin**.

Mga setting ng serbisyong inbox

Piliin ang **Menu** > **Web** > **Mga setting** > **Mga setting ng serbisyo inbox**.

Upang itakda kung nais mong tumanggap ng mga mensahe ng serbisyo, piliin ang **Mga serbisyong mensahe** > **Bukas** o **Sarado**.

Upang i-set ang telepono upang tumanggap ng mga mensahe ng serbisyo mula lamang sa mga may akda na inaprobahan ng tagapaglaan ng serbisyo, piliin ang **Filter ng mensahe** > **Bukas**. Upang tingnan ang listahan ng mga inaprobahang ng nilalaman ng may akdang, piliin ang **Trusted channel**.

Upang i-set ang telepono upang awtomatikong gawing aktibo ang browser mula sa standby mode kapag ang telepono ay tumanggap ng mensahe ng serbisyo, piliin ang **Awtomatikong kuneksyon** > **Bukas**. Kung pinili mo ang **Sarado**, gagawing aktibo lamang ng telepono ang browser pagkatapos na piliin mo ang **Kunin** kapag ang

telepono ay tumanggap ng isang mensahe ng serbisyo.

■ Ang cache memory

Ang cache ay isang lokasyon sa memory na ginagamit upang pansamantalang magtabi ng data. Kung tinangka mong kumuha o nakakuha ka ng lihim na impormasyon na nangangailangan ng mga password, bakantehin ang cache pagkatapos ng bawat paggamit. Ang impormasyon o mga serbisyong nakuha mo ay pinamamalagi sa cache.

Upang bakantehin ang cache, habang nagbabasa, piliin ang **Opsyon > Ibang mga opsyon > I-clear ang cache**; sa standby mode, piliin ang **Menu > Web > I-clear ang lagayan**.

■ Seguridad ng browser

Ang mga katangian para sa seguridad ay maaaring kinakailangan sa ilang serbisyo, tulad ng online na pagbabangko o pamimili. Para sa mga nasabing koneksyon kailangan mo ng mga sertipiko ng seguridad at maaaring isang security module, na maaaring makuha sa iyong SIM card. Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang iyong tagapaglaan ng serbisyo.

Ang security module

Ang module ng seguridad ay nagpapabuti ng mga serbisyong seguridad para sa mga aplikasyon na nangangailangan ng koneksyon ng browser, at nagpapahintulot sa iyo na gumamit ng lagdang digital. Ang module ng seguridad ay maaaring maglaman ng mga sertipiko gayon din ng mga pribado at pampublikong keys. Ang mga sertipiko ay nai-save sa module ng seguridad ng tagapaglaan ng serbisyo.

Piliin ang **Menu > Web > Mga setting > Mga setting ng seguridad > Mga setting ng module ng seguridad** at mula sa mga sumusunod na opsyon:

Mga detalye ng module ng seg. — upang ipakita ang titulo ng module ng seguridad, estado, tagagawa at serial number.

Hiling ng PIN module — upang i-set ang telepono upang humingi ng module PIN kapag gumagamit ng mga serbisyong ipinagkakaloob ng module ng seguridad. Ipasok ang code, at piliin ang **Bukas**. Upang hindi na kailanganin ang paghiling ng module PIN, piliin ang **Sarado**.

Palitan module PIN — upang baguhin ang module PIN, kung ipinahihintulot ng security

module. Ipasok ang kasalukuyang module PIN code, at saka ipasok ang bagong code nang dalawang beses.

Palitan pangsign na PIN — upang baguhin ang pampirmang PIN code para sa digital na pirma. Piliin ang pampirmang PIN na gusto mong baguhin. Ipasok ang kasalukuyang PIN code, at saka ipasok ang bagong code nang dalawang beses.

Tingnan din ang "[Mga access code](#)" p. 14.

Mga sertipiko



Mahalaga: Tandaan na kahit na ang paggamit ng mga sertipiko ay mas pinaliliit ang mga panganib sa malalayong koneksyon at paglalagay ng software, ang mga ito ay dapat gamitin nang tama upang makinabang sa pinahigpit na seguridad. Ang pagkakaroon ng sertipiko ay hindi nag-aalay ng anumang proteksiyon; ang tagapamahala ng sertipiko ay dapat maglaman ng tama, tunay, o pinagkakatiwalang mga


sertipiko para magkaroon ng mas mahigpit na seguridad. Ang mga sertipiko ay may mga nakatakandang buhay. Kung ang Nagpasong sertipiko o Sertipiko na wala pang bisa ay ipinakita kahit na dapat na may bisa ang sertipiko, tiyaking tama ang kasalukuyang petsa at oras sa iyong telepono.

Bago baguhin ang anumang mga setting ng sertipiko, dapat mong tiyakin na tunay na pinagkakatiwalaan mo ang may-ari ng sertipiko at ang sertipiko ay talagang pagmamay-ari ng nakalistang may-ari.

May tatlong uri ng sertipiko: mga sertipiko ng server, mga sertipiko ng awtoridad, at mga sertipiko ng gumagamit. Maaari mong matanggap ang mga sertipikong ito mula sa iyong tagapaglaan ng serbisyo. Ang mga sertipiko ng awtoridad at mga sertipiko ng gumagamit ay maaari ring i-save ng tagapaglaan ng serbisyo sa module ng seguridad.

Upang makita ang listahan ng mga awtoridad o sertipiko ng gumagamit na na-download sa iyong telepono, piliin ang **Menu > Mga setting > Mga setting ng**

seguridad > Awtoridad ng sertipiko o Sertipiko ng gumagamit.

Ang security indicator na  ay ipinapakita habang nakakonekta, kung ang paghahatid ng data sa pagitan ng telepono at server ng nilalaman ay naka-encrypt.


Ang icon ng seguridad ay hindi nagpapakita na ang paghahatid ng data sa pagitan ng gateway at ng server ng nilalaman (o lugar kung saan itinatabi ang hiniling na resource) ay ligtas. Tinitiyak ng tagapaglaan ng serbisyo na ligtas ang paghahatid ng data sa pagitan ng gateway at ng server ng nilalaman.

Digital na pirma

Maaari kang gumawa ng mga pirmang digital sa pamamagitan ng iyong telepono kung ang iyong SIM card ay may module ng seguridad. Ang paggamit ng pirmang digital ay maaaring katulad ng pagpirma ng iyong pangalan sa isang papel, kontrata, o ibang dokumento.

Upang gumawa ng pirmang digital, piliin ang isang link sa isang pahina, halimbawa, ang titulo ng librong nais mong bilhin at ang presyo nito. Ang teksto na

pipirmahan, na maaaring kabilang ang halaga at petsa, ay ipapakita.

Tiyakin na ang tekstong ng header ay **Basahin** at ang icon ng pirmang digital  ay ipinapakita.

Kung ang icon ng pirmang digital ay hindi lumitaw, may pagkukulang sa seguridad, at hindi ka dapat maglagay ng anumang personal na impormasyon tulad ng iyong pampirmang PIN.

Upang pirmahan ang teksto, basahin muna ang lahat ng teksto, at saka piliin ang **Sign**.

Ang teksto ay maaaring hindi magkasya sa isang screen. Kung gayon, tiyakin na mag-scroll sa at basahin ang lahat ng teksto bago pumirma.

Piliin ang sertipiko ng gumagamit na gusto mong gamitin. Ipasok ang pampirmang PIN (tingnan ang "[Mga access code](#)" p. 14), at piliin ang **OK**. Ang icon ng pirmang digital ay mawawala, at ang serbisyo ay maaaring magpakita ng kumpirmasyon ng iyong pagbili.

16. Mga serbisyo ng SIM



Ang iyong SIM card ay maaaring magbigay ng karagdagang serbisyo na iyong magagamit. Ang menu ay ipinapakita lamang kung sinusupportahan ng inyong SIM card. Ang pangalan at ang nilalaman ng menu ay depende sa SIM card.



Para sa pagkakaroon at impormasyon sa paggamit ng mga serbisyo sa SIM, kontakin ang nagbenta sa iyong SIM card. Ito ay maaaring ang tagapaglaan ng serbisyo, network operator, o ibang nagbebenta.

Upang itakda ipakita ng telepono sa iyo ang mga mensahe ng kumpirmasyon na ipinadala sa iyong telepono at ng network kapag ginagamit mo ang mga serbisyo ng SIM, piliin ang **Menu > Mga setting > Telepono > Pagkumpirma ng SIM service > Oo.**

Ang paggamit ng mga serbisyong ito ay maaaring mangailangan ng pagpapadala ng mga mensahe o pagtawag sa telepono na maaaring singilin ka.

17. Kakayahang ikonekta ang PC

■ Ang PC Suite

Maaari kang magpadala at tumanggap ng mga email at gumamit ng Internet kapag ang iyong telepono ay nakakonekta sa isang katugmang PC sa pamamagitan ng Bluetooth wireless connection. Maaari mong gamitin ang telepono sa iba't-ibang pagkonekta sa PC at mga aplikasyon sa data na komunikasyon.

Sa pamamagitan ng PC Suite puwede mong pagparehuhin ang mga kontak, kalendaryo, notes, notes ng dapat gawin sa pagitan ng iyong telepono at katugmang PC, o malayong Internet server (network service).

Maaari kang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa PC Suite sa CD na nakasama sa iyong telepono, at, halimbawa, mga file na magagawang i-download sa lugar ng suporta sa Web site ng Nokia, www.nokia-asia.com/support.

■ Ang packet data, HSCSD, at CSD

Sa pamamagitan ng iyong telepono magagamit mo ang

packet data, HSCSD (high-speed circuit switched data), at CSD (circuit switched data, **GSM data**) na mga serbisyo. Para sa pagkakaroon at subskripsiyon sa data services, kontakin ang iyong network operator o tagapaglaan ng serbisyo.

Ang paggamit ng mga serbisyo ng HSCSD ay kumukunsumo ng baterya ng telepono nang mas mabilis sa mga pangkaraniwang tawag na boses o data. Maaaring kailanganin mong ikonekta ang telepono sa isang charger habang ginagawa ang paglipat ng data. Tingnan ang "[Ang packet data](#)" p. 71.

■ Mga aplikasyon ng komunikasyon ng data

Para sa impormasyon tungkol sa paggamit ng aplikasyon ng paghahatid ng data, tingnan ang dokumentasyong ibinibigay na kasama nito.

Ang pagtawag o pagsagot ng mga tawag habang nakakonekta sa isang computer ay hindi inirerekomenda, dahil ito ay

maaaring makagambala sa operasyon.

Para sa mas mahusay na pagganap habang nasa mga tawag na data, ipatong na nakataob ang telepono sa hindi gumagalaw na patungan. Huwag ililipat ang telepono sa pamamagitan ng paghawak dito habang nasa tawag na data.

18. Impormasyon tungkol sa baterya

■ Pagkarga at pagdiskarga

Ang iyong aparato ay pinatatakbo ng isang bateryang muling nakakargahan. Tandaan na ang lubos na pagganap ng isang bagong baterya ay nakakamit lamang pagkaraan ng dalawa o tatlong kumpletong beses ng pagkarga at pagdiskarga. Ang baterya ay maaaring kargahan at diskargahan nang daan-daang ulit, ngunit mawawalan din ito ng lakas. Kapag ang mga oras ng pakikipag-usap at standby ay kapansin-pansing mas maikli sa karaniwan, palitan ang baterya. Gumamit lang ng mga baterya na inaprubahan ng Nokia, at muling kargahan ang iyong baterya sa mga charger na inaprubahan ng Nokia at itinalaga para sa aparatong ito.

Kung ang kapalit na baterya ang ginagamit sa unang pagkakataon o kung matagal na di nagamit ang baterya, maaaring kailanganing ikunekta ang charger at idiskunekta at muling ikonekta ito para simulan ang pagkarga.

Hugutin ang charger mula sa saksakan ng kuryente at mula sa

aparato kapag hindi ginagamit. Huwag iiwan ang lubos na nakargahang baterya na nakakabit sa isang charger, dahil ang sobrang pagkarga ay maaaring magpaikli ng buhay nito. Kung iiwang hindi ginagamit, ang bateryang lubos na kinargahan ay manghihina rin sa tagal ng panahon.

Kung ang baterya ay lubos na diskarga, maaaring tumagal ng ilang minuto bago lumitaw ang indicator ng pagkarga sa display o bago makatawag.

Gamitin lamang ang baterya para sa sinasadyang layunin. Huwag gagamit ng anumang charger o baterya na may pinsala.

Huwag i-short circuit ang baterya. Ang aksidenteng short circuit ay maaaring mangyari kapag ang metalikong bagay tulad ng barya, clip, o pen ay naging sanhi ng direktang kuneksyon ng positibo (+) at negatibong (-) mga terminal ng baterya. (Ang mga ito ay anyong mga piraso ng metal sa baterya.) Ito ay maaaring mangyari, halimbawa, kapag nagdadala ka ng ekstrang baterya sa iyong bulsa o pitaka. Ang pag-

short circuit ng mga terminal ay maaaring makapinsala sa baterya o sa bagay na ikinukunekta.

Ang pag-iwan sa baterya sa maaiinit o malalamig na lugar, tulad ng isang nakasarang kotse kapag tag-init o taglamig, ay magbabawas ng kapasidad at buhay ng baterya. Laging sikapin na panatilihin ang baterya sa pagitan ng 15°C at 25°C (59°F at 77°F). Ang aparato na may mainit o malamig na baterya ay maaaring pansamantalang hindi umandar, kahit ang baterya ay lubos na nakargahan. Ang paggana ng baterya ay partikular na limitado sa mga temperatura na lubhang maginaw.

Huwag itapon ang mga baterya sa apoy dahil maaaring sumabog ito. Ang mga baterya ay maaari ring sumabog kung nasira. Itapon ang mga baterya alinsunod sa mga lokal na regulasyon. Mangyaring iresaykel kung maaari. Huwag itatapon bilang basura sa bahay.

■ Mga patnubay sa pagpapatunay ng baterya ng Nokia

Laging gamitin ang orihinal na mga bateryang Nokia para sa iyong kaligtasan. Upang tiyakin na orihinal na bateryang Nokia ang

makukuha mo, bilhin ito mula sa isang awtorisadong dealer ng Nokia, hanapin ang logo ng Nokia Original Enhancements sa pakete, at siyasatin ang tatak na hologram gamit ang mga sumusunod na hakbang:

Ang matagumpay na pagkumpleto ng lahat ng hakbang ay hindi isang garantiya ng pagiging tunay ng baterya. Kung may dahilan para maniwala ka na ang iyong baterya ay hindi isang tunay na orihinal na baterya ng Nokia, huwag mo itong gagamitin kaagad at dalhin ito sa pinakamalapit na awtorisadong sentro ng serbisyo o dealer ng Nokia para sa tulong. Ang iyong awtorisadong Nokia service point o dealer ay magsisiyasat ng baterya para matiyak kung tunay. Kung hindi matiyak kung tunay ang baterya, ibalik ang baterya sa binilhan.


Patunayan ang hologram

1. Kapag tumitingin sa hologram sa label, dapat makita ang simbolo ng Nokia connecting hands mula sa isang anggulo at ang logo ng Nokia Original Enhancements kapag

tumitingin mula sa ibang anggulo.



hanay sa itaas na sinusundan ng hanay sa ilalim.



2. Kapag inanggulo mo ang hologram sa kaliwa, kanan, ibaba at itaas na mga bahagi ng logo, dapat mong makita ang 1, 2, 3, at 4 na tuldok sa bawat panig ayon sa pagkakasunod-sunod.



4. Kumpirmahin na ang 20-digit code ay tama kasunod ng mga tagubilin sa www.nokiaoriginals.com/check.



3. Kaskasin ang tabi ng label upang ihanatad ang 20-digit code, halimbawa ay 12345678919876543210. Baligtarin ang baterya para ang mga numero ay humarap sa itaas. Ang 20-digit code ay nagsisimula sa numero sa

Upang lumikha ng tekstong mensahe ipasok ang 20-digit code, halimbawa ay 12345678919876543210, at ipadala sa +44 7786 200276.

Upang lumikha ng tekstong mensahe:

- Para sa mga bansa sa Asia Pacific hindi kasama ang India: Ipasok ang 20-digit code, halimbawa ay 12345678919876543210, at ipadala ito sa +61 427151515.

- Para sa India lamang: Ipasok ang 'Battery' na susundan ng 20-digit battery code, halimbawa ay Battery 12345678919876543210, at ipadala ito sa 5555.

May pambansa at pandaigdig na singil ng operator.

Dapat kang makatanggap ng mensahe na nagpapabatid kung ang code ay magagawang patunayan.

Kung kailangan mo ng tulong sa pagkumpirma ng battery code, kontakin ang iyong lokal na Nokia Care Centres na nakalista sa www.nokia-asia.com/carecentrelocator.

Paano kung ang iyong baterya ay hindi isang tunay na baterya?

Kung hindi mo makumpirma na ang iyong bateryang Nokia na may hologram sa label ay tunay na bateryang Nokia, mangyaring huwag gamitin ang baterya. Dalhin ito sa pinakamalapit na awtorisadong tagaserbisyo ng Nokia o dealer para sa tulong. Ang paggamit ng baterya na hindi inaprobahan ng taga-gawa ay maaaring mapanganib at maaaring magresulta sa mahinang pagganap at pinsala sa iyong kagamitan at sa mga pagpapahusay. Mapapawalang-

saysay din ito sa anumang pag-approba o warranty ng kagamitan.

Upang kumuha ng iba pang kaalaman tungkol sa mga orihinal na bateryang Nokia, bisitahin ang www.nokiaoriginals.com/battery.

19. Mga Tunay na Pagpapahusay

Maraming bagong pagpapahusay na

makukuha

para sa iyong telepono. Piliin ang mga pagpapahusay na tumutugon sa iyong mga partikular na pangangailangang pangkomunikasyon.

Ang ilan sa mga pagpapahusay ay detalyadong inilarawan sa ibaba.

Para malaman ang pagkakaroon ng mga pagpapahusay, mangyaring magtanong sa iyong lokal na tagapagbenta. Ilang praktikal na tuntunin para sa paggamit ng mga pagpapahusay:

- Itago ang mga pagpapahusay sa lugar na hindi maaabot ng mga bata.
- Kapag dinidiskunekta mo ang kurdon ng power ng anumang pagpapahusay, mahigpit na hawakan at hilahin ang plug, hindi ang kurdon.
- Regular na tingnan na ang lahat ng kagamitan ng mobile phone sa isang sasakyan ay nakakabit at maayos sa gumagana.



Gamitin lamang ang mga baterya, charger at pagpapahusay na inaprobahan ng tagapamanupaktura ng telepono. Ang paggamit ng ibang mga klase ay maaaring magpawalang-bisa sa anumang pag-aproba o garantiya sa iyong telepono, at maaaring maging mapanganib.

■ Power

Uri	Tech	Panahon ng pakikipag-usap*	Standby*
BP-6X	Li-ion	Hanggang 165 minuto	Hanggang 10 araw

* Ang pagkakaiba-iba sa mga oras ng pagpapatakbo ay maaaring mangyari depende sa SIM kard, network at mga setting ng paggamit, istilo ng paggamit at mga kapaligiran. Ang paggamit ng FM radio at integrated hands-free ay makakaapekto sa panahon ng pakikipag-usap at standby.

■ Audio

Ang Nokia Wireless Stereo Headset HS-12W

Ang Nokia Wireless Stereo Headset ay nagtataglay ng mataas na kalidad ng stereo audio dahil sa Bluetooth™ technology - at madaling magamit sa iyong mga tawag sa telepono at musika sa mga katugmang aparato. Ang kanyang napakahusay na teknolohiya ay nasa isang eleganteng stainless steel na takip sa harap.

sa ganitong katangian, na pinapabuti pa ang handsfree na operasyon sa isang sasakyan.

Ang Nokia Headrest Handsfree BHF-3 (CR-39)

Ang Nokia Headrest Handsfree BHF-3 ay nagtataglay ng de kalidad na audio na may gamit na malaya ang iyong kamay na kumilos. Dinisenyo upang maging komportable at maginhawang gamitin sa isipan, madaling maikabit ng direkta sa isang headrest ng isang sasakyan.

Ang Nokia Headrest Handsfree BHF-3 ay nagtataglay ng isang madaling tanggaling handsfree na yunit at isang mahusay na cable management na solusyon. Ang pagdayal na Voice ay magagawa dahil sa teleponong sumusuporta

Pag-aalaga at pagpapanatili

Ang iyong aparato ay isang produktong may superyor na disenyo at pagkakayari at dapat pangalagaan. Ang mga mungkahi sa ibaba ay makakatulong upang mapangalagaan ang iyong warranty coverage.

- Panatilihing tuyo ang aparato. Ang biglang pagbaba ng temperatura, humidity at lahat ng uri ng likido o halumigmig ay maaaring maglaman ng mga mineral na aagnas sa mga electric circuit. Kung mabasa ang iyong aparato, tanggalin ang baterya at hayaang matuyo ang kagamitan nang lubos bago ibalik ito.
- Huwag gagamitin o itatabi ang aparato sa maalikabok, maruruming lugar. Maaaring masira ang mga gumagalaw at elektronikong bahagi nito.
- Huwag ilalagay ang aparato sa maiinit na lugar. Ang matataas na temperatura ay makakapagpaikli ng buhay ng mga elektronikong aparato, nakakasira ng mga baterya, at nakakapilipit o nakakalusaw ng mga plastik.
- Huwag itatabi ang aparato sa malalamig na lugar. Kapag ang aparato ay bumalik sa normal na temperatura nito, maaaring mabuo ang halumigmig sa loob ng aparato at masira ang mga elektronikong circuit board.
- Huwag tatangkaing buksan ang aparato liban sa itinagubilin sa patnubay na ito.
- Huwag ibabagsak, pupukpukin o kakalugin ang aparato. Ang di-maingat na paghawak ay makakasira ng panloob na circuit boards at pinong mekanismo.
- Huwag gagamit ng matatampang na kemikal, panlinis na solvent, o matatampang na panlinis upang linisin ang aparato.
- Huwag pipintahan ang aparato. Ang pintura ay makakabara sa mga bahaging gumagalaw at makakapigil sa wastong paggamit.
- Huwag galawin ang pinakapangunahing display ng matitigas matutulis na materyales. Ang mga bagay tulad ng mga hikaw at mga alahas ay maaaring gagasgas ng display.
- Gumamit ng malambot, malinis na tulong tela upang linisin ang anumang mga lente (tulad ng mga lente ng kamera, proximity sensor, at light sensor).
- Gamitin lamang ang ipinagkaloob o inaprobahang pamalit na antenna. Ang mga di-awtorisadong antenna, modipikasyon o mga ikinakabit ay makakasira sa aparato at maaaring lumabag sa mga regulasyong ukol sa aparatong radyo.

- Gamitin ang mga charger sa loob ng bahay.
- Laging gumawa ng backup ng data na nais mong panatilihin (tulad ng mga kontak at notes ng kalendaryo) bago dalhin ang iyong kagamitan sa isang pasilidad ng serbisyo.

Ang lahat ng mga iminungkahi sa itaas ay para sa iyong aparato, baterya, charger o anumang pagpapahusay. Kung may aparatong hindi gumagana ng tama, dalhin ito sa pinakamalapit na awtorisadong pasilidad ng serbisyo para maayos.

Karagdagang impormasyong pangkaligtasan

Ang iyong aparato at ang mga pagpapahusay nito ay maaaring may maliliit na bahagi. Ilayo ang ito sa abot ng maliliit na bata.

■ Kapaligiran ng operasyon

Tandaang sumunod sa anumang mga natatanging regulasyon sa anumang lugar, at laging isara ang iyong aparato tuwing ito ay ipinagbabawal gamitin, o kapag ito ay maaaring maging sanhi ng pagsagabal o panganib. Gamitin lamang ang aparato sa normal na posisyon ng paggamit nito. Ang kagamitang ito ay nakakatugon sa mga patnubay sa pagkahantad sa RF kapag ginagamit sa normal na posisyon na nakasandig sa tainga o kapag nakaposisyon nang hindi kukulangin sa 1.5 sentimetro (5/8 pulgada) ang layo mula sa katawan. Kapag ang isang carry case, belt clip o holder ay ginagamit para sa paggamit na suot sa katawan, hindi ito dapat magtaglay ng metal at dapat iposisyon ang produkto nang hindi kukulangin sa binanggit sa itaas na layo mula sa iyong katawan. Upang magpadala ng mga data file o mga mensahe, ang aparatong ito ay nangangailangan ng mahusay na kuneksyon sa network. Sa ilang kaso, ang pagpadala ng mga file na data o mga mensahe ay maaaring maantala hanggang ang gayong koneksyon ay maging handa. Siguraduhin na ang

mga tagubilin sa itaas tungkol sa layo ay sinusunod hanggang makumpleto ang pagpapadala.

Mga bahagi ng aparatong magnetiko. Ang mga metal na materyal ay maaaring dumikit sa aparato. Huwag ilalagay ang credit card o ibang magnetikong storage media sa malapit sa telepono, dahil ang impormasyong iniimbak doon ay maaaring mabura.

■ Mga aparatong medikal

Ang pagpapaandar ng anumang kagamitan na nagpapadala ng radyo, kabilang ang mga wireless na telepono, ay maaaring makagambala sa pag-andar ng mga medikal na aparato na di sapat ang proteksyon. Kumonsulta sa isang manggagamot o tagagawa ng medikal na aparato upang malaman kung ang mga ito ay may sapat na pansanggalang sa panlabas na RF energy o kung mayroon kang mga katanungan. Isara ang iyong aparato sa mga pasilidad sa pangangalaga ng kalusugan kapag may mga regulasyong nakapaskil sa mga lugar na ito na nag-uutos sa iyo na gawin ito. Ang mga ospital o pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan ay maaaring gumagamit ng kagamitan na maaaring sensitibo sa panlabas na RF energy.

Mga Pacemaker

Ang mga tagagawa ng pacemaker ay nagrekomenda na panatilihin ang pinakamababang layo na (6 na pulgada) 15.3 sentimetro sa pagitan ng wireless phone at isang pacemaker upang maiwasan ang pagsagabal sa pacemaker. Ang mga rekomensiyong ito ay kaayon ng independeng pananaliksik ng Wireless Technology Research. Dapat gawin ng mga taong may pacemaker ang mga sumusunod:

- Laging panatilihin 15.3 sentimetro (6 na pulgada) ang layo ng aparato mula sa pacemaker
- Huwag ilalagay ang aparato sa bulsa ng dibdib
- Hawakan ang aparato sa tainga na hindi katapat ng pacemaker upang mapaliit ang posibilidad ng pagkasagabal.

Kung naghihinalang ay may interference, isara ang iyong aparato, at ilayo ito.

Mga Hearing aid

May digital wireless devices na maaaring makagambala sa ilang mga hearing aid. Kung magkaroon ng interference, sumangguni sa iyong tagapaglaan ng serbisyo.

■ Mga sasakyan

Ang RF signals ay maaaring makaapekto sa mga hindi wasto ang pagkakainstala o hindi sapat ang pananggalang na mga sistemang elektroniko sa mga sasakyang demotor tulad ng electronic fuel

injection systems, electronic antiskid (antilock) braking systems, electronic speed control systems, at sistema ng air bag system. Para sa karagdagang impormasyon, itanong sa tagapamanupaktura o kinatawan ng iyong sasakyan o anumang kagamitan na idinagdag.

Ang mga kuwalipikadong tauhan lamang ang dapat magserbisyo sa aparato, o mag-install ng aparato sa isang sasakyan. Ang maling instalasyon o serbisyo ay maaaring mapanganib at maaaring magpawalang-bisa sa anumang warranty na nauukol sa aparato. Regular na tiyakin na ang lahat ng wireless device equipment sa iyong sasakyan ay maayos na nakakabit at umaandar. Huwag mag-iimbak o magdadala ng mga likidong maaaring magsiklab, mga gas o materyal na sumasabog sa kinalalagyan ng aparato, ang mga bahagi nito, o mga pagpapahusay. Para sa mga sasakyang may air bag, tandaan na ang mga air bag ay pumipintog nang may malakas na puwersa. Huwag maglalagay ng mga bagay, kabilang ang ikinabit o nabubuhay na wireless na kagamitan sa lugar na nasa itaas ng air bag o sa air bag deployment area. Kung ang kagamitang wireless sa loob ng sasakyan ay hindi tamang ikinabit at pumintog ang air bag, maaaring magresulta sa malubhang pinsala. Ang paggamit sa iyong aparato habang nagpapalipad ng aircraft ay ipinagbabawal. Patayin ang iyong aparato bago sumakay sa aircraft. Ang

paggamit ng wireless teledevices sa isang aircraft ay maaaring mapanganib sa operasyon ng aircraft, makagagambala ng wireless telephone network at maaaring labag sa batas.

■ Mga kapaligirang maaaring sumabog

Patayin ang iyong telepono kapag nasa isang lugar na may atmospera na maaaring sumabog at sundin ang lahat ng tanda at tagubilin. Ang mga lugar na pangkaraniwang papayuhan ka na patayin ang makina ng iyong sasakyan ay kasama sa mga kapaligirang maaaring sumabog. Ang mga siklab sa mga nasabing lugar ay maaaring maging sanhi ng pagsabog o sunog na nagreresulta sa pinsala sa katawan o maging ng kamatayan. Isara ang aparato sa mga lugar na lagayan ng langis tulad ng malapit na mga istasyon ng gasolina at serbisyo.

Sundin ang mga itinakda sa paggamit ng kagamitang radyo sa mga himpilan, imbakan, at lugar ng pamamahagi ng langis; mga planta ng kemikal; o kung saan may ginagawang pagpapasabog. Ang mga lugar na may atmosperang maaaring sumabog ay madalas na hindi laging may malinaw na marka. Kabilang sa mga ito ang ilalim ng kubyerta sa mga bangka, mga pasilidad ng paglipat o pag-iimbak ng kemikal, mga sasakyang gumagamit ng liquefied petroleum gas (tulad ng propane o butane), at mga lugar kung saan ang hangin ay naglalaman ng mga kemikal o partikulo na tulad ng butil, alikabok, o pulbos na metal.

■ Mga tawag na emergency



Mahalaga: Ang wireless phones, kabilang ang aparatong ito, ay tumatakbo na gumagamit ng radio signals, wireless network, landline networks, at mga function na ang nagprograma ay ang gumagamit. Dahil dito, ang pagkonekta sa lahat ng kondisyon ay hindi magagarantiyahan. Hindi ka dapat umasa lang sa anumang wireless na aparato para sa mahahalagang komunikasyon tulad ng mga medikal na emergency.

Upang gumawa ng tawag na emergency:

1. Kung ang aparato ay sarado, buksan ito. Alamin kung may sapat na lakas ng signal.
Maaaring hingin ng ilang network na isang balidong SIM kard ang naipasok ng wasto sa aparato.
2. Pindutin ang end key kung ilang beses kailangan upang alisan ng laman ang display at ihanda ang aparato para sa mga tawag.
3. Ipasok ang opisyal na numero sa emergency para sa iyong kasalukuyang lokasyon. Ang mga numero sa emergency ay nag-iiba depende sa lokasyon.
4. Pindutin ang call key .

Kung may mga partikular na katangian na ginagamit, maaaring kailanganin mo munang isara ang mga katangiang

ito bago ka gumawa ng emergency call. Kung ang kagamitan ay nasa offline o flight mode dapat mong baguhin ang profile upang gawing aktibo ang function ng telepono bago ka tumawag ng isang tawag na emergency. Sumangguni sa patnubay na ito o sa iyong tagapaglaan ng serbisyo para sa karagdagang impormasyon.

Kapag gumagawa ng emergency call, tandaang ibigay lahat ng kailangang impormasyon na tumpak hangga't maaari. Ang iyong wireless na aparato ay maaaring tanging paraan ng komunikasyon sa pinangyarihan ng aksidente. Huwag tatapusin ang tawag hanggang payagan ka na gawin ito.

■ Impormasyon tungkol sa Sertipikasyon (SAR)

ANG KAGAMITANG ITO AY NAKAKATUGON SA MGA PANDAIGDIGANG PATNUBAY PARA SA PAGKAHANTAD SA RADIO WAVES

Ang iyong mobile device ay isa ring tagahatid at tagatanggap ng radyo. Ito ay idinisenyo at ginawa upang hindi lumampas sa mga limitasyon ng pagkahantad sa radio frequency (RF) na inirerekomenda ng mga pandaigdigang patnubay (ICNIRP). Ang mga limitasyong ito ay bahagi ng masaklaw na mga patnubay at nagtatatag ng ipinahihintulot na mga antas ng RF energy para sa pangkalahatang populasyon. Ang mga patnubay ay binuo ng mga independiyenteng organisasyong siyentipiko sa pamamagitan ng panapanahon at masusing pagsusuri ng mga siyentipikong pag-aaral. Kabilang sa mga patnubay ang malaking pagitang pangkaligtasan na idinisenyo upang tiyakin ang kaligtasan ng lahat ng tao, anuman ang edad at kalusugan. Ang pamantayan ng pagkahantad para sa mga kagamitang mobile ay gumagamit ng isang yunit ng pagsukat na tinatawag na Specific Absorption Rate, o SAR. Ang limitasyon ng SAR na nakasaad sa mga pandaigdig na patnubay ay 2.0 watts/kilogram (W/kg)*. Ang mga pagsubok para sa SAR ay isinasagawa na gamit ang ayon sa pamantayan na posisyon sa paggamit na ang kagamitan ay naghahatid sa pinakamataas na sertipikadong antas

ng power sa lahat ng sinubok na frequency bands. Bagaman ang SAR ay ipinapasya sa pinakamataas na sertipikadong antas ng power, ang aktuwal na SAR ng kagamitan habang ginagamit ay maaaring mas mababa nang malaki sa pinakamataas na value. Ito ay dahil ang kagamitan ay idinisenyo para gamitin sa maraming antas ng power para gumamit ng power lamang na kinakailangan para maabot ang network. Sa pangkalahatan, kung mas malapit ka sa isang base station, mas mababa ang ginagamit na power ng kagamitan.

Ang pinakamataas na SAR value para sa kagamitang ito nang sinubok para gamitin sa tainga ay 0.36 W/kg.

Ang SAR values ay maaaring mag-iba depende sa pambansang iniaatas tungkol sa pag-uulat at sa network band. Ang paggamit ng mga accessory at pagpapahusay ng kagamitan ay maaaring magresulta sa ibang SAR values. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa SAR ay maaaring ipagkaloob sa ilalim ng impormasyon tungkol sa produkto sa www.nokia-asia.com.

* Ang SAR limit para sa mga kagamitang mobile na ginagamit ng publiko ay 2.0 watts/kilogram (W/kg) ina-average sa sampung gramo ng tisyu ng katawan. Ang mga patnubay ay may kasamang malaking agwat na pangkaligtasan upang magbigay ng karagdagang proteksiyon sa publiko at para sa anumang pagkakaiba sa mga pagsukat. Ang SAR values ay maaaring

mag-iba depende sa pambansang
iniyaatas tungkol sa pag-uulat at sa
network band. Para sa impormasyon
tungkol sa SAR sa ibang mga rehiyon
mangyaring tingnan ang impormasyon
tungkol sa produkto sa
www.nokia.com.

Index

A

- ang aking mga numero 61
- Ang aking mga shortcut 67
- ang cache memory 103
- ang calculator 92
- ang configuration 76
- ang cookies 101
- ang countdown timer 92
- Ang Desk stand DT-16 20
- Ang diretsong pagtawag 100
- ang equalizer 88
- ang gallery 81
- ang instant messaging 47
- Ang isang alarma sa note 90
- ang kalendaryo 90
- ang kamera 82
- Ang kanang selection key 68
- Ang koneksiyon ng Bluetooth wireless 70
- Ang laki ng font 67
- ang lebel ng pagkarga 25
- ang media player 83
- Ang menu ng operator 80
- Ang mga setting ng tagapagpatugtog ng musika 85
- ang navigation key
 - ang scroll key 68
- ang orasang may alarma 89
- ang organizer 89
- ang packet data 71, 107
- Ang pagkokonekta 69
- Ang paglunsad ang isang laro 94
- ang pagpapahusay 76
- Ang pagpapare-pareho ng lahat 60
- Ang Pagpapatugtog ng mga music tracks 84
- Ang Pagtawag 74
- Ang pakikinig sa radyo 86
- Ang PC Suite 107
- Ang punong memory 42
- ang radyo 86
- ang screen saver 66
- ang service inbox 102
- Ang Setting
 - Wizard 44

- Ang settings ng anyo 100
- ang sleep mode 67
- Ang Spam Filter 46
- ang stopwatch 93
- ang tagapagpatugtog ng musika 84
- ang taga-rekord 87
- Ang Web 97
- antenna 22

B

- Baterya 113
- baterya 19, 109
- Bluetooth 69
- Boom Headset (HDB-4) 114
- bores
 - pagdiyul 29
- browse
 - seguridad 101
- browser 97
 - pag-set up 97
- buksan ang keypad 27
- buod ng paglalarawan
 - mga function 14
- business card 60

C

- code
 - palitan 78
 - PIN 14
 - PUK 15
 - seguridad 14
- Configuration settings service 15

D

- data
 - komunikasyon 107
 - paglipat, pagpareho 72
- digital na pirma 105
- Display 66
- download
 - aplikasyon 16
 - email 45
 - isang aplikasyon 95

E

email aplikasyon 43

F

flight

pagtanong 76

flight mode 26

FM na radyo 86

H

Hinulaan text input 32

hinulaang teksto (predictive text) 32

I

iangkop 65

Ibang mga opsyon sa aplikasyon 94

ilock ang keypad 27

Impormasyon sa baterya

uri 113

impormasyon sa pagpoposisyon 63

info mga mensahe 53

Itakda ang oras, zone, at petsa 22

K

kaligtasan 10

kamera

filter 83

mga settings 83

Karagdagang 117

Kargahan ang baterya 20

keypad pag-lock (keyguard) 27

konektor ng charger 24

L

lakas ng signal 25

laki ng imahe 55

listahan ng mga agagawin 91

Listahan ng mga inirekord 88

listahan ng tawag 63

logo ng operator 25

M

mabilisan pagdayal 61

mabilisan pagdiyala 28

Magbasa gamit ang mga key ng

telepono 99

Magbasa ng mga pahina 98

Mensahe

mga setting

Mensaheng multimedia 55

mensahe

mga template 43

tagabilang 63

mga access code 14

mga aplikasyon 94

Mga bookmark 100

mga di nasagot ng tawag 63

Mga email folder 46

mga folder 43

mga grupo 52, 61

mga indicator 26

Mga Instant message

Mga Session 49

Pag-access 48

Mga instant messages

Pagkonekta 49

Mga kaliwang selection key 68

mga katangian ng kamera 83

mga kontak 58

pagkopya 59

mga laro 94

mga mensahe

palatandaan ng haba 36

mga mensaheng audio 41

mga mensaheng multimedia 38

mga natanggap na tawag 63

mga numerong nai-dayal 63

Mga opsyon habang nagbabasa 99

Mga opsyon habang nasa isang

tawag 30

mga profile 65

mga ringing tones 65

Mga script sa ligtas na koneksyon 101

mga serbisyong WAP

Ang security module sa SIM 103

mga sertipiko 104

mga service command 53

Mga setting

Tekstong mensahe at SMS na

email 54

mga setting

Bluetooth 71

oras 67

petsa 67

Mga setting ng laro 94
Mga setting ng mensahe 54
 Email 56
 Pangkalahatan 54
mga setting ng oras 67
mga setting ng orasan 67
mga setting ng petsa 67
Mga setting ng serbisyon inbox 102
Mga Setting ng Standby Mode 66
mga setting ng telepono 75
mga setting orasan 67
Mga Settings
 Mga kontak 60
mga settings kamera 33
mga shortcut 25
mga tala 91
Mga tawag na emergency 119
Mga tekstong mensahe (SMS) 35
mga tema 65
mga template 37
Mga Tono 65
Mga Tunay na Pagpapahusay 113
module na seguridad ng browser 103

N

network
 mga serbisyo 12
Nokia Care Premium Service 17
Nokia Compact Charger (AC-3) 114
Nokia Support at impormasyon ng pagkontak 17

O

operator logo 66

P

Pag-alis ng mga mensahe 53
pagbalik ng mga setting ng paktorya 79
Pagbasa at pagsagot ng isang mensahe 37
Pagbasa at pagsagot sa email 46
Pagbasa ng isang instant message 50
Pagdagdag ng mga kontak sa IM 51
pagdownload
 mga laro 94
Paggamit ng isang menu function 34
Paghanap ng isang kontak 58

Pagharang o pag-alis ng harang sa mga mensahe 51
Pagkabit ng isang Bluetooth 70
Pagkansela ng pagpapadala ng mensahe 40
Pagkarga at pagdiskarga 109
Pagkonekta sa isang serbisyo 98
Pagkuha at paggamit ng mga serbisyo 97
Pagkuha ng imahe 82
Paglipat ng mga data sa pamamagitan ng isang gamit 73
Paglunsad ng isang aplikasyon 94
Pagpapadala ng isang mensahe 39
pagpapanatili 115
pagpareho 73
Pagpatay ng alarma 89
Pag-play at pagsagot ng isang mensahe 41
Pag-record ng tunog 87
Pagrehistro sa isang IM service 48
Pagrekord ng isang video clip 83
Pagsagot o di pagsagot 29
Pagsali sa isang usapan 51
Pagsave ng mga estasyon ng radyo 86
Pag-save ng mga numero, aytem, o isang imahe 58
Pag-save ng mga pangalan at numero ng telepono 58
Pagsulat at pagpapadala ng isang email 44
Pagsulat at pagpapadala ng isang mensahe 36, 42
Pagsulat ng mga tambalang salita 33
Pagtanggap ng tanda 100
Pagtanggap o di pagtanggap sa isang imbitasyon 50
pagtatapos
 key 24
Pagtawag 28
pagtawag
 key 24
Pakikinig at pagsagot sa isang mensahe 42
pamimilian ng key 24
password ng paghadlang 15
power
 key 22, 24
 pagtipid 67
 pagtitipid 66

S

- seguridad
 - code 14
 - digital na pirma 105
 - mga setting 78, 105
- seguridad ng browser 103
- Shared memory 13
- SIM
 - mga mensahe 37
- SMS email 35, 36, 39, 42
- standby mode 25
- streaming service 83
- switch on and off 21

T

- Tanggalin ang mga kontak o mga detalye 60
- tawag
 - listahan 63
 - paghihintay 30
- tradisyonal na input na teksto 33

V

- voice
 - mga command 68
 - mga mensahe 52

W

- wallpaper 65, 66
- wikang panulat 32